# SOSYALISMO
# UTOPYAN AT SYENTIPIKO

**Ni Frederick Engels**

Kasama ang Sanaysay Hinggil sa "Ang *Mark*"

Salin sa Pilipino
Mula sa Salin ni Edward Aveling

INTERNATIONAL PUBLISHERS
New York
ISBN 0-7178-0191-8
INTERNATIONAL PUBLISHERS CO., INC.

## NILALAMAN

Introduksyon ni Engels sa Salin sa Ingels

Sosyalismo: Utopyan at Syentipiko

Apendiks: Ang *Mark*

Nota: Ito ang pag-edit ko sa salin ni Deo sa artikulong ito; akin ang salin sa Introduksyon at sa Apendiks.

—Mark

## INTRODUKSYON

Noong una, ang kasalukuyang maiksing aklat ay bahagi ng isang mas malaking kabuuan. Noong bandang 1875, bigla na lamang at maingay na ipinahayag ni Dr. E. Dühring, dekano (*privadocent*) sa Berlin University na isa na siyang sosyalista, at ihinarap sa

mamamayang German hindi lamang ang isang malawig na sosyalistang teorya, kundi pati isang kumpletong praktikal na plano para sa reorganisasyon ng lipunan. Mangyari pa, kinalaban niya ang mga nauna sa kanya; higit sa lahat, pinapurihan niya si Marx sa pamamagitan ng pagbubuhos sa kanya ng lahat ng kanyang galit.

Naganap ito sa panahong ang dalawang seksyon ng Partido Sosyalista sa Germany—ang mga Eisenacher at Lassallean—ay kasasanib pa lamang, at sa gayo'y natamo hindi lamang ang labis na paglaki sa lakas, kundi, bukod pa rito, ang kakayahang gamitin ang buong lakas na ito laban sa kanilang kaaway na komun. Mabilis na nagiging makapangyarihan ang Partido Sosyalista sa Germany. Pero para maging makapangyarihan ito, ang unang kondisyon ay hindi dapat malagay sa panganib ang bagong kamit na pagkakaisa. At hayagang nagbuo si Dr. Dühring ng isang sekta, ang nukleyo ng isang hiwalay na partido sa hinaharap. Kinailangan kung gayon na harapin ang hamon na ipinukol sa atin, at makibaka hanggang sa katapusan, gustuhin man natin o hindi.

Gayunman, kahit hindi napakahirap ng bagay na ito, ay malinaw naman na magiging matagalan. Gaya ng alam ng lahat, tayong mga German ay may katangiang napakabusisi sa teorya (*Grundlichkeit*), radikal na pagkamalalim, o malalim na radikalidad, alinman ang nais mong itaguri sa gayon. Tuwing mayroon man sa atin na nagpapaliwanag ng itinuturing niyang isang bagong doktrina, kailangan muna niyang palawigin ito bilang isang sistemang sumasaklaw sa lahat. Kailangang patunayan niyang umiral mula't sapul para sa habampanahon kapwa ang unang mga prinsipyo ng lohika at ang pundamental na mga batas ng kalawakan para lamang sa wakas ay tumungo sa bagong tuklas na teoryang ito. Sa bagay na nito, taglay ni Dr. Dühring ang pambansang katangiang ito. Hindi kukulangin sa isang kumpletong *Sistema ng Pilosopiya*, mental, moral, natural at istoriko; isang kumpletong *Sistema ng Ekonomyang Pampulitika*; at panghuli, isang *Mapanuring Kasaysayan ng Ekonomyang Pampulitika*—tatlong malalaking bolyum, na mabigat sa timbang at sa laman, tatlong kwerpo ng hukbo ng mga argumentong ginamit laban sa lahat ng naunang pilosopy at ekonomista sa pangkalahatan, at laban kay Marx sa partikular—sa katunayan, isang pagtatangka sa isang ganap na "rebolusyon sa syensya"—ang mga ito ang bagay na kailangan kong harapin. Kinailangang talakayin ko ang lahat at bawat posibleng paksa mula sa mga konsepto ng oras at espasyo hanggang sa bimetallismo; mula sa eternidad ng bagay at paggalaw hanggang sa lumilipas na kalikasan ng mga ideyang moral; mula sa natural na seleksyon ni Darwin hangang sa edukasyon ng kabataan sa isang lipunan sa hinaharap. Anu't anuman, nagbibigay sa akin ang sistematikong pagkakomprehensibo ng aking katalo ng pagkakataon na paunlarin, kasalungat sa kanya, at sa paraang higit na magkaugnay-ugnay kaysa nagawa na sa nakaraan, ang mga pananaw namin ni Marx sa iba't ibang mga paksang ito. At iyon ang

pangunahing dahilan kung bakit sinuong ko ang tungkulin ito na dapat sana'y walang kapasalamatan.

Ang ating tugon ay unang inilathala sa isang serye ng mga artikulo sa *Vorwärts* ng Leipzig, ang pangunahing organo ng Partido Sosyalista, at pagkatapos nito'y bilang aklat: *Herrn Eugen Dühring's Umwälzung der Wissenschaft*, (Ang Rebolusyon sa Syensya ni Ginoong Eugen Dühring), na lumabas noong 1886 sa Zürich ang ikalawang edisyon.

Sa kahilingan ng aking kaibigang si Paul Lafargue, na ngayo'y kinatawan ng Lille sa Kamara de Representantes ng Franch, inayos ko ang tatlong kabanata ng aklat na ito bilang isang pampleto, na isinalin at inilathala niya noong 1880 sa pamagat na: *Socialisme utopique et Socialismescientifique* (Sosyalismong Utopyan at Sosyalismong Syentipiko). Gumawa ng edisyong Polish at Espanyol mula sa tekstong Pranses na ito. Noong 1883, inilabas ng ating mga kaibigang German ang pampletong ito sa orihinal na lenggwahe. Mula noon, nakapaglabas na ng mga salin sa Italian, Ruso, Danish, Dutch at Rumanian batay sa tekstong German. Kung gayon, kasama ng kasalukuyang edisyong Ingles, lumalaganap ang maiksing aklat na ito sa sampung lenggwahe. Wala akong alam na iba pang akdang sosyalista, kahit na ang aming *Manipestong Komunista* ng 1848 o ang *Kapital* ni Marx, na isinalin nang ganoong kadalas. Sa Germany, nagkaroon na ng apat na edisyon na may 20,000 sipi lahat-lahat.

Ang apendiks, *Ang Mark*, ay isinulat nang naglalayon na ipalaganap sa hanay ng Partido Sosyalista ng Germany ang ilang elementaryong kaalaman sa kasaysayan at pag-unlad ng pagmamay-ari ng lupa sa Germany. Lalo pang kinailangan ang bagay na ito dahil sa halos matatapos na ang pagpapaloob ng partidong iyon sa mga anakpawis mula sa kanayunan, at dahil ang mga manggagawang bukid at magsasaka ay dapat himukin. Isinama ang apendiks na ito sa salin, dahil ang orihinal na mga anyo ng pagmamay-ari sa lupa na komun sa lahat ng mga tribung Teutonic, at ang kasaysayan ng kanilang paglipas, ay higit na hindi alam sa England kaysa Germany. Hinayaan ko ang teksto katulad ng orihinal, nang hindi tumutukoy sa haypotesis na kamakaila'y pinasimulan ni Maxim Kovalevsky, na nagsasaad na nauna sa partisyon ng mga sakahan at pastulan sa hanay ng mga kasapi ng *mark* ang paglilinag ng mga ito nang sama-sama ng isang malaking pamilyang patriyarkal na sumasaklaw ng ilang henerasyon (tulad ng umiiral hanggang sa ngayon sa Timog Slavonian Zadruga), at pagkaraa'y nangyari ang partisyon nang lumaki ang komunidad at naging napakahirap para sa sama-samang pangangasiwa. Malamang na tama si Kovalevsky, pero ang bagay na ito ay pinag-aaralan pa.

Kung bago man ang mga terminong pang-ekonomya sa akdang ito, sumasang-ayon ang mga ito sa mga ginagamit sa edisyong Ingles ng *Kapital* ni Marx. Tinatawag naming "produksyon ng mga kalakal" ang yugtong iyon kung saan nililikha ang mga produkto

hindi lamang para sa gamit ng prodyuser, kundi para rin sa palitan; ibig sabihin, *bilang mga kalakal*, hindi bilang halaga sa paggamit. Sumasaklaw ang yugtong ito mula sa unang mga simula ng produksyon para sa palitan hanggang sa ating kasalukuyang panahon; natatamo nito ang ganap na pag-unlad sa ilalim lamang ng kapitalistang produksyon, ibig sabihin, sa ilalim ng kalagayang ineempleyo ng kapitalista, ang may-ari ng mga kagamitan sa produksyon, ang mga manggagawa kapalit ng sahod, mga manggagawang inalisan ng lahat ng kagamitan sa produksyon liban sa sarili nilang lakas paggawa, at ibinubulsa naman ng kapitalista ang labis ng presyong pinagbentahan sa kanyang ginastos. Hinahati namin ang kasaysayan ng industriyal na produksyon mula noong Kapanahunang Midyebal sa tatlong panahon: 1) yaring kamay, maliit na maestrong artisano na may ilang *journeymen* at aprentis, kung saan nililikha ng bawat manggagawa ang buong produkto; 2) manupaktura, kung saan lumilikha ang mas malaking bilang ng mga manggagawa, na pinagsama-sama sa isang malaking establisimyento ang buong produkto sa prinsipyo ng hatian ng paggawa, at ginagampanan ng bawat manggagawa ang isang parsyal na operasyon, kung kaya ang produkto ay nakukumpleto lamang matapos sunud-sunod na magdaan sa mga kamay ng lahat; 3) modernong industriya kung saan ang produkto ay nililikha sa pamamagitan ng makinaryang pinatatakbo ng kuryente o gasolina, at ang gawain ng manggagawa ay nalilimita sa pagpapatakbo at pag-aayos ng pagtakbo ng makina.

Alam na alam ko na ang nilalaman ng akdang ito ay sasalubungin ng pagtutol mula sa malaking bahagi ng mamamayan ng Britain. Pero kung nagbigay tayong mga taga-Kontinente ng mumunti mang pansin sa mga palagay ng British na "respektabilidad", mas masahol pa ang ating kalagayan kaysa ngayon. Ipinagtatanggol ng aklat na ito ang tinatawag nating "istorikong materyalismo", at ang salitang materyalismo ay masakit sa tainga ng napakalaking mayorya ng mambabasang British. Maaaring palampasin nila ang "agnostisismo", pero ganap na hindi matatanggap ang materyalismo.

Pero ang orihinal na tahanan ng lahat ng modernong materyalismo, mula sa ikalabimpitong siglo pasulong, ay ang England.

Ang materyalismo ay tunay na anak ng Great Britain. Itinanong na nga ng gurong British na si Dans Scotus, "posible bang mag-isip ang bagay?"

Para matamo ang milagrong ito, tumago siya sa kapangyarihan-sa-lahat ng Diyos, ibig sabihin, ipinapangaral niya sa teolohiya ang materyalismo. Dagdag pa, isa siyang nominalista. Pangunahing natatagpuan ang nominalismo, ang unang anyo ng materyalismo, sa hanay ng mga gurong Ingles.

Ang tunay na ama ng materyalismong Ingles ay si Bacon. Para sa kanya, ang natural na pilosopiya ang tanging tunay na pilosopiya, at ang *physics* na nakabatay sa karanasan ng mga

pandama ang pinakapangunahing bahagi ng natural na pilosopiya. Madalas niyang sinisipi bilang awtoridad si Anaxagoras at ang kanyang *homoeomeriae*, at si Democritus at ang kanyang mga atomo. Ayon sa kanya, hindi magkakamali ang mga pandama, at siyang bukal ng lahat ng kaalaman. Lahat ng syensya ay nakabatay sa karanasan, at binubuo ng pagpapailalim ng lahat ng datos na ipinapasa ng mga pandama sa rasyunal na pamamaraan ng pagsisiyasat. Ang prinsipal na mga anyo ng gayong rasyunal na pamamaraan ay ang induksyon, pagsusuri, paghahambing, obserbasyon at eksperimento. Kabilang sa mga kalidad na likas sa *matter*, ang una at pinakatampok ay ang paggalaw, hindi lamang sa anyo ng paggalaw na mekanikal at matematikal, kundi pangunahin sa anyo ng isang tulak, isang mahalagang diwa, isang tensyon—o isang "*qual*", kung gagamitin natin ang kataga ni Jacob Böhme*—ng *matter*.

---

* Ang "qual" ay pilosopikong isang laro sa salita. Ang literal na pakahulugan ng qual ay tortyur, ang sakit na nagtutulak ng isang tipo ng pagkilos; kasabay nito, idinadagdag ng mistikong si Böhme sa salitang German ang ilang pakahulugan ng salitang Latin na *qualitas*; ang kanyang "qual" ay ang prinsipyong nagpapagana na nagmumula sa, at nagtutulak naman, ng ispontanyong pag-unlad ng isang bagay, relasyon o taong nakapailalim dito, na ipinag-iiba sa sakit na galing sa labas.

---

Kay Bacon, ang unang tagalikha nito, ikinikubli pa sa loob ng sarili ng materyalismo ang binhi ng maraming panig na pag-unlad. Sa isang banda, wari'y inaakit ng *matter,* na binabalot ng kaakit-akit at matulaing ganda, ang kabuuan ng tao sa pamamagitan ng maalindog na ngiti. Sa kabilang banda, maramihang nagluluwal ang doktrinang isinulat nang parang salawikain ng mga salungatan na hinalaw mula sa teolohiya.

Sa ibayong ebolusyon nito, nagiging makaisang panig ang materyalismo. Si Hobbes ang siyang nagsistematisa ng materyalismo ni Bacon. Nawala ang matulaing pagbukadkad ng kaalamang nakabatay sa mga pandama; nagtungo ito sa abstraktong karanasan ng matematisyan; itinanghal ang dyometri bilang reyna ng mga syensya. Nawalan rin ng tiwala sa tao ang materyalismo. Kung gusto nitong mapangibabawan ang kanyang kalaban, ang ispiritwalismong napopoot sa tao at walang katawang-lupa, at sa sariling kalupaan pa nito, kailangang parusahan ng materyalismo ang sariling katawan at maging asetiko. Sa gayon, mula sa pagbabatay sa pandama, naging isa itong intelektwal na entidad; pero dahil din dito, iniluwal nito ang lahat ng katatagan na katangian ng isip, anuman ang ibunga nito.

Ganito ang pangangatwiran ni Hobbes bilang tagapagpatuloy ni Bacon: Kung lahat ng kaalaman ng tao ay idinudulot ng mga pandama, kung gayon, ang ating mga konsepto at ideya ay mga ilusyon, na hinubaran ng kanilang mga anyong senswal, ng tunay na daigdig. Ang magagawa lamang ng pilosopiya ay bigyan ng pangalan ang mga ilusyong ito. Maaaring ilapat ang isang pangalan sa higit sa isa sa mga ito. Maaari pa ngang magkaroon ng pangalan para sa mga pangalan. Kontradiksyon ang ipapahiwatig kung, sa isang banda, nanindigan tayo na nagmumula ang lahat ng ideya sa daigdig ng sensasyon, at sa kabilang banda naman, na higit sa

salita ang isang salita; na bukod sa mga nilalang na kilala natin sa pamamagitan ng ating mga pandama, mga nilalang na siyang isang indibidwal at lahat ng indibidwal, may umiiral na mga nilalang na may pangkalahatan, at hindi indibidwal, na kalikasan. Ang isang substansya na walang katawan ay isang kabalbalan tulad ng isang katawang walang katawan. Ang katawan, pag-iral, substansya ay iba't iba lamang na taguri para sa iisang realidad. *Imposibleng ihiwalay ang kaisipan sa* matter *na nag-iisip.* Ang *matter* na ito ay ang *substratum* ng lahat ng pagbabagong nangyayari sa daigdig. Walang kahulugan ang salitang walang hanggan, liban kung ang isinasaad nito'y kaya ng ating isip na gumawa ng walang katapusang proseso ng adisyon. Dahil mga materyal na bagay lamang ang ating madarama, wala tayong mapapag-alaman tungkol sa pag-iral ng Diyos. Ang sarili ko lamang pag-iral ang tiyak. Ang bawat nararamdaman ng tao ay isang mekanikal na pagkilos na may simula at wakas. Ang layon ng *impulse* ang tinatawag nating mabuti. Napapailalim ang tao sa mga batas na pinagpapailaliman ng kalikasan. Ang kapangyarihan at kalayaan ay iisa.

Sinistematisa ni Hobbes si Bacon, nang hindi naman nagbibigay ng katibayan para sa pundamental na prinsipyo ni Bacon, ang pinagmumulan ng lahat ng kaalaman ng tao mula sa daigdig ng sensasyon. Si Locke ang siyang nagbigay ng katibayang ito sa kanyang *Sanaysay tungkol sa Pagkakaunawa ng Tao*.

Winasak ni Hobbes ang makadiyos na mga pagkiling ng materyalismo ni Bacon; winasak rin nina Collins, Dodwall, Coward, Hartley, Priestley ang huling mga sagabal na teolohikal na bumabakod sa sensasyunalismo ni Locke. Anu't anuman, para sa praktikal na mga materyalista, ang teismo ang madaling paraan ng pagwawaksi sa relihiyon.*

———

* Marx at Engels, *Die Heilige Familie*, (Ang Sagradong Pamilya), Frankfurt, 1845, pp. 201-04.

———

Sa gayon sinulat ni Marx ang tungkol sa British na pinagmulan ng modernong materyalismo. kung sa kasalukuyan, hindi talaga ikinasisiya ng *Englishmen* ang papuri niya sa kanilang ninuno, sayang. Gayunpaman, di maikakatwang sina Bacon, Hobbes at Locke ang mga ama ng maningning na pangkat ng mga materyalistang Pranses na naglikha sa ikalabinwalong siglo bilang siglong Pranses, sa kabila ng lahat ng mga labanan sa lupa at sa dagat na talunan ang mga *Frenchmen* sa mga German at *Englishmen*, kahit bago pa man iyong Rebolusyong Pranses, na sinisikap pa hanggang ngayon na pakasanayan naming mga tagalabas sa England gayundin sa Germany.

Hindi na ito maipagkakaila pa. Sa kalagitnaan ng siglong ito, ang nakatawag-pansin ng lahat ng edukadong dayuhan na naninirahan sa England ay ang tiyak na ituturing nilang panatisismo sa relihiyon at katangahan ng kagalang-galang na panggitnang uring Ingles. Sa panahong iyon, lahat kami'y mga materyalista, o abanteng-abanteng mga malayang-isip man lamang, at para sa amin, parang di maubos maiisip na halos lahat ng edukadong tao sa England ay naniniwala sa lahat ng tipo ng imposibleng milagro, at kahit na ang

mga *geologist* tulad ni Buckland at Mantell ay magbabaluktot ng mga datos ng kanilang syensya para hindi masyadong sumalungat sa mga alamat ng aklat ng *Genesis*; samantala, para makatagpo ng mga taong nangangahas gamitin ang sarili nilang intelektwal na kakayahan kaugnay ng mga usapin sa relihiyon, kailangan mong makisalamuha sa mga walang pinag-aralan, ang "mga di makapaligo", gaya ng madalas itawag sa kanila, ang anakpawis, laluna ang mga sosyalistang maka-Owen.

Pero "nasibilisa" na ang England buhat noon. Ang ekshibisyon ng 1851 ang naghudyat sa wakas ng pagkaeksklusibong insular na Ingles. Unti-unting nainternasyunalisa ang England, sa pagkain, sa kilos, sa mga ideya; ganoon na lamang kung kaya't nagsimula akong mangarap na nakapasok din sana ang ilang mga ugali't gawing Ingles sa Kontinente gaya ng pagpasok ng mga kaugalian ng Kontinente dito. Gayunman, sinabayan ang introduksyon at paglaganap ng *salad oil* (kilala lamang sa aristokrasya bago ng 1851) ng nakamamatay na paglaganap ng iskeptisismong kontinental sa mga usapin sa relihiyon, at humantong na sa antas na ang agnostisismo, bagamat hindi pa itinuturing na "pinaka" tulad ng Church of England, ay halos nakakapantay na ng Binyag kung sa usapin ng respektabilidad, at tiyak na mas mataas kaysa Salvation Army. At hindi ko magawang hindi maniwala na sa mga sirkunstansyang ito, makapagpapaluwag ng loob ng marami na nanghihinayang at nagkokondena sa pagsulong ng pagtataksil na ito, kung malalaman nila na ang "bagong usong mga ideyang" ito ay hindi galing sa ibayong dagat, hindi "gawa sa Germany", tulad ng napakaraming produktong ginagamit sa araw-araw, pero walang dudang Laon nang Ingles, at ang mga tagapagsimulang British ng mga ito dalawang daang taon na ang nakalilipas ay sumulong nang mas malayo kaysa ipaglalakas loob gawin ng kanilang mga inapo.

Ano kung gayon ang agnostisismo kundi "nahihiyang" materyalismo, kung gagamitin ang pananalitang Lancashire? Ang ideya sa kalikasan ng *agnostic* ay buung-buong materyalista. Saklaw ng batas ang buong natural na daigdig, at absolutong ipinupwera ang interbensyon galing sa labas. Pero, dagdag niya, wala tayong paraan para tiyakin o kaya'y para pabulaanan na may isang nilalang na nakatataas sa lahat sa ibayo ng kilalang kalawakan. Ngayon, maaaring totoo ito sa panahon nang buong yabang na tumugon si Laplace sa tanong ni Napoleon kung bakit sa *Mécanique céleste* ng dakilang astronomer hindi man lamang binanggit ang May likha: "*Je n'avois pas besoin de cette hypothèse*." Pero sa kasalukuyan, sa ating ebolusyonaryong ideya ng kalawakan, ganap na walang lugar para sa isang May likha o isang maghahari; at ang pag-uusap tungkol sa isang nakatataas sa lahat na nilalang ay nangangahulugan ng kontradiksyon sa mga salita, at sa palagay ko, isang malaking insulto sa damdamin ng relihiyosong mga tao.

Muli, inaamin ng ating *agnostic* na lahat ng ating kaalaman ay nakabatay sa impormasyon na ipinagkakaloob sa atin ng ating mga pandama. Gayunman, dugtong niya, paano natin

malalaman na nagbibigay sa atin ang ating mga pandama ng wastong representasyon ng mga bagay na nadarama natin sa pamamagitan nila? At ipinagpapatuloy niyang ipaalam sa atin na tuwing nagbabanggit siya ng mga bagay o mga kalidad nito, sa realidad, hindi niya ibig sabihin ang mga bagay na ito at ang mga kalidad nito, na hindi niya kayang tiyak na malaman ang anuman, kundi ang mga impresyon lamang na nalikha ng mga ito sa kanyang mga pandama. Ngayon, ang takbo ng isip na ganito ay walang dudang napakahirap talunin sa pamamagitan lamang ng tagisan ng isip. Pero bago nagkaroon ng tagisan ng isip, mayroong aksyon. *Im Anfang war die That.* At nilutas ng aksyon ng tao ang mahirap sagutin matagal na bago naimbento ito ng talino ng tao. Ang katibayan ng *pudding* ay nasa pagkain nito. Sa sandaling gamitin natin para sa sarili ang mga bagay na ito, ayon sa mga kalidad na nakikita natin sa mga ito, idinadaan natin sa di magkakamaling pagsubok ang kawastuan o kamalian ng ating mga persepsyong pandama. Kung nagkamali ang mga persepsyong ito, kung gayon, ang ating tantya sa mapaggagamitan nito ay dapat mali rin, at tiyak na mabibigo rin ang ating pagtatangka. Pero kung magtatagumpay tayong makamit ang ating layunin, kung makikita nati na umaayon ang bagay sa ating ideya dito, at tumutugon sa ating nilalayon para dito, kung gayon, iyon ang positibong katibayan na ang ating mga persepsyon tungkol dito at sa mga kalidad nito, *hanggang sa antas na iyon*, ay umaayon sa realidad na labas sa atin. At kapag nahaharap naman tayo sa pagkabigo, kung gayon, sa pangkalahatan hindi tayo nalalayo sa pag-uunawa kung ano ang dahilan ng ating pagkabigo; natutuklasan natin na ang persepsyon na pinagbatayan natin ay hindi kumpleto at superpisyal, o kaya'y nakumbina sa resulta ng ibang mga persepsyon sa paraang hindi hinihingi nito—ang tinatawag nating maling pangangatwiran. Hangga't nagsisikap tayong sanayin at gamitin ang ating mga pandama nang wasto, at ipaloob ang ating aksyon sa mga hangganang itinatakda ng mga preskripsyong wastong ginawa at wastong ginamit, hangga't nakikita natin na pinatutunayan ng resulta ng ating aksyon ang pag-ayon ng ating mga persyon sa obhetibong kalikasan ng mga bagay na ating nahihiwatigan. Kahit sa isang pagkakataon hanggang sa ngayon, hindi tayo nakarating sa kongklusyon na ang ating mga pandama, na syentipikong kontrolado, ay nagbubunsod sa ating mga isip ng mga ideya kaugnay ng panlabas na daigdig na, dahil sa pinakakalikasan ng mga ito'y hindi umaayon sa realidad, o kaya'y may likas na di pagkakaayon sa pagitan ng panlabas na daigdig at ang persepsyong pandama dito.

Pero naririyan ang mga *agnostic* na Neo-Kantian na nagsasabi: Maaari nating wastong makita ang mga kalidad ng isang bagay, pero hindi natin magagagap ang bagay sa sarili nito sa pamamagitan ng anumang prosesong pandama o mental. Lampas sa ating kakayahan ang "bagay sa sarili nito" na ito. Sa bagay na ito, matagal nang sinagot ni Hegel: Kung alam mo ang lahat ng kalidad ng isang bagay, alam mo ang bagay na ito mismo; walang nalalabi kundi ang katotohanang ang nabanggit na bagay ay umiiral nang labas sa atin; at kung itinuro ng iyong mga pandama ang katotohanang iyon, nagagagap

mo na ang huling labi ng bantog na di maaaring malaman na *Ding an zich* (bagay sa sarili nito) ni Kant. Maaaring idagdag dito na sa panahon ni Kant, ang ating kaalaman sa natural na mga bagay ay totoo ngang pira-piraso lamang kung kaya't maaari niyang pagsuspetsahan na mayroong misterysosng "bagay sa sarili nito" sa likod ng kakaunting nalalaman natin tungkol sa bawat isa sa mga ito. Pero ang mga bagay na ito na hindi maunawaan ay sunud-sunod na naunawaan, nasuri, at, dagdag pa, *nareprodyus* ng higanteng pagsulong ng syensya; at kung ano ang ating nalilikha, mangyari pa'y hindi natin maituturing na di maaaring malaman. Sa kemika ng unang bahagi ng siglong ito, ang mga organikong bagay ay napakamisteryosong mga bagay; ngayon, natututunan nating buuin ang mga ito nang sunud-sunod mula sa kanilang kemikal na elemento nang walang tulong ng mga prosesong organiko. Ipinapahayag ng modernong kemiko na sa sandaling malaman ang konstitusyong kemikal ng alinmang bagay, maaaring buuin ito mula sa mga elemento nito. Malayo pa tayo sa pag-alam sa konstitusyon ng pinakamataas na organikong mga bagay, ang mga organong *albuminous*; pero walang dahilan para hindi natin matuklasan ito, kahit na magtagal ng siglu-siglo, at sa tulong nito, makalikha ng artipisyal na albumen. Pero kung makararating tayo sa gayon, kasabay nito'y makalilikha tayo ng organikong buhay, dahil ang buhay, mula sa pinakamababa hanggang sa pinakamataas na anyo, ay ang normal na moda ng pag-iral ng mga organong *albuminous*.

Gayunman, sa sandaling mailahad ng ating *agnostic* ang mga pormal na reserbasyon sa isip, nagsasalita at kumikilos siya tulad ng materyalistang sa kaibuturan ay likas sa kanya. Maaaring sabihin niya na sa abot ng *ating* kaalaman, hindi maaaring likhain o wasakin ang *matter* at paggalaw, o sa tawag dito sa ngayon, enerhiya, pero wala tayong katunayan na hindi ito nilikha kailanman sa nakaraan. Pero kung susubukan mong gamitin ang pag-aming ito laban sa kanya sa alinmang partikular na kaso, mabilis ka niyang patatalsikin. Kung aaminin niya ang posibilidad ng ispiritwalismo sa abstrakto, hindi niya ito tatanggapin sa kongkreto. Sa abot ng ating kaalaman at kayang alamin, sasabihin niya sa iyo na walang May likha at walang Naghahari sa kalawakan; kung para sa atin, ang *matter* at enerhiya ay hindi maaaring likhain o wasakin; para sa atin, ang isip ay isang moda ng enerhiya, isang punsyon ng utak; ang alam lamang natin ay sinasaklaw ang materyal na daigdig ng mga batas na di nagbabago, at iba pa. Kung gayon, sa antas na ang tao'y syentipiko, sa antas na may *nalalaman* siya, isa siyang materyalista; labas ng kanyang syensya, sa mga larangang wala siyang nalalaman, isinasalin niya ang kanyang kawalang muwangan sa Griyego at tinatawag itong agnostisismo.

Anu't anuman, isang bagay ang malinaw: kahit na ako'y isang *agnostic*, malinaw na hindi ko mailalarawan ang konsepto sa kasaysayan na iginuhit sa maiksing aklat na ito bilang "istorikong agnostisismo". Pagtatawanan ako ng mga taong relihiyoso, at galit na tatanungin ng mga *agnostic* kung pinagtatawanan ko sila. At sa gayon, sana'y hindi mabibigla nang husto maging ang British na respektabilidad kung gagamitin ko, sa

Ingles, gayundin sa napakaraming ibang lenggwahe ang salitang "istorikong materyalismo", para tukuyin ang pananaw sa takbo ng kasaysayan na hinahanap ang ultimong dahilan at dakilang pwersang pampakilos ng lahat ng mahalagang makasaysayang pangyayari sa kaunlarang pang-ekonomya ng lipunan, sa mga pagbabago sa mga moda sa produksyon at palitan, sa ibinubunga nitong dibisyon ng lipunan sa hiwa-hiwalay na uri, at sa mga tunggalian ng mga uring ito laban sa isa't isa.

Marahil ay mas madali akong pagbibigyan kung ipapakita ko na may bentahe ang istorikong materyalismo kahit na para sa British na respektabilidad. Nabanggit ko na ang pangyayari na ang natatawag ang pansin ng sinumang edukadong dayuhan na maninirahan sa England, mga apatnapu o limampung taon na sa nakaraan, sa tiyak na ituturing niyang panatisismo sa relihiyon at katangahan ng kagalang-galang na panggitnang uring Ingles. Patutunayan ko ngayon na ang kagalang-galang na panggitnang uring Ingles ng panahong iyon ay hindi kasing tanga ng inaakala ng matalinong dayuhan. Maipapaliwanag ang mga pagkiling nito sa relihiyon.

Nang lumitaw ang Europa mula sa Kapanahunang Midyebal, ang sumisibol na panggitnang uri ng mga kabayanan ang bumubuo ng rebolusyonaryong elemento nito. Naagaw nito ang kinikilang pusisyon sa loob ng organisasyong pyudal-midyebal, pero kumitid rin naman nang husto ang pusisyon ito para sa lumalawak na kapangyarihan nito. Ang pag-unlad ng panggitnang uri, ang *burgesya*, ay sumalungat na sa pagpapanatili sa sistemang pyudal; kung gayon, kailangang bumagsak ang sistemang pyudal.
Pero ang malaking internasyunal na sentro ng pyudalismo ay ang Katolikong Simbahang Romano. Pinag-isa nito, sa kabila ng lahat ng digmaang panloob, ang kabuuan ng pyudalisadong Kanlurang Europa bilang isang malaking sistemang pampulitika, na katunggali ng iskismatikong Griyego katulad ng mga bayang Mohammendan. Pinalibutan nito ang mga institusyong pyudal ng kabanalan ng makadiyos na konsekrasyon. Inorganisa nito ang sariling hirarkiya alinsunod sa modelong pyudal, at panghuli, ito mismo'y siyang pinakamakapangyarihang panginoong pyudal dahil hawak nito ang ganap na sangkatlo ng kalupaan ng daigdig na Katoliko. Bago ang sekular na pyudalismo ay matagumpay na maatake sa bawat bayan at nang detalyado, kailangang wasakin ito, ang sagradong organisasyong sentral nito.

Dagdag pa, paralel sa paglitaw ng panggitnang uri, naririyan ang malaking pagbubuhay ng syensya: astronomya, mekaniks, *physics*, anatomi, pisiyolohiya. At ang burgesya, para sa kaunlaran ng produksyong industriyal nito, ay nangailangan ng isang syensyan na nagtitiyak sa mga pisikal na katangian ng natural na mga bagay at ang mga moda sa pagkilos ng mga pwersa ng kalikasan. Mula noon hanggang ngayon, ang syensya ay naging mapagkumbabang utusan ng Simbahan, hindi pinayagang lampasan ang hangganan na itinakda ng simbahan, at dahil ditoy' hindi talagang syensya.  Nagrebelde

ang syensya laban sa Simbahan; hindi maaari para sa burgesya kung walang syensya, at samakatwid, kailangang ito sumali sa rebelyon.

Bagamat dalawa lamang sa puntong nagpapakita na makakabangga ng sumisibol na panggitnang uri ang nakatatag na relihiyon, makasasapat na ang nabanggit sa itaas para ipakita, una, na ang uring pinakatuwirang interesado sa pakikibaka laban sa mga pagkukunwari ng Simbahang Romano ay ang burgesya; at ikalawa, na ang lahat ng pakikibaka laban sa pyudalismo sa panahong iyon ay kailangang magkaroon ng anyong relihiyoso, at kailangang ituon sa simula laban sa Simbahan. Pero kung ang mga unibersidad at mga mangangalakal ng lunsod ang nagsimula ng panawagan, tiyak na makakakuha ito ng malakas na suporta sa masa ng mga taga-kanayunan, ang mga magsasaka, na kailangang makibaka para sa pinakabuhay nila laban sa kanilang mga panginoong pyudal, kapwa ispiritwal at temporal, sa lahat ng lugar.

Ang matagal na pakikitunggali ng burgesya laban sa pyudalismo ay nagwakas sa tatlong mapagpasyang mga labanan.

Ang una ay ang tinatawag na Repormasyong Protestante sa Germany. Ang panawagan sa digma laban sa Simbahan na ihinarap ni Luther ay tinugon ng dalawang pag-aalsang pampulitika sa kalikasan: una, iyong sa nakabababang nobilidad sa ilalim ni Franz von Sickingen (1523), at pagkatapos ang dakilang Digmang Magsasaka, 1525. Kapwa'y nagapi pangunahin dahil sa pag-aatubili ng pinakainteresadong panig, ang mga *burgher* ng mga kabayanan—isang pag-aatubili na hindi natin matatalakay dito ang mga dahilan. Mula sa sandaling iyon, dumausdos ang pakikibaka sa isang labanan sa pagitan ng lokal na mga prinsipe at ng sentral na kapangyarihan, at nagwasak sa pag-aalis ng Germnay mula sa mga bansa ng Europang aktibo sa pulitika sa loob ng dalawang daang taon. Lumikha nga ang repormasyong Lutheran ng isang bagong pananampalataya, isang relihiyon na umaangkop sa absolutong monarikya. Sa sandaling naging Lutheran ang mga magsasaka ng Hilagangsilangang Germany, naging mga timawa sila mula sa pagiging malaya.

Gayunman, kung saan nabigo si Luther, nagtagumpay naman si Calvin. Ang kredo ni Calvin ay angkop na angkop sa pinakamapangahas sa burgesya ng kanyang kapanahunan. Ang kanyang doktrina ng predestinasyon ang salamin sa relihiyon ng katotohanan na sa komersyal na daigdig ng kompetisyon, hindi nakasalalay sa aktibidad o katalinuhan ng tao ang kanyang tagumpay kundi sa mga sirkunstansyang lampas sa kanyang kontrol. Ito'y hindi dulot ng taong nagpapasya o nagpapaganap, kundi ng pagpapala ng di kilalang nakatataas na mga kapangyarihan sa ekonomya; at ito'y totoo laluna sa panahon ng rebolusyon sa ekonomya, na lahat ng lumang komersyal na ruta at sentro ay hinahalinhan ng bago, nang naibukas ang India at Amerika sa daigdig, at nang

kahit na ang pinakasagradong mga pinananampalatayaan sa ekonomya—ang halaga ng ginto at pilak—ay nagsimulang mayanig at bumagsak. Ang pagkakabuo ng simbahan ni Calvin ay lubusang demokratiko at republikano; at kung ang kaharian ng Diyos ay republikanisado, maaari bang manatiling nakapailalim sa mga hari, obispo at panginoon ang kaharian ng daigdig na ito? Habang naging abang lingkod ang Lutheranismo sa mga kamay ng mga prinsipe, nagtatag ng republika ang Calvinismo sa Holland at ng aktibong mga partidong republikano sa England, at higit sa lahat, sa Scotland.

Natagpuan ng ikalawang dakilang pagbabangong burges ang kanyang doktrina na buung-buo na sa Calvinismo, nangyari ang pagbabangong ito sa England. Pinasimulan ito ng panggitnang uri ng mga kabayanan, at inilaban ito ng uring nagsasariling magsasaka ng mga distrito sa nayon. Kakatwang sa lahat ng tatlong dakilang pag-aalsang burges, ang uring magsasaka ang nagbibigay ng hukbo na siyang makikipaglaban; at ang uring magsasaka ang siyang uri, matapos matamo ang tagumpay, na tiyak na babagsak ang kabuhayan dahil sa tagumpay na iyon. Sandaang taon pagkaraan ni Cromwell, halos nawala na ang uring nagsasariling magsasaka ng England. Anu't anuman, kung hindi dahil sa uring nagsasariling magsasaka at sa elementong *plebeian* sa mga kabayanan, hindi sana ipaglalaban ng burgesya nang nagsasarili ang bagay na iyon hanggang sa mapait na wakas, at hindi sana dinala sa bitayan si Charles I. Para matamo maging ang mga tagumpay ng burgesya na hinog na sa panahong iyon, kinailangang ibayong isulong ang rebolusyon—katulad na katulad ng sa France noong 1793, at ng sa Germany noong 1848. Sa katunayan, mukhang ito ang isa sa mga batas ng ebolusyon ng burges na lipunan.

Kung gayon, sa ibabaw ng labis na aktibidad na rebolusyonaryo na ito, kinakailangang sundan ng di maiiwasang reaksyon na lumampas naman sa puntong kaya nitong mantinahin ang sarili. Matapos ang isang serye ng taas-baba, natamo sa wakas ang bagong sentro de grabidad at naging bagong pagsisimulan ito. Ang marangal na kapanahunan ng kasaysayang Ingles, na kilala sa respektabilidad sa ngalang "*the Great* Rebellion" (ang Dakilang Rebelyon) at ang mga pakikibaka pagkatapos nito, ay nagwakas sa pangyayaring kung ihahambing ay maliit lamang na tinagurian ng mga historyang Liberal na "*the Glorious Revolution*" (Ang Dakilang Rebolusyon).

Ang bagong pagsisimulan ay isang kompromiso sa pagitan ng sumisibol na panggitang uri at ang dating pyudal na mga maylupa. Ang huling nabanggit, na bagamat tinatawag katulad ngayon na aristokrasya, ay malaon nang nasa landas na nagpatungo sa kanila bilang "unang burgesya ng kaharian" na siyang kinahinatnan ni Louis Philippe sa France sa panahong mas matagal pa pagkaraan nito. Mabuti na lamang para sa England, nagpatayan ang lumang mga pyudal na baron sa panahon ng Mga Digmaan ng mga Rosas. Ang kanilang mga kasunod, bagamat karamiha'y mga anak ng dating mga

pamilya, ay malayung-malayo na sa tuwirang linya ng kapanganakan kung kaya't bumubuo sila ng ibang iba nang kwerpo, at may mga ugali at tendensyang higit na burges kaysa pyudal. Ganap nilang nauunawaan ang halaga ng salapi, at agad nagsimulang palakihin ang kanilang mga renta sa pamamagitan ng pagpapalayas sa daan-daang maliliit na magsasaka at paghahalili ng mga tupa para sa mga ito. Habang nilulustay ni Henry VIII ang mga lupain ng Simbahan, maramihan siyang lumikha ng bagong burges na mga panginoong maylupa; ganoon din ang resulta ng di mabilang na kumpiskasyon ng mga kalupaan, na mulang ipinagkaloob sa absoluto at relabitong mga biglang yaman, at nagpatuloy sa buong ikalabimpitong siglo. Bunga nito, magmula kay Henry VII, sa halip na kontrahin ang pag-unlad ng produksyong industriyal, kabaligtad nito'y hinangad ng "aristokrasyang" Ingles na makinabang nang di tuwiran mula dito; at laging mayroong isang seksyon ng malalaking maylupa na nakahandang makipagtulungan, para sa pang-ekonomya o pampulitikang dahilan, sa mga nangunguna sa pinansyal at industriyal na burgesya. Samakatwid, madaling nakamit ang kompromiso ng 1689. Naiwan sa malalaking pamilyang maylupa ang pampulitikang dambong ng "nakaw na yaman at kalupaan", sa kundisyong sapat na matutugunan ang pang-ekonomyang interes ng panggitnang uri sa pinansya, pagmamanupaktura at komersyo. At sapat ang lakas ng mga interes sa ekonomyang ito para magtakda ng pangkalahatang patakaran ng bansa. Maaaring may mga iringan tungkol sa mga detalye, pero sa kabuuan, alam na alam ng oligarkiyang aristokratiko na ang sarili nitong kasaganaan sa ekonomya ay di mababawing nakatali sa kasaganaan ng panggitnang uri sa industriya at komersyo.

Magmula noon, ang burgesya ay isang mapagkumbaba pero isang kinikilalang bahagi ng mga naghaharing uri ng England. Kasama ng lahat ng iba pa, may interes na komun ito na panatilihing nakapailalim dito ang malawak na masang anakpawis ng bansa. Ang mangangalakal o tagamanupaktura mismo ay tumatayong panginoon, o gayan ng itinawag dito hanggan kagyat na nakaraan, "natural na nakatataas" sa kanyang mga kawani, manggagawa at mga katulong sa bahay. Interes niyang makapiga ng pinakamarami at pinakamahusay na paggawa mula sa kanila; sa layuning ito, kailangang sanayin ang mga ito sa tamang pagpapailalim. Siya mismo'y relihiyoso; ibinigay ng kanyang relihiyon ang bandila sa kanyang pakikipaglaban sa hari at mga panginoon; hindi nagtagal at natuklasan nila ang mga oportunidad na maipagkakaloob sa kanya ng relihiyong ito sa pag-iimpluwensya ng isip ng mga taong natural na nakapailalim sa kanya, at maging sunud-sunuran ang mga ito sa mga kagustuhan ng mga among hinangad ng Diyos na ipaibabaw sa kanila. Sa maiksing salita, kailangang makibahagi na ang burgesyang Ingels sa pagsupil sa "mga nakababababang uri", ang malaking masang anakpawis ng bansa, at isa sa mga pamamaraang ginamit sa layuning iyon ay ang impluwensya ng relihiyon.

May isa pang pangyayari na nagpatatag sa relihiyosong pagkiling ng burgesya. Iyon ang paglakas ng materyalismo sa England. Hindi lamang ginitla ng bagong doktrinang ito ang makadiyos na damdamin ng panggitnang uri; ihinarap nito ang sarili bilang isang pilosopiyang angkop lamang para sa mga iskolar at edukadong mga tao ng daigdig, kasalungat sa relihiyon na pupwede na para sa di-edukadong masa, kabilang ang burgesya. Sa pamamagitan ni Hobbes, tumuntong ito sa entablado bilang tagapagtanggol ng karapatan at kapangyarihan sa lahat ng absolutong monarkiya; nanawagan ito sa absolutong monarkiya na supilin ang *puer robustus sed malitiosus* (malakas pero masamang bata), na walang iba kundi ang mamamayan. Gayundin, sa pamamagitan ng mga sumunod kay Hobbes, sa pamamagitan nina Bolingbroke, Shaftesbury, atbp., ang bagong makadiyos na anyo ng materyalismo ay nanatiling isang doktrinang aristokratiko at mahirap maunawaan, at samakatwid ay kamuhi-muhi para sa panggitnang uri kapwa dahil sa erehiya sa relihiyon at dahil sa anti-burges na mga kuneksyon nito sa pulitika. Dahil dito, kasalungat sa materyalismo at deismo ng aristokrasya, patuloy na ibinibigay ng mga sektang Protestanteng iyon, na nagkaloob ng bandila at kwerpong panlaban sa mga Stuarts, ang pangunahing lakas ng progresibong panggitnang uri, at bumubuo kahit na sa ngayon ng gulugod ng "Dakilang Partido Liberal".

Samantala, napunta naman ang materyalismo mula sa England tungo sa France kung saan nakatagpo nito at nakasanib ang isa pang materyalistang pangkat ng mga pilosopo, ang isang sangay ng Cartesianismo. Nanatili rin ito sa simula bilang isang eksklusibong aristokratikong doktrina sa France. Pero di nagtagal ay naggumiit ang rebolusyonaryong katangian nito. Hindi inilimita ng mga materyalistang Pranses ang kanilang kritisismo sa mga usapin ng paniniwalang relihiyoso; pinasaklaw nila ito sa anumang syentipikong tradisyon o institusyon sa pulitika na kanilang nasasalubong; at para patunayan na ang kanilang doktrina ay unibersal na mailalapat sa lahat, kinuha nila ang pinakamaiksing ruta at mapangahas na inilapat ito sa lahat ng paksa ng kaalaman sa higanteng akda na pinagkunan ng pangalan nito—ang *Encyclopédie*. Sa gayon, sa isa o iba pa sa mga anyo nito—materyalismo o deismo sa sariling paggigiit—ito ang naging kredo ng buong edukadong kabataan ng France; ganoon na lamang kung kaya't nagbigay ito ng teoretikong bandila, nang sumiklab ang dakilang rebolusyon, sa mga Republikano at Teroristang Prances, at siyang pinaghalawan ng teksto ng Deklarasyon ng mga Karapatan ng Tao. Ang dakilang Rebolusyong Pranses ang ikatlong pag-aalsa ng burgesya, pero ito ang una na nag-alis ng bihis ng relihoyon, at inilaban sa walang balatkayong larangan ng pulitika; ito rin ang una na inilaban hanggang sa pagkawasak ng isa sa mga naglalaban, ang aristokrasya, at sa ganap na tagumpay ng isa pa sa mga naglalaban, ang burgesya. Sa England, ang ekspresyon ng pagpapatuloy ng mga institusyong bago at matapos ng rebolusyon, at ang kompromiso sa pagitan ng mga panginoong maylupa at kapitalis, ay nasa pagpapatuloy ng mga pasumundang hudisyal at sa relihiyosong pagpapanatili sa pyudal na mga anyo ng batas. Sa France, ang rebolusyon

ay isang ganap na paghiwalay sa mga tradisyon ng nakaraan; winalis nito ang pinakahuling mga labi ng pyudalismo, at nilika sa Kodigo Sibil ang isang napakahusay na paglalapat ng lumang Batas Romana—ang halos perpektong ekspresyon ng mga relasyong huridikal na umaayon sa pang-ekonomyang yugto na tinatawag ni Marx na produksyon ng mga kalakal—sa modernong kapitalistikong mga kalagayan; ganoon na lamang kahusay ang gayon kung kaya't ang rebolusyonaryong kodigong Pranses na ito ay tumatayo paring modelo para sa mga reporma sa batas sa pag-aari sa lahat ng ibang bayan, na kabilang ang England. Gayunman, huwag nating kalilimutan na kung patuloy na kinakatawan ng batas ng England ang relasyon sa ekonomya ng kapitalistikong lipunan sa barbarong pyudal na lenggwaheng umaayon sa gayon, gaya ng pag-ayon ng ispeling na Ingles sa pagbigkas na Ingles—*vous écrivez Londres et vous pronoucez Constantinople*, sabi ng isang *Frenchman*—ang batas na iyon mismo ng England ang tanging batas na nagpanatili, sa napakatagal na panahon at nagpaabot sa America at mga Kolonya, hindi lamang ng laon nang personal na kalayaang *Germanic*, lokal na paggubyerno sa sarili at kasarinlan mula sa lahat ng panghihimasok, kundi pati na ng mga hukuman sa batas, na nawala sa Kontinente sa panahon ng absolutong monarkiya at hanggang sa ngayon ay hindi pa ganap na naipapanumbalik kahit saan.

Magbalik tayo sa ating burges na British. Nakapagbigay ng napakagandang oporutnida ang Rebolusyong Pranses sa kanya, sa tulong ng mga monarkiya sa Kontinente, na wasakin ang komersyong pandagat ng France, sakupin ang mga kolonya ng France, at durugin ang pinakahuling paghahambog ng France sa ribalan sa dagat. Isang dahilan ito kung bakit niya nilabanan ito. Ang isa pang dahilan ay labag sa kanyang kalikasan ang mga pamamaraan ng rebolusyong ito. Hindi lamang ang "kasuklam-suklam" na terorismo nito, kundi ang pinakapagtatangkp na dalhin sa sukdulan ang paghaharing burges. Ano ang dapat gawin ng burges na British kung wala ang kanyang aristokrasya na nagtuturo sa kanya ng magandang ugali, at nag-iimbento ng mga uso para sa kanya—na nagbibigay sa kanya ng mga upisyal para sa hukbo, na nagpapanatili sa kaayusan sa sariling bayan, at sa neybi, na sumasakop sa mga kolonya at bagong mga pamilihan sa ibayong dagat? Totoo ngang mayroong progresibong minorya ng burgesya, ang minoryang iyon na may mga interes na hindi mahusay na tinangkilik sa ilalim ng kompromiso; ang bahaging ito na binubuo pangunahin ng di gaanong mayamang panggitnang uri, na nakikisimpatya sa rebolusyon, pero walang kapangyarihan sa Parlamento.

Kung gayon, kung materyalismo ang naging kredo ng Rebolusyong Pranses, lalong mahigpit na kumapit sa kanyang relihiyon ang mga burges na Ingles na may takot sa Diyos. Hindi ba't pinatunayan ng paghahari ng sindak sa Paris kung ano ang kahahantungan kung mawawala ang likas na relihiyosong hilig ng masa? Kung mas lalong lalaganap mula France patungo sa kalapitbayan ang materyalismo at susuhayan ng

katulad na tunguhin sa doktrina, laluna ng pilosopiyang German, at kung mas lalo nagiging kinakailangang katangian ng isang edukadong tao sa Kontinente ang materyalismo at malayang pag-iisip, mas lalo namang tigas-ulong kumakapit ang panggitnang uring Ingles sa napakarami nitong relihiyosong pananampalataya. Maaaring magkaiba-iba sa isa't isa ang mga pananampalatayang ito, lahat ng ito nama'y malilinaw na relihiyosong Kristyanong pananampalataya.

Habang tiniyak ng rebolusyon ang tagumpay sa pulitika ng burgesya sa France, pinasimulan sa England nina Watt, Arkwright, Cartwright, at iba pa, ang isang rebolusyon sa industriya na lubos na naglipat ng sentro de grabidad ng kapangyarihang pang-ekonomya. Lubhang mas mabilis na lumaki ang kayamanan ng burgesya kaysa sa aristokrasyang maylupa. Sa loob mismo ng burgesya, lalo na lamang naitulak sa likuran ang mga aristokrasya sa pinansya, mga bangkero, atbp. Ang kompromiso ng 1689, kahit na matapos ang unti-unting mga pagbabago na pinagdaanan nito pabor sa burgesya, ay hindi na umaayon sa relatibong pusisyon ng mga kasangkot nito. Nagbago rin ang katangian ng mga kasangkot na ito; ang burgesya ng 1830 ay ibang-iba na sa burgesya ng nakalipas na siglo. Naging salungat na sa bagong mga interes sa ekonomya ang kapangyarihang pampulitika  na nalalabi pa sa aristokrasya at kanilang ginagamit para labanan ang mga paghahambog ng bagong industriyal na burgeysa. Kinakailangan ang isang bagong pakikibaka sa aristokrasya; maaari lamang itong magwakas sa  tagumpay ng bagong kapangyarihan sa ekonomya. Una, naipagwagi ang Batas sa Reporma, sa kabila ng lahat ng paglaban sa tulak ng Rebolusyong Pranses ng 1830. Nagbigay ito sa burgesya ng kinikilala at makapanyarihang pwesto sa Parlamento. Pagkatapos naman, ang pagpapawalambisa sa Mga Batas sa Mais, na nagpatibay sa wakas sa pangingibabaw ng burgesya, laluna ng pinakaaktibong bahagi nito, ang mga tagapagmanupaktura, sa aristokrasyang maylupa. Ito ang pinakamalaking tagumpay ng burgesya; gayunman, ito rin ang huli na naipagwagi nito sa sariling interes nito lamang. Anumang tagumpay na matatamo nito pagkaraan nito, kailangang ibahagi nito sa bagong kapangyarihang panlipunan, sa una ay alyado nito, pero sa katagala'y karibal nito.

Lumikha rin ang rebolusyon sa industriya hindi lang ng isang uri ng malalaking kapitalista sa manupaktura, kundi isa pang uri ng mga manggagawa sa manupaktura—isang uring higit na mas marami. Unti-unting lumaki sa bilang ang uring ito, sa antas na pinanghawakan ng rebolusyon sa industriya ang sunud-sunod na sangay ng manupaktura, at sa antas na iyo'y lumakas ito sa kapangyarihan. Pinatunayan nito ang kapangyarihang iyon sing-aga ng 1824 sa pamamagitan ng pagpupwersa sa nag-aatubiling Parlamento na pawalambisa ang batas na nagbabawal sa organisasyon ng mga manggagawa. Sa panahon ng ahitasyon para sa Reporma, ang  mga manggagawa ang bumubuo ng Radikal na panig ng Partido sa Reporma; ipinuwera sila ng Batas ng 1832 sa botohan, inilahad nila ang kanilang mga hinihingi sa Karta ng Mamamayan, at binuo

ang sarili, kasalungat sa malaking partidong burges na laban sa Mga Batas sa Mais, bilang isang independyenteng partido, ang mga *Chartist*, ang unang partido ng mga manggagawa sa modernong panahon.

Pagkaraa'y dumating ang mga rebolusyon sa Kontinente ng Pebrero at Marso ng 1848, kung saan gumanap ng tampok na papel ang anakpawis, at kahit sa Paris man lamang, ay nagharap ng mga hinihingi na tiyak na di katanggap-tanggap para sa isang kapitalistang lipunan. At pagkatapos nito'y nariyan naman ang pangkalahatang reaksyon. Una, ang pagkakatalo ng mgg Chartist noong ika-10 ng Abril, 1848, pagkatapos, ang pagdurong sa insureksyon ng mga manggagawa ng Paris noong Hunyo ng taon ring iyon, pagkatapos ang mga kalamidad ng 1849 sa Italy, Hungary, Timog Germany, at sa huli'y ang tagumpay ni Louis Bonaparte sa Paris noong ika-2 ng Disyembre, 1851. Kahit sa isang panahon man lamang, ang kinatatakutang pagyayabang ng uring manggagawa ay nasugpo, pero sa napakalaking halaga! Kung nakumbinsi man sa nakaraan ang burges na British sa pangangailangang panatilihin ang karaniwang tao sa relihiyosong kalagayan, gaano kaya higit niyang madarama ang pangangailangang iyon matapos ang lahat ng karanasang ito? Sa kabila ng mga pangungutya ng kanyang mga kasama sa Kontinente, patuloy siyang gumagastos ng libu-libo at sampu-sampung libo taun-taon para sa ebanghelisasyon ng nakabababang mga uri; hindi nagkasya sa sariling katutubong makinarya sa relihiyon, nanawagan siya kay Brother Jonathan, ang pinakamahusay na tagapag-organisa sa relihiyon bilang negosyo, at inangkat mula sa Amerika ang *revivalism*, Moody and Sankey, at mga katulad nito; at panghuli, tinanggap niya ang mapanganib na ayuda ng *Salvation Army*, na nagpapanumbalik sa propaganda ng maagang Kristyanidad, nananawagan sa maralita bilang mga hinirang, nakikibaka sa kapitalismo sa paraang relihiyoso, at sa gayo'y lumilikha ng elemento ng makauring antagonismo ng maagang Kristyanidad, na isang araw ay maaaring makagulo sa mga maykaya na ngayo'y nakakahanap na ng pera para dito.

Mukhang batas ng istorikong pag-unlad na hindi makatatamo ng kapangyarihang pampulitika ang burgesya sa alinmang bayan sa Europa—kahit sa anumang haba ng panahon man lamang—sa eksklusibong paraan katulad nang paghawak dito ng pyudal na aristokrasya sa Kapanahunang Midyebal. Kahit sa France kung saan ganap na napawi ang pyudalismo, ganap na nahawakan ng burgesya ang gubyerno sa napakaiiksing panahon lamang sa kabuuan. Sa panahon ng paghahari ni Louis Philippe, 1830-48, napakaliit na bahagi ng burgesya ang naghahari sa kaharian; ibayong mas malaking bahagi ang napwera sa pagboboto ng napakataas na kwalipikasyon. Sa ilalim naman ng ikalawang republlika, 1848-51, naghari ang buong burgesya, pero sa tatlong taon lamang; ang kanilang kawalang kakayahan ang nakapagbunsod ng ikalawang imperyo. Ngayon lamang sa ikatlong republika napanghawakan ng burgesya sa kabuuan ang paghahari sa higit na dalawampung taon; at nagpapakita na sila ng masisiglang mga palatandaan ng

pagkabulok. Naging posible lamang ang nagtatagal na paghahari ng burgesya sa mga bayan tulad ng Amerika, kung saan di nakaranas ng pyudalismo, at nagsimula ang lipunan mula't sapul sa batayang burges. At kahit na sa France at America, ang mga hahalili sa burgesya, ang uring manggagawa, ay kumakatok na sa pinto.

Sa England, hindi kailanman nahawakan ng burgesya ang solong paghahari. Nanatili sa halos eksklusibong paghawak sa lahat ng nangungunang pusisyon sa gubyerno ang aristokrasyang maylupa kahit na matapos ang tagumpay ng 1832. Ang maamong pagtanggap na ito ng mayamang panggitnang uri ay nanatiling misteryo sa aking hanggang nanawagan ang dakilang Liberal na tagapagmanupaktura na si G. W. A. Forster sa isang pampublikong talumpati sa mga kabataan na matuto ng salitang Pranses bilang pamamaraan para makaangat sa daigdig, at hinalaw mula sa sarili niyang karanasan kung gaano kaamo siyang tingnan nang kailangang kumilos siya bilang Ministro ng Gabinete sa isang lipunang kasing kailangan ang Pranses katulad ng Ingles! Ang totoo'y ang panggitnang uring Ingles sa panahong iyon ay di edukadong baguhan sa kalakhan, at hindi magawang hindi ipaubaya sa aristokrasya ang nakatataas na mga pusisyon sa gubyerno na humihingi ng iba pang mga kwalipikasyon, bukod sa simpleng kakitirang insular at kahambugang insular na pinatigas ng katalasan sa negosyo.* Kahit ngayon, ipinapakita ng walang katapusang mga debate sa mga pahayagan tungkol sa edukasyong panggitnang uri na hindi itinuturing ng panggitnang uring Ingles ang sarili na bagay para

---

*At kahit sa usaping negosyo, ang kahambugan ng pambansang sobinismo ay isa lamang masamang tagapayo. Hanggang nitong nakaraan lamang itinuring ng karaniwang tagapagmanupakturang Ingles na insulto para sa isang *Englishman* na bumigkas ng ibang lenggwahe liban sa kanyang sarili, at nagmamayabang pa sa pangyayaring "ang mga kaawa-awang demonyo" na mga dayuhan ay nanirahan sa England at inako ang pagbebenta ng kanyang mga produkto sa ibayong dagat. Hindi man lamang niya napansin na naagaw ng mga dayuhang ito, na karaniwa'y German, ang kontrol sa napakalaking bahagi ng dayuhang kalakalan ng England, ang mga import at eksport, at ang tuwirang dayuhang kalakalan ng *Englishmen* ay nalimita nang halos buung-buo sa mga kolonya, sa Tsina, United States at Timog Amerika. Hindi rin niya napansin na nakikipagkalakalan ang mga German na ito sa iba pang German sa ibayong dagat, na unti-unti'y nakapag-organisa ng isang buong network ng mga kolonyang komersyal sa lahat ng dako ng daigdig. Nang seryosong magsimula ang Germany na magmanupaktura para sa eksport, malaki ang itinulong ng network na ito sa kanyang transpormasyon, sa napakaiksing panahon mula sa isang bayang nag-eeksport ng mais tungo sa isang primera-klaseng nagmamanupakturang bayan. Pagkatapos, mga sampung taon sa nakaraan, kinabahan ang tagapagmanupakturang British, at tinanong ang kanyang mga embahador at konsul kung bakit hindi na niya kayang panatilihin ang kanyang mga

kostumer. Ang nagkakaisang sagot ay: 1) Hindi mo pinag-aaralan ang lenggwahe ng iyong mga kostumer at inaasahan mong magsalita siya sa iyong lenggwahe; 2) ni hindi mo sinusubukang angkupan ang mga kagustuhan, kaugalian at panlasa ng iyong mga kostumer, manapa'y inaasahan mong umayon siya sa kagustuhan, kaugalian at panlasang Ingles.

———

sa pinakamahusay na edukasyon, at tumatanaw sa edukasyong mas kainaman. Sa gayon, kahit matapos ang pagpapawalambisa ng mga Batas sa Mais, mukhang talagang ganoon at mananatiling ang mga nanguna, ang mga Cobden, Bright, Forsters, atbp. ay hindi makakabahagi sa upisyal na gubyerno ng bayan, hanggang dalawampung taon pagkalipas, nabuksan para sa kanila ang pinto ng Gabinete ng isang bagong Batas sa Reporma. Napakalalim ng pagtagos sa burgesyang Ingles hanggang sa kasalukuyan ng diwa ng kanilang imperyoridad sa lipunan kung kaya't nagmamantini sila, sa kanilang gastos at sa gastos ng bansa, ng isang palamuting grupo ng mga walang ginagawa para karapat-dapat na katawanin ang bansa sa lahat ng punsyon ng estado; at itinuturing nilang ganoon talaga kung ang mga nanguna sa kanila, ang mga Cobden, Bright, Forster, at iba pa, ay hindi makakabahagi sa upisyal na gubyerno ng bayan, hanggang pagkaraan ng dalawampung taon, mabukas sa kanila ang pinto sa Gabineter ng isang bagong Batas sa Reporma. Hanggang sa kasalukuyan, napakalalim ng tagos sa burgesyang Ingles ng diwa ng kanilang imperyoridad sa lipunan kung kaya't nagmamantini sila, sa kanilang gastos at sa gastos ng bansa, ng isang palamuting pangkat ng walang ginagawa para karapat-dapat na katawanin ang kanilang bansa sa lahat ng punsyon ng estado; at itinuturing nilang pinararangalan sila nang husto kapat may isa sa kanila ay maging karapat-dapat na pasalihin sa pili at pribilehiyadong organong ito, na sila mismo ang lumikha.

Samakatwid, hindi pa nagtatagumpay ang panggitnang uring industriyal at komersyal na ganap na alisin ang aristokrasyang maylupa sa kapangyarihang pampulitika nang lumabas sa entablado ang isa pang karibal, ang uring manggagawa. Matapos ang kilusang Chartist at mga rebolusyon sa Kontinente, gayundin ang walang kapantay na ekstensyon ng kalakalang Ingles mula 1848-66 (na karaniwang sinasabing dulot ng Malayang Kalakalan lamang, pero mas dulot ng pagkalaki-laking pagsulong ng mga perokaril, *steamer* na pandagat at mga kaparaanan sa palitang panlipunan sa pangkalahatan), itinulak ng reaksyon ang uring manggagawa na maging dependensya ng Partido Liberal, kung saan sila ang bumubuo ng radikal na panig katulad ng kapanahunan baga ng kilusang Chartist. Unti-unting naging napakahirap pigilin ang kanilang paghahabol ng karapatang bumoto; habang "umatras sa laban" ang mga pinuno ng mga Liberal, ipinakita ni Disraeli ang kanyang superyoridad sa pamamagitan ng pagtulak sa Tories na sunggaban ang paborableng sandali at ipatupad ang karapatang bumoto ng mga kabahayan sa mga kabayanan, kasabay ng redistribusyon ng mga pwesto. Pagkatapos ay sumunod ang

botohan; pagkatapos, noong 1884, ang pagpapasaklaw ng karapatang bumoto ng kabahayan sa kanayunan at panibagong redistribusyon ng mga pwersto, kung saan napagpantay-pantay sa isang antas ang mga distritong elektoral. Pinalaki nang husto ng lahat ng hakbang na ito ang kapangyarihang elektoral ng uring manggagawa, hanggang sa antas na sa di kukulangin sa 150 hanggang sa 200 elektoral na distrito, nagmumula sa uring iyon ang mayorya ng mga botante. Pero ang gubyernong parlamentaryo ay isang napakahusay na paaralan para ituro ang respeto sa tradisyon; kung hinahangaan at iginagalang ng panggitnang uri ang pabirong tinatawag ni Lord John Manners na "ang ating lumang nobilidad", iginagalang at pinagpipitagan naman ng masa ng anakpawis ang dati'y hinirang na "mas nakagagaling" sa kanila, ang panggitnang uri. Talaga naman na noong may labinlimang taon na ang nakararaan, ang manggagawang British ang modelong manggagawa, na ang magalang na pagturing sa pusisyon ng kanyang amo at ang pagpapakumbabang may pagrerenda sa sarili sa paghihingi ng mga karapatan para sa sarili, ay nakapagpalubag sa loob ng ating mga ekonomistang German ng pangkat *Katheder-Socialist** para sa mga tendensyang di mapapawing komunistiko at rebolusyonaryo ng mga manggagawa sa sarili nilang bayan.

---

*Sosyalistang propesoryal.—*Ed.*

---

Pero mas malayo ang tanaw ng panggitang uring Ingles—dahil sila'y mahuhusay na negosyante—kaysa mga propesor na German. Nagdadalawang-isip sila sa pagbahagai ng kanilang kapangyarihan sa uring manggagawa. Natutuhan nila sa panahong Chartist kung ano ang kayang gawin ng *puer robustus sed malitiosus*, ng mamamayan. At magmula noon, napwersa silang ipaloob ang malaking bahagi ng Karta ng Mamamayan sa mga alituntunin ng United Kingdom. Ngayon, kung dapat man, dapat maisaayos ang mga tao sa mga pamamaraang moral, at ang unang-una sa lahat ng moral na mga pamamaraan sa aksyon sa masa ay ang relihiyon, at mananatiling ang relihoyon. Kung gayon, naririyan ang malaking bilang ng mga pari sa mga Lupon ng Paaralan, kung gayon, naririyan ang papalaking pagbubuwis sa sarili ng burgesya para sa suporta sa lahat ng tipo ng *revivalism* mula ritwalismo hanggang sa Salvation Army.

At ngayon, naririyan ang tagumpay ng respektabilidad na British sa malayang pag-iisip at kaluwagan sa relihiyon ng burges sa Kontinente. Naging mapanghimagsik ang mga manggagawa ng France at Germany. Nalipos na sila nang husto ng sosyalismo, at sa napakagandang mga dahilan, hindi sila naaabala kung ligal o hindi ang pamamaraan kung paano nila makakamit ang sariling pangingibabaw. Ang *puer robustus* (masiglang kabataan) dito'y naging lalong *malitiosus* (sutil) habang lumilipas ang araw. Walang nalalabi para sa burgesyang Pranses at German kundi tahimik na iwan ang kanilang malayang pag-iisip, tulad ng tahimik na pagtapon ng isang bata sa umuusok na tabako na kanyang mayabang

na dinala sa bapor oras na siya'y maliyo; isa-isang naging makadiyos ang mga mangungutya sa panlabas na kilos, buong galang na binabanggit ang Simbahan, ang mga dogma at ritwal nito, at umayon sa mga ito sa antas na hindi maiiwasan. Nangilin ang burgesyang Pranses tuwing Biyernes, at ang burgesyang German naman ay nakinig sa mahahabang Protestanteng sermon tuwing Linggo. Ikinalungkot nila ang materyalismo. "*Die Religion muss dem Volk erhalten werden*,"—dapat manatiling buhay ang relihiyon para sa mamamayan—iyon ang tangi at huling pamamaraan para iligtas ang lipunan mula sa ganap na pagkawasak. Sa kamalasa'y hindi nila ito natuklasan bago nila nagawa ang lahat para wasakin ang relihiyon panghabampanahon. At ngayon, ang mga burges na British naman ang nangungutya at nagsasabi: "Kung hindi ba naman kayo hangal, masasabi ko na iyan sa inyo noon pa mang dalawang daang taon na sa nakaraan!"

Gayunman, sa tingin ko'y hindi mapipigil ng relihiyosong pagkamanhid ng British, o kaya ang nahuling kumbersyon ng burges sa Kontinente, ang rumaragasang proletaryong agos. Ang tradisyon ay isang malakas na pwersang nakakapag-untol, isang *vis inertia* ng kasaysayan, pero dahil pasibo lamang ito, tiyak na matitibag ito; at sa gayon, hindi magiging matagalang pananggalang para sa kapitalistang lipunan ang relihiyon. Kung ang ating mga ideyang huridikal, pilosopiko at relihiyoso ay nalalayong mga bunga, humigit-kumulang, ng mga relasyon sa ekonomya na umiiral sa isang takdang lipunan, sa matagalan, hindi maaaring mapigil ng mga ideyang iyon ang mga epekto ng ganap na pagbabago sa mga relasyong ito. At liban na lamang kung naniniwala tayo sa supernatural na rebelasyon, dapat nating tanggapin na walang alinmang doktrinang relihiyoso ang makasasapat para suhayan ang bumabagsak na lipunan.

Sa katunayan, nagsisimula nang kumilos muli ang anakpawis maski sa England. Walang dudang natatali sila ng mga tradisyon na iba't ibang tipo. Kabilang dito ang mga tradisyong burges, tulad ng maaari lamang magkaroon ng dalawang partido, ang mga Konserbatibo at mga Liberal, at dapat balangkasin ng uring manggagawa ang kanyang kaligtasan sa pamamagitan ng dakilang Partido Liberal. Kabilang din ang mga tradisyon ng mga manggagawa na minana pa mula sa kanilang unang tentatibong mga pagsisikap sa independyenteng aksyon, gaya ng pagpupwera mula sa naparaming lumang mga unyon ng mga aplikante na hindi nagdaan sa isang regular na pag-aaprentis; nangangahulugan ito ng pagluluwal ng sarili nitong impeksyon sa pamamagitan ng lahat ng gayong unyon. Pero sa kabila ng lahat ng ito, kumikilos ang uring manggagawang Ingles, gaya ng kailangang malungkot na iulat ni Propesor Brentano sa kanyang mga kapatid na *Katheder-Sosyalista*. Kumikilos ito nang may mabagal at sukat na hakbang, tulad ng lahat ng bagay sa England, may pag-aatubili dito, at humigit-kumulang ay di mabunga at tentatibong mga pagtatangka naman doon. Kumikilos ito maya't maya nang may napakaingat na kawalang tiwala sa ngalan ng sosyalismo, habang unti-unti naman nitong kinukuha ang esensya nito; at lumalaganap at nakukuha nito ang sunud-sunod na hanay

ng mga manggagawa. Ginising na ito mula sa pagkatulog ang walang kasanayang mga manggagawa ng Dulong Silangan ng London, at alam na natin ang malakas na tulak na ibinigay naman ng bagong mga pwersang ito. at kung ang bilis ng kilusan ay hindi nakakasabay sa kawalang tiyaga ng ilang tao, huwag naman nilang kalilimutan na ang uring manggagawa ang nagpapanatiling buhay sa pinakamahuhusay na katangian ng pagkataong Ingles, at sa pangkalahatan, kapag may natamong hakbang pasulong sa England, hindi na ito mawawala pagkatapos. Kung ang mga anak ng unang mga Chartist ay hindi makakatugon sa mga kadahilanang nabanggit sa itaas, ang kanilang mga apo naman ang magsisikap na maging karapat-dapat sa kanilang mga ninuno.

Pero hindi nakasalalay sa England lamang ang tagumpay ng uring manggagawa ng Europa. Matatamo lamang ito sa kooperasyon ng England, France at Germany sa pinakamenos. Sa dalawang huling nabanggit na bayan, nauuna ang kilusan ng uring manggagawa kaysa England. Sa Germany, nalalapit nga ito sa tagumpay. Walang kapantay ang mga pagsulong nito sa nakaraang dalawampu't limang taon. Mas bumibilis ang pagsulong nito. Kung kalunus-lunos ang kakulangan ng panggitnang uri ng Germany sa pampulitikang kapasidad, disiplina, kagitingan, enerhiya at pagpupursigi, nagkapagbigay naman ang uring manggagawa ng Germany ng sapat-sapat na katibayan ng mga katangiang ito. Ang Germany ang pinagsimulaan ng unang pag-aalsa ng panggitnang uri ng Europa may apatnaraang taon na ang nakalilipas; sa lagay ng mga bagay-bagay ngayon, hindi kaya posible na ang Germany rin ang maging tanghalan ng unang dakilang tagumpay ng proletaryado ng Europa?

F. ENGELS

*Abril 20, 1892*

## SOSYALILSMO: UTOPYAN AT SYENTIPIKO

## I

Ang modernong sosyalismo, sa esensya, ay ang tuwirang produkto ng pagkilala sa makauring mga antagonismong umiiral sa kasalukuyang lipunan sa pagitan ng mga may pag-aari at walang pag-aari, sa pagitan ng mga kapitalista at mga sahurang manggagawa sa isang banda, at sa anarkiyang umiiral sa produksyon sa kabilang banda. Ngunit sa anyo nito sa teorya, unang lantarang lumitaw ang modernong sosyalismo bilang isang mas lohikal na ekstensyon ng mga prinsipyong inilatag ng dakilang mga pilosopong Pranses ng ikalabingwalong siglo. Tulad ng lahat ng bagong teorya, kinailangan munang umugnay ang modernong sosyalismo sa umiiral na mga kaisipan, gaano man kalalim na nakaugat ito sa materyal na pang-ekonomyang datos.

Ang dakilang mga tao na sa France ay naghanda sa isipan ng mga tao para sa napipintong rebolusyon ay mga sukdulang rebolusyonista mismo. Wala silang kinilalang anumang eksternal na awtoridad. Ang relihiyon, syensyang pangkalikasan, ang lipunan, ang mga institusyong pampulitika—lahat ay ipinaiilalim nila sa walang awang pagsusuri; kailangang patunayan ng lahat ang pag-iral nito sa paghuhukom ng katwiran at kung hindi'y huwag nang umiral. Katwiran ang naging tanging sukatan ng lahat ng bagay. Iyon ang panahon, ani Hegel, na nakatayo sa ulo ang daigdig*; una sa pakahulugang ang ulo ng tao at ang mga prinsipyong naabot sa pamamagitan ng pag-iisip nito ang sinasabing batayan ng lahat ng pagkilos at pagsasama-sama ng tao; ngunit nang lumaon, sa mas malawak na pagpapakahulugan na ang realidad na kasalungat ng mga prinsipyong ito ay talagang kailangang itiwarik. Lahat ng anyo ng lipunan at estado na umiiral noon, lahat ng lumang tradisyunal na ideya, ay ibinasura dahil labag sa rason; hanggang sa kasalukuyan ay hinahayaan ng daigdig na pangunahan ang sarili ng mga maling akala; ang lahat ng bagay sa nakaraan ay dapat lamang hamakin at kamuhian. Ngayon, sa unang pagkakataon, sumilay ang liwanag ng araw, ang kaharian ng katwiran: magmula ngayon hahalinhan ang pamahiin, inhustisya, pribilehiyo at pang-aapi ng eternal na katotohanan, eternal na karapatan, at pagkakapantay-pantay batay sa kalikasan at sa di maaalis na mga karapatang pantao.

---

*Isa itong pangungusap mula sa Rebolusyong Pranses: “Ipinaramdam agad ng kaisipan, ng konsepto ng batas, ang sarili, at laban dito, hindi makalaban ang lumang tinutuntungan ng mali. Samakatwid, sa konseptong ito ng batas, naitatag na ngayon ang isang konstitusyon, at magmula ngayon, dapat ibatay dito ang lahat. Dahil nasa kalawakan ang araw, at umiikot sa kanya ang mga planeta, hindi pa nakikita ang panooring nakatayo sa ulo ang tao—ibig sabihin, sa ideya—at binubuo sa ganitong larawan ang realidad. Si Anaxagoras ang unang nagsabi na naghahari sa daigdig ang *Nous*, ang rason; pero ngayon, sa kauna-unahang panahon, kinikilala ng tao na dapat pagharian ng Ideya ang realidad sa isip. At ito’y isang napakagandang bukang-liwayway. Lahat ng nag-iisip ay lumahok sa pagdiriwang sa banal na araw na ito. Nangibabaw sa tao ang

isang banal na damdamin sa panahong iyon, nilipos ang daigdig ng kasigasigan ng rason, na para bang natamo na ang rekonsilyasyon ng Prinsipyong Dibino at ng daigdig." [Hegel: *Pilosopiya ng Kasaysayan*, 1840, p. 533.] Hindi ba't napapanahon nang gamitin ang Batas Laban sa Sosyalismo laban sa gayong subersibong mga itinuturo at laban sa panganib sa lahat na si yumaong Propesor Hegel?

---

Batid natin ngayon na ang kahariang ito ay walang iba kundi ang ang minimithing kaharian ng burgesya; na ang eternal na katarungang ito ay nagkaroon ng kaganapan bilang burges na katarungan; na ang pagkakapantay-pantay na ito ay ginawang burges na pagkakapantay-pantay sa batas; na ang burges na propyedad ay idineklara bilang isa sa likas na mga karapatan ng tao; at ang gubyerno ng katwiran, ang *Contrat Social* ni Rousseau, ay nagkabuhay at magkakabuhay lamang, bilang isang burges-demokratikong republika.[33] Tulad ng mga nauna sa kanila, hindi makalalampas ang mga dakilang pilosopo ng ikalabingwalong siglo sa mga hangganang ipinapataw sa kanila ng kanilang panahon.

Subalit kasabay ng antagonismo ng pyudal na nobilidad at ng mga *burghers*, na nagsasabing kinakatawan nila ang lahat ng iba pang sektor ng lipunan, naririyan ang pangkalahatang antagonismo sa pagitan ng mga nagsasamantala at pinagsasamantalahan, ng mayaman mayayamang walang ginagawa at maralitang mga manggagawa. Ang sirkunstansyang ito ang dahilan kung bakit naging posible na iharap ng mga kinatawan ng burgesya ang sarili bilang kinatawan hindi lamang ng isang espesyal na uri, kundi ng buong nagdurusang sangkatauhan. Dagdag pa. Magmula nang sumulpot ang burgesya, pasan na nito ang kanyang kasalungat: hindi maaaring mabuhay ang mga kapitalista nang walang mga sahurang manggagawa, at, kung gaano umunlad ang midyebal na *burgher* ng mga gremyo tungo sa pagiging modernong burges, gayundin umunlad, sa labas ng mga gremyo, ang mga *journeyman* at ang mga arawang trabahador tungo sa pagiging proletaryo. At bagaman sa kabuuan ay masasabi ng burgesya, sa pakikibaka nito laban sa nobilidad, ay kasabay nitong kinakatawan ang mga interes ng iba't ibang uring anakpawis ng panahong iyon, sa bawat malaking kilusang burges ay may independyentong silakbo ang uring iyon na humigit-kumulang ay maunlad nang ninuno ng modernong proletaryo. Ilang halimbawa ang mga Anabaptists at si Thomas Munzer noong panahon ng Repormasyong German at Digmang Magsasaka;[34] ang *Levellers* noong panahon ng dakilang Rebolusyong Ingles;[35] at si Baboeuf sa panahon ng dakilang Rebolusyong Pranses.

May teoretikal na mga pagpapaliwanag na katapat ng mga rebolusyonaryong pag-aalsang ito ng isang uring hindi pa maunlad; noong ikalabing-anim at ikalabimpitong siglo, may mga larawang utopyan ng napakagandang mga kalagayang panlipunan;[36] noong

ikalabingwalong siglo, may aktwal na mga teoryang komunistiko (nina Morelly at Mably). Hindi na limitado lamang sa mga karapatang pampulitika ang hinihinging pagkakapantay-pantay; pinasaklaw rin ito sa mga kalagayang panlipunan ng bawat tao. Hindi na makauring mga pribilehiyo lamang ang hinihinging pawiin, kundi ang mismong mga pagkakaiba-iba sa uri. Isang Komunismo na asetiko, nagkakait sa sarili nang lahat ng karangyaan sa buhay, at may simpleng pamumuhay, ang unang anyo ng bagong doktrina. Sumunod dito ang tatlong dakilang Utopyan: si Saint-Simon, na may kaunti pang kabuluhan ang kilusan ng panggitnang uri, kasabay ng proletaryong kilusan; si Fourier; at si Owen, na nagbalangkas ng kanyang mga panukala para sa sistematikong pag-aalis ng pagkakaiba-iba sa uri at nang tuwirang kaugnay ng materyalismong Pranses, sa bansang pinakamaunlad ang kapitalistang produksyon, at sa impluwensya ng mga antagonismong ibinunga nito.

Isang bagay ang komun sa tatlo. Wala ni isa man sa kanila ang lumabas bilang kinatawan ng mga interes ng proletaryado na nalikha na ng istorikong pag-unlad sa panahong iyon. Tulad ng mga pilosopong Pranses, hindi nila sinasabing isang uri lamang muna ang palalayain, kundi ang buong sangkatauhan kaagad. Tulad nang mga iyon, gusto nilang papasukin ang kaharian ng katwiran at eternal na katarungan, pero ang kahariang ito, sa tingin nila, ay sinlayo ng langit sa lupa ng sa mga Pilosopong Pranses.

Kasi, para sa tatlo nating mga taga-reporma ng lipunan, ang burges na daigdig, ayon sa kanilang prinsipyo, ay hindi rin wala sa katwiran at hindi makatarungan, at kung gayon, madali rin itong maibabasura, tulad ng pyudalismo at ng lahat ng naunang mga yugto ng lipunan. Kung mula't sapul man ay hindi naghari sa mundo ang purong katwiran at ang katarungan, nagkaganoong lamang naman dahil hindi wastong naunawaan ng mga tao ang mga iyon. Ang kulang ay ang isang matalinong tao, na isinilang na ngayon at nakakaunawa sa katotohanan. Ang pangyayaring nagkabuhay na siya ngayon, na malinaw na ngayong nauunawaan ang katotohanan, ay hindi isang pangyayaring likas na ibubunga ng pagkakasunud-sunod na pag-unlad ng kasaysayan, manapa'y isa lamang magandang aksidente. Pwede ring nabuhay siya noon pang limandaang taon sa nakaraan, at hindi na sana dumanas ang sangkatauhan sa limandaang taong pagkakamali, digmaan at hilahil.

Nakita natin kung paano ang mga pilosopong Pranses ng ikalabingwalong siglo, ang mga ninuno ng Rebolusyon, ay dumulog sa katwiran bilang ang tanging hukom ng lahat ng bagay. Kailangang itatag ang isang rasyunal na gubyerno at rasyunal na lipunan; hindi dapat panghinayangang ibasura ang lahat ng bagay na salungat sa eternal na katwiran. Nakita rin natin na sa katunayan, ang eternal na katwirang ito ay walang iba kundi ang ideyal na pagkakaunawa sa mamamayan ng ikalabingwalong siglo na noon ay nahuhubog pa lamang bilang burges. Binigyang kaganapan ng Rebolusyong Pranses ang rasyunal na lipunan at gubyernong ito.

Subalit ang bagong kaayusan, na rasyunal kung ihahambing sa naunang mga kalagayan, ay lumabas na malayo sa pagiging lubos na rasyunal. Ganap na gumuho ang estadong nakabatay sa rason. Nagkaroon ng katuparan ang *Contrat Social* ni Rousseau sa *Reign of Terror*,[37] na pinagkublihan ng burgesyang nawalan ng tiwala sa sariling kakayahan sa pulitika, una, sa kabulukan ng Directorate,[38] at sa huli, sa ilalim ng bagwis ng despotismong Napoleon. Ang ipinangakong walang hanggang kapayapaan ay naging isang walang katapusang mga digma ng pananakop. Hindi rin naging mas mabuti ang lipunang nakabatay sa rason. Sa halip na malusaw tungo sa kasaganaan ng lahat, ang antagonismo sa pagitan ng mayaman at mahirap ay lalong pinaigting ng pagpawi sa mga gremyo at sa mga pribilehiyong kaakibat niyon, na sa isang antas ay nakapagpahupa ng antagonismo, at sa pagpawi sa mga institusyong pangkawanggawa ng Simbahan. Ang "paglaya ng pag-aari" sa pyudal na kadena na ngayo'y halos nakamit na, para sa maliliit na kapitalista at maliliit na propetaryo, na dinurog ng napakalakas na kompetisyon ng malalaking kapitalista at mga panginoong maylupa, ay naging kalayaan para ibenta ang kanilang maliit na ari-arian sa mga malalaking panginoong ito. Sa gayon, para sa maliliit na kapitalista at mga magsasakang nagmamay-ari, iyon ay naging "kalayaan mula sa pag-aari". Ginawa ng pag-unlad ng industriya ayon sa kapitalistang batayan bilang kondisyon ng pag-iral ng lipunan ang karalitaan at pagdurusa ng masang anakpawis. Sa mga salita ni Carlyle, "lalong naging bayaran sa pera ang tanging relasyon ng tao sa tao." Dumadami ang krimen sa bawat taong magdaan. Dati-rati, lantarang lumalaganap ang piyudal na mga bisyo; bagamat hindi pa napapawi, papawala na ang mga ito ngayon. Kapalit ng mga ito, ibayong lumaganap ang burges na mga bisyo na noong una ay palihim lamang kung gawin. Sa papataas na antas, ang kalakalan ay nagiging dayaan. Ang "kapatiran" sa rebolusyonaryong isloganay nagkaroon ng katuparan sa lokohan at ribalan sa larangan ng kompetisyon.[39] Ang marahas na panunupil ay hinalinhan ng katiwalian; ang espada bilang unang panikwas o lakas panlipunan, ay hinalinhan ng ginto. Ang karapatan sa unang gabi ng mga panginoong pyudal ay nalipat sa burges na mga tagamanupaktura. Lumaganap ang prostitusyon sa tinding hindi pa nangyari kailanman. Tulad ng dati, nanatili ang matrimonya tulad ng dati bilang ligal na anyo, bilang upisyal na balabal ng prostitusyon, at bukod pa rito'y dinagdagan ng samutsaring anyo ng pangangalunya.

Sa isang salita, kung ihahambing sa matatamis na pangako ng mga pilosopo, ang mga institusyong panlipunan at pampulitikang iniluwal ng "tagumpay ng katwiran" ay naging nakalulungkot na mga karikatura. Ang kulang na lamang ay ang mga taong maglalahad ng mga kabiguang ito na dumating naman pagpasok ng bagong siglo. Noong 1802 nalathala ang mga "Liham mula sa Geneva" ni Saint-Simon; noong 1808 nalathala ang unang akda ni Fourier, bagamat noong pang 1799 nailatag ang pundasyon ng kanyang teorya; noong Enero 1, 1800 pinamatnugutan ni Richard Owen ang pabrika ng bulak sa New Lanark.

Ngunit sa panahong ito, hindi pa ganap na maunlad ang kapitalistang moda sa produksyon, at ang antagonismo ng burgesya at proletaryado na kaakibat nito. Ang modernong industriya na kasusulpot pa lamang sa England ay hindi pa alam sa France. Gayunman, pinauunlad ng modernong industriya, sa isang banda, ang mga tunggaliang nagtatakda sa pangangailangan ng rebolusyon sa moda sa produksyon at pagpapawi sa kapitalistang katangian nito—mga tunggaliang hindi lamang sa pagitan ng mga uring isinilang nito, kundi pati mismo sa pagitan ng mga likha nitong pwersa sa produksyon at mga anyo ng palitan. At sa kabilang banda, pinauunlad nito sa mismong naglalakihang mga pwersa sa produksyong ito ang mga paraan para mawakasan ang mga tunggaliang ito. Samakatuwid, kung noong taong 1800 ay nagsisimula pa lamang magkahugis ang mga tunggaliang lumilitaw mula sa bagong sistemang panlipunan, lalo namang totoo ang ganito kaugnay ng mga paraan ng paglutas sa mga iyon. Sa panahon ng Reign of Terror, nagawa ng mga "walang pag-aaring" mamamayan ng Paris na pansamantalang magwagi, at sa gayon ay pamumuan ang rebolusyong burges sa kabila ng burgesya mismo. Ngunit sa pagsasagawa nang gayon, napatunayan lamang nila kung gaano kaimposibleng manatili ang kanilang paghahari sa ilalim ng mga kalagayang umiiral noon. Ang proletaryado, na noon ay umunlad sa kauna-unahang pagkakataon mula sa mga "walang pag-aaring" masa bilang nukleyo ng isang bagong uri, na noo'y wala pang kakayahan para sa independyenteng aksyong pampulitika ay naging isang api at nagdurusang orden, at sa kawalan nito ng kakayahang tulungan ang sarili, makapagbibigay ng tulong sa pinakamainam, mula sa labas o galing sa itaas.

Nadomina rin ng istorikong kalagayan ang mga tagapagtatag ng Sosyalismo. Sa krudong mga kalagayan ng kapitalistikong proudksyon at sa krudong mga kalagayan sa uri may katapat na krudong mga teorya. Tinangka ng mga utopyan na iluwal ng utak ng tao ang solusyon sa mga suliraning panlipunan na nakakubli pa noon sa di pa maunlad na kalagayan sa ekonomya. Pawang kalisyaan ang ipinakikita ng lipunan; ang pawiin ang mga ito ang tungkulin ng katwiran. Kung gayon, kailangang makatuklas ng isang bago at mas perpektong sistema ng kaayusang panlipunan at ipataw ito sa lipunan mula sa labas sa pamamagitan ng propaganda, at saanman posible, sa pamamagitan ng halimbawa ng mga modelong eksperimento. Hindi pa man naguumpisa ay tiyak nang mabibigo ang bagong mga sistemang panlipunang ito bilang utopyan; kung mas kumpleto ang mga detalye ng pagkakabalangkas ng mga iyon, mas lalong hindi maiwasan ng mga iyon ang magpatianod sa purong mga pantasya.

Pagkatapos mapatunayan ang mga bagay na ito, hindi na tayo dapat manatili nang kahit isa mang sandali sa bahaging ito ng usapin na ganap na bahagi na ng lumipas. Bahala na ang pipitsuging mga manunulat [tulad ni Dühring] na taimtim na busisiin ang mga pantasyang ito, na ikinangingiti na lamang natin ngayon, at ipagmalaki ang superyoridad

ng kanilang sariling simpleng pangangatwiran kung ihahambing sa gayong "kabaliwan". Sa sa amin, natutuwa naman kami sa kamangha-manghang matatayog na kaisipan at mga binhing kaisipan na naglalabasan sa kanilang kukote na hindi makita ng mga pilistinong ito.

Si Saint-Simon ay anak ng dakilang Rebolusyong Pranses, at wala pa siyang trenta anyos nang iyon ay sumambulat. Ang rebolusyon ay tagumpay ng *third estate* (ikatlong uri), ibig sabihin, ng malawak na masa ng bansa na *kalahok* sa produksyon at kalakalan, laban sa mga uring *walang ginagawa*—ang mga maharlika at ang mga pari.[41] Ngunit di nagtagal ay nabunyag na ang tagumpay ng *ikatlong uri* ay tagumpay lamang ng maliit na bahagi ng "uring" ito, bilang ang pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika ng seksyon niyon na pribilehiyado sa lipunan, ang burgesyang may ari-arian. At mabilis ngang umunlad ang burgesya sa panahon ng rebolusyon, sa isang banda, sa pamamagitan ng ispekulasyon sa mga lupain ng nobilidad at ng Simbahan na kanilang kinumpiska at ipinagbili pagkatapos; sa kabilang banda, sa pamamagitan ng pandaraya sa bansa sa mga kontratang militar. Ang pangingibabaw ng mga manggagantsong ito ang nagdala sa France sa bingit ng pagkawasak sa panahon ng Directorate, at sa gayon ay nagbigay kay Napoleon nang dahilang para sa kanyang *kudeta*.

Kung gayon, para kay Saint-Simon, nagkahugis ang antagonismo sa pagitan ng ikatlong uri at ng pribilehiyadong mga uri bilang antagonismo ng “mga manggagawa” at ng “mga walang ginagawa". Ang mga walang ginagawa ay hindi lamang ang lumang pribilehiyadong mga uri kundi pati ang lahat ng taong hindi kalahok sa produksyon o distribusyon pero nabubuhay mula sa kita nito. At ang mga manggagawa ay hindi lamang ang mga sahurang manggagawakundi pati ang mga tagamanupaktura, komersyante at bangkero. Pinatunayan at ganap na nilutas ng rebolusyon na wala nang kapasidad sa intelektwal na pamumuno at pampulitikang pangingibabaw ang mga walang ginagawa. Para kay Saint-Simon, pinatunayan ng mga karanasan ng *Reign of Terror* (Paghahari ng Sindak) na walang gayong kakayahan ang mga uring walang ari-arian. Kung gayon, sino ang mamumuno at magmamando? Ayon kay Saint-Simon, ang syensya at ang industriya, kapwa pinagbigkis ng isang bagong buklod sa relihiyon, na nakatadhanang magpapanumbalik sa pagkakaisang iyon ng mga kaisipang relihiyoso na nawala mula sa panahon ng Repormasyon—isang "bagong Kristiyanidad" na kinakailangang maging mistiko at napakahirarkikal. Ngunit kung syensya, iyon ay ang mga iskolar, at kung industriya naman, una sa lahat, iyon ay ang mga burges na kalahok sa produksyon, ang mga tagamanupaktura, komersyante at bangkero. Mangyari pa, sa tingin ni Saint-Simon, ang burgesyang ito ay magiging isang tipo ng mga upisyal ng bayan o mga tagapangalaga ng lipunan; ngunit mananatili pa rin ang kanilang nangingibabaw pribilehiyado sa ekonomyang katayuan *kaharap* ng mga manggagawa. Iaatang laluna sa mga bangkero ang pamamatnugot sa kabuuan n g produksyong panlipunan sa pamamagitan ng regulasyon

ng pautang. Ang pananaw na ito ay tugmang-tugma sa isang panahong nagsisimula pa lamang lumitaw ang modernong industriya sa France, at kaakibat nito, ang gawak sa pagitan ng burgesya at proletaryo sa modernong industriya ng Pransiya. Ang pinakadiinan ni Saint Simon ay ito: ang mahalaga sa kanya una sa lahat ay ang kapakanan ng uri na pinakamalaki ang bilang at pinakamaralita ("*le class la plus nombreus et la plus pauvre*").

Sa kanyang "Mga Liham mula sa Geneva", inilatag na ni Saint Simon ang proposisyon na "dapat magtrabaho ang lahat ng tao". Sa akdang ito, itinuring din niya na ang *Reign of Terror* (Paghahari ng Sindak) ay paghahari ng masang walang ari-arian. "Tingnan ninyo," aniya sa mga ito, "kung ano ang nangyari sa France noong maghari doon ang iyong mga kasamahan; nagdulot sila ng taggutom."Gayunman, ang pagkilala na ang Rebolusyong Pranses bilang isang makauring digmaan, at hindi simpleng sa pagitan lamang ng nobilidad at burgesya, kundi sa pagitan ng nobilidad, burgesya at ng mga walang ari-arian, ay isa nang napakatayog na tuklas noong taong 1802. Noong 1816, ipinahayag niya na ang pulitika ay ang syensya ng produksyon, at sinabi na ang ganap na paglamon ng ekonomya sa pulitika. Dito'y binhi pa lamang ang kaalaman na ang mga kalagayan sa ekonomya ang batayan ng mga institusyon sa pulitika. Ngunit napakalinaw nang sinasaad dito ang pananaw tungkol sa mangyayaring transpormasyon ng pampulitikang paghahari sa mga tao tungo sa administrasyon ng mga bagay at sa pagdidirihe sa mga proseso ng produksyon—ibig sabihin, ang "paglalaho ng estado", na naging maalingasngas na usapin nitong kamakailan lamang.

Ganoon ding superyoridad sa kanyang mga kontemporaryo ang ipinamalas ni Saint Simon noong 1814, pagkatapos na pagkatapos na pumasok ang mga pwersang alyado sa Paris [noong Marso 31], at muli noong 1815 sa panahon ng Hundred Days War,[42] ipahayag niya na ang alyansa ng France at ngEngland, at pagkatapos, ang pakikipag-alyansa ng dalawang bansang ito saGermany, ang tanging garantiya para sa masaganang pag-unlad at kapayapaan ng Europa. Ang mangaral sa mga Pranses noong 1815 na makipag-alyansa sa mga nanalo sa Waterloo ay nangangailangan ng lakas ng loob na sintindi talas ng isip sa kasaysayan.

Kung nakitaan natin si Saint Simon ng isang pananaw na komprehensibo ang lawak, kung kaya halos lahat ng ideya ng sumunod na mga sosyalista na hindi ganap na pang-ekonomya ay makikita natin sa kanya sa binhi, kakikitaan naman natin si Fourier ng isang kritisismo sa umiiral na mga kalagayan ng lipunan, na tunay na Pranses at mapagbiro, pero kahit gayon ay matalas. Sineryoso ni Fourier ang salita ng burgesya, ng kanilang inspiradong mga propeta bago magrebolusyon, at bayarang mga tagapuri pagkatapos niyon. Walang pakundangan niyang inilantad ang materyal at moral na karukhaan ng burges na daigdig. Ihinarap niya sa mga ito ang pagkagagandang mga pangako ng

naunang mga pilosopo tungkol sa isang lipunang tanging ang katwiran ang maghahari, tungkol sa isang sibilisasyong babalot sa lahat ang kaligayahan, tungkol sa isang walang hanggang kalubusan ng tao; ihinarap niya sa mga ito ang matatamis na salita ng mga ideolohistang burges ng kanyang panahon. Ipinakita niya kung paanong sa lahat ng dako'y uugma ang pinakamalungkot na katotohanan sa pinakamasasayang pananalita, at ginagapi niya ang walang pag-asang pagkabigong ito ng masakit na pang-uuyam.

Si Fourier ay hindi lamang isang kritiko; siya'y isang satiriko dala ng kanyang kahinahunan, at tiyak na isa sa pinakamagagaling na satiriko ng lahat ng panahon. Inilarawan niya, nang may pantay na lakas at galing, ang mga mapanlinlang na ispekulasyon na lumaganap nang bumagsak ang rebolusyon, at ang utak-magtitingi na nangingibabaw sa at katangian ng komersyong Pranses noong panahong iyon. Lalong matalas ang kanyang kritisismo sa burges na anyo ng relasyon ng babae at lalaki at sa katayuan ng babae sa lipunan. Siya ang unang nagsabi na sa alinmang lipunan, ang antas ng paglaya ng kababaihan ang likas na sukatan ng pangkalahatang paglaya.

Subalit nasa kanyang pag-unawa sa kasaysayan ng lipunan ang sukdulang galing ni Fourier. Hinati-hati niya ang buong takbo nito hanggang sa kasalukuyan sa apat na yugto ng ebolusyon o likas na pagsulong—kabangisan, barbarismo, patriarkiya at sibilisasyon. Ang panghuling yugtong ito ay iyon ding tinatawag na lipunang sibil o lipunang burges ng kasalukuyan—ibig sabihin, iyon ding sistemang panlipunang kasabay na sumulpot sa ikalabing-anim na siglo. Pinatunayan niya "na pinaunlad ng sibilisadong yugto ang lahat ng bisyong ginagawa ng barbarismo sa simpleng paraan bilang isang anyo ng buhay na masalimuot, walang linaw, kabilanin at ipokrito"—na paikot-ikot lamang ang takbo ng sibilisasyon sa mga kontradiksyong tuluy-tuloy nitong nalilikha nang hindi nito magawang lutasin; kaya palagi itong nauuwi sa kabaligtaran ng gusto nitong makamit, o kaya'y nagkukunwaring gusto nitong makamit, kung kaya, halimbawa, "sa ilalim ng sibilisasyon ang karukhaan ay bunga mismo ng sobrang kayamanan".

Gaya ng ating nakikita, ginagamit ni Fourier ang diyalektikong pamamaraan nang kasing-husay ng paggamit ng kanyang kontemporaryong si Hegel. Sa paggamit ng diyalektikang ito, laban sa usap-usapan tungkol sa walang hanggang kalubusan ng tao, ikinatwiran niyang ang bawat yugto ng kasaysayan ay may sariling panahon ng pagsikat at panahon ng paglubog, at inilapat niya ang obserbasyong ito sa hinaharap ng buong sangkatauhan. Gaya nang pagpapasok ni Kant sa syensyang pangkalikasan ng ideya ng ultimong pagkawasak ng daigdig, ipinasok naman ni Fourier sa syensyang pangkasaysayan ang ultimong pagkawasak ng sangkatauhan.

Samantalang humahaplit sa France ang daluyong ng rebolusyon, nagaganap naman sa England ang isang rebolusyong mas tahimik ngunit ganoon din katindi. Itinatransporma

ng *steam* at bagong makinaryong gumagawa ng mga instrumento ang manupaktura bilang modernong industriya, at kung gayon, nirerebolusyonisa ang buong pundasyon ng burges na lipunan. Ang makupad na pagsulong ng pag-unlad ng panahon ng manupaktura ay naging isang panahon ng sagsag at daluyong ng produksyon. Tuluy-tuloy ang pabilis nang pabilis na pagkakahati ng lipunan sa malalaking kapitalista at walang ari-ariang mga manggagawa. Sa pagitan ng mga ito, sa halip ng dating matatag na panggitnang uri, walang katiyakan sa buhay ngayon ang isang mabuway na masa ng mga artisano at may-tindahan, ang bahagi ng populasyon na pinakamatindi ang akyat-panaog.

Subalit nasa umpisa pa lamang ng panahon ng pagsikat ang bagong sistema ng produksyon; sa panahong ito, ito ang normal at regular na paraan ng produksyon--ang tanging posibleng paraan sa ilalim ng umiiral na mga kalagayan. Gayunpaman, kahit noon, lumilikha na ito ng naghuhumiyaw na mga abusong panlipunan—ang pagtitipon ng populasyong walang matirhan sa pinakamasahol na bahagi ng naglalakihang kabayanan; ang paghina ng lahat ng tradisyunal na relasyong moral, ng patriyarkal na subordinasyon, ng mga relasyon ng pamilya; sobrang pagtatrabaho, lalo na ng kababaihan at kabataan sa nakakatakot na tindi; ganap na demoralisasyon ng uring manggagawa, na bigla na lamang pinagsama-sama sa mga kalagayang ganap na bago, mula sa nayon tungo sa bayan, mula sa agrikultura tungo sa modernong industriya, mula sa panatag na pamumuhay tungo sa buhay na walang katiyakan na nagbabago sa araw-araw.

Sa panahong ito pumasok sa eksena bilang isang tagareporma ang isang dalawampu't siyam na taong gulang na tagamanupaktura—isang taong busilak ang puso at parang bata kasimple ang pag-uugali, at kasabay nito'y isa sa iilang tunay na lider ng tao. Itinaguyod ni Robert Owen ang mga itinuturo ng materyalistang mga pilosopo: na sa isang banda, ang pag-uugali ng tao ay bunga ng pag-uugaling mana sa magulang; sa kabilang banda, ng kapaligirang ng isang tao habang siya'y nabubuhay, at laluna sa panahong siya ay nagkakaisip. Sa rebolusyong industriyal ang nakikita lamang ng halos lahat ng kanyang mga kauri ay ang kaguluhan at kalituhan, at ang oportunidad na mangisda sa magulong tubig na ito at mabilis na makapagpayaman nang husto. Nakita niya rito ang pagkakataong maisapraktika ang paborito niyang teorya, at sa gayon ay makalikha ng kaayusan mula sa kaguluhan. Matagumpay niya itong sinubukan, bilang tagapamahala ng mahigit 500 tao sa isang pabrika sa Manchester. Mula 1800 hanggang 1829, pinangasiwaan niya ang isang malaking buliran ng bulak sa New Lanark, Scotland bilang tagapangasiwang kasosyo na pinamalakad niya tulad ng una, pero nang may mas maluwag na kalayaan sa pagkilos at matagumpay kung kaya't naging bantog siya sa buong Europa. Ginawa niyang isang modelong kolonya ang isang populasyon na noong una'y binubuo ng iba't ibang tipo at sa kalakha'y mga demoralisadong tao, isang populasyong dahan-dahang lumaki sa 2,500, isang modelong pamayanan kung saan

walang paglalasing, pulis, mga hukom, mga sakdal, mahihinang batas, at kawanggawa. At ang lahat ng ito ay nangyari sa pamamagitan lamang ng paglalagay sa mga tao sa makataong katayuan, lalo na sa pamamagitan nang maingat na pagpapalaki sa sumisibol na henerasyon. Siya ang tagapagtatag ng mga paaralan para sa mga sanggol na inumpisahan niya sa New Lanark. Sa gulang na dalawang taon, pumapasok na sa paaralan ang mga bata kung saan ang mga ito ay wiling-wili kung kaya ang hirap nilang pauwiin sa bahay. Habang pinagtatrabaho ng kanyang mga kakumpitensya ang kanilang tauhan sa loob ng labintatlo o labing-apat na oras bawat araw, sa New Lanark, ang araw paggawa ay sampu at kalahating oras lamang. Nang patigilin ng krisis sa bulak ang trabaho sa loob ng apat na buwan, buung-buong natanggap ng mga manggagawa ang kanilang sahod para sa buong panahong iyon. At samantalang ganito, mahigit doble ang inilaki ng negosyo, at hanggang sa huli ay nakapagbigay ng malaking tubo sa mga may-ari nito.

Hindi kuntento si Owen sa kabila ng lahat ng ito. Sa tingin niya ang buhay na ibinibigay niya sa kanyang mga manggagawa ay malayo pa rin sa nararapat para sa tao. "Ang mga tao ay mga aliping ako ang makapangyayari."Ang relatibong magandang katayuang pinaglagyan niya sa kanila ay malayung-malayo pa para mangyari ang isang rasyunal na pag-unlad ng pag-uugali at ng pag-iisip sa lahat ng direksiyon, lalo na ang malayang paggamit ng lahat ng kanilang kakayahan."Gayunman ang bahaging nagtatrabaho ng populasyong ito ng 2,500 na tao ay araw-araw na lumilikha ng kayamanan araw-araw para sa lipunan na wala pang kalahating siglo ang nakararaan ay nangangailangan ng nagtatrabahong bahagi ng anim na raang libo kataong populasyon para malikha ang singdaming kayamanan. Itinanong ko sa aking saarili kung ano ang nangyari sa malalabi sa pagitan ng kayamanang ginamit ng 2,500 kataao at ng gagamitin sana ng 600,000 katao?"*

Malinaw ang kasagutan. Napunta iyon sa mga may-ari ng kompanya bilang limang porsyentong interes sa inilagak nilang puhunan, dagdag sa higit £300,000 na malinis na tubo. At iyong totoo sa New Lanark ay di-hamak na mas totoo sa lahat ng pabrika saEngland. "Kung hindi nalikha ng makinarya ang kayamanang ito, gaanuman kaimperpekto ngpaglalapat nito, hindi sana natustusan ang mga digma ng Europa laban kay Napoleon at para suportahan ang aristokratikong mga panuntunan ng lipunan. Gayunman, ang bagong kapanyarihang ito ay likha ng mga uring anakpawis.”**

Samakatwid, para sa kanila ang mga produkto ng bagong kapangyarihang ito. Ang bagong likhang higanteng pwersa sa produksyon, na mula't sapul ay ginagamit para payamanin ang ilang tao at alipinin angmasa, ay nagbigay din kay Owen ng mga pundasyon para sa rekonstruksyon ng lipunan; nakatadhanang gamitin ang mga ito, bilang pag-aaring komun ng lahat, para sa kagalingang komun ng lahat.

----------------------
*Mula sa "*The Revolution in Mind and Practice* (Ang Rebolusyon sa Isip at Praktika)" pahina 21, isang parangal na nakapatungkol sa lahat ng "pulang republikano, Komunista at Sosyalista ng Europa," at ipinadala sa probisyunal na gubyerno ng France noong 1848, at gayundin kay "Reyna Victoria at sa kanyang responsableng mga tagapayo".
***Ibid*.
---------------------------

Ang komunismo ni Owen ay nakabatay sa lantay na pangnegosyong pundasyong ito, at resulta, sabihin pa, ng kalkulasyong pangkomersyo. Sa lahat ng oras, minantini nito ang praktikal na katangian nito. Kung gayon, noong 1823, nagpanukala si Owen ng panlunas sa karalitan sa Ireland sa pamamagitan ng mga kolonyang Komunista, at gumawa ng kumpletong kwenta ng gagastusin sa pagtatayo sa mga iyon, ng taunang gastos at malamang na kikitain nito. At sa kanyang depinidong plano para sa kinabukasan, ang teknikal na pagbabalangkas sa mga detalye ay pinapamahalaan sa pamamagitan ng praktikal na kaalamang iyon—gaya ng kabuuang plano, kabilang ang hugis mula sa harapan, sa tagiliran at sa itaas—at oras na tanggapin ang panukala ni Owen sa repormang panlipunan, wala nang patatalunan pa sa aktwal na pag-aayos ng mga detalye mula sa praktikal na punto de bista.

Ang pagsulong ni Owen sa komunismo ay bumago sa takbo ng kanyang buhay. Hanggang isa lamang siyang pilantropo, wala siyang naging gantimpala kundi kayamanan, papuri, karangalan at katanyagan. Siya ang pinakapopular na tao sa Europa. Hindi lamang mga kabilang sa kanyang uri, kundi mga lider ng bansa at mga prinsepe ang napapatangong nakikinig sa kanya. Ngunit ibang usapan na iyon nang ipahayag niya ang kanyang komunistang mga teorya. Tatlong malaking sagka ang nakikita niyang mahigpit na haharang sa landas ng repormang panlipunan; ang pribadong pag-aari, ang relihiyon at ang kasalukuyang anyo ng pamilya. Alam niya kung ano ang makakaharap niya kapag binangga niya ang mga ito—uusigin siya ng batas, itatakwil ng upisyal na lipunan, mawawala ang kanyangbuong katayuan sa lipunan. Subalit walang anumang nakapigil sa kanya na banggain ang mga ito nang walang takot sa mga ibubunga, at nangyari ang kanyang nakini-kinita. Itinakwil ng upisyal na lipunan, pinagkaisahang huwang pansinin sa mga pahayagan, bumagsak dahil sa bigong komunistang mga eksperimento sa Amerika, kung saan itinaya niya ang lahat ng kanyang kayamanan, tuwiran siyang bumaling sa uring manggagawa at tuluy-tuloy na kumilos sa kanilang hanay sa loob ng tatlumpung taon. Bawat kilusang panlipunan, bawat tunay na pagsulong ng interes ng mga manggagawa sa England ay nakakabit ang pangalang Robert Owen. Noong 1819, naigiit niya, pagkatapos ng limang taong pakikibaka, ang

unang batas na naglilimita sa oras-paggawa ng kababaihan at kabataan sa pabrika. Siya ang pangulo ng unang kongreso na nagbuklod sa lahat ng unyon ng manggagawa sa England sa iisang malaking na samahan ng mga manggagawa.[44] Sa isang banda, bilang mga hakbang para sa transisyon tungo sa ganap na komunistang organisasyon ng lipunan, pinasimulan niya ang mga kooperatiba para sa pagtitingi at produksyon. Magmula noon, ang mga ito ay nagsilbi kahit paano bilang mga patunay na hindi naman talaga kailangan sa lipunan ang mga komersyante at ang mga tagamanupaktura. Sa kabilang banda, pinasimulan niya ang pagtatayo ng mga tindahan ng mga manggagawa para sa palitan ng mga produkto ng paggawa sa pamamagitan ng paggamit ng *labor notes*, na ang isa ay katumbas ng isang oras ng paggawa;[45] natural na mabibigo ang mga institusyong ito, pero lubos na nakini-kinita nito ang *bank of exchange* ni Proudhon ng nas matagal pang panahon, pero ganap namang naiiba sapagkat hindi sinabi na iyon ang lunas sa lahat ng suliranin ng lipunan, kundi ang unang hakbang lamang tungo sa isang mas radikal na rebolusyon ng lipunan.

Sa loob ng matagal na panahon, nangibabaw ang moda ng pag-iisip ng mga Utopian sa mga sosyalistang ideya ng ikalabinsiyam na siglo, at ilang patuloy pa ring nangingibabaw sa ilan sa mga iyon. Hanggang nitong huli, nagpupugay pa rin dito ang lahat ng sosyalistang Pranses at Ingles. Kabilang dito ang maagang komunismong German, pati ang kay Weitling. Para sa lahat ng ito, ang sosyalismo ay ang ekspresyon ng absolutong katotohanan, katwiran at katarungan, at kailangan lamang matuklasan para mapangibabawan ang buong daigdig sa pamamagitan ng sarili nitong kapangyarihan. At dahil independyente sa panahon, ispasyo at istorikong pag-unlad ng tao ang absolutong katotohanan, aksidente lamang kung saan at kailan ito matutuklasan. Dahil sa lahat ng ito, nag-iiba-iba ang absolutong katotohanan, katwiran at katarungan sa tagapagtatag ng bawat pangkat ng kaisipan. At dahil ang espesyal na klase ng absolutong katotohanan, katwiran at katarungan ay kinukondisyon muli ng kani-kanilang suhetibong pag-unawa, ng mga kalagayan ng kani-kanilang pag-iral, ng abot ng kani-kanilang kaalaman at intelektuwal na pagsasanay, walang ibang posibleng katapusan ang tunggaliang ito ng absolutong mga katotohanan kundi ang ang mutwal na pagpupwera sa isa't isa. Kaya, walang iluluwal ito kundi ang isang tipo ng sosyalismo na eklektiko at karaniwan, na sa katunaya'y nangingibabaw sa isipan ng karmihan ng sosyalistang mga manggagawa sa France at England hanggang sa ngayon. Sa gayon, isang pinaghalu-halong sosyalismo na nagpapahintulot sa napakaraming iba't ibang hibo ng opinyon; isang pinaghalu-halong gayong kritikal na mga pahayag, mga teorya sa ekonomya, mga larawan ng lipunan sa hinaharap ng mga tagapagtatag ng iba't ibang sekta na wala halos makakatutol; isang pinaghalu-halong sosyalismo na mas madaling mabuo habang mas napupudpod ang depinidong matatalas na talim ng indibidwal na kapanalig sa daloy ng pagtatalo, tulad ng binilog na bato sa isang batis.

Para maging syensya ang sosyalismo, kailangan muna itong ilagay sa kongkretong batayan.

## II

Samantala'y sumulpot kasabay at pagkatapos ng pilosopiyang Pranses noong ikalabingwalong siglo ang bagong pilosopiyang German na dumulo kay Hegel. Ang pinakamalaking merito nito ay ang muling paggamit ng diyalektika bilang ang pinakamataas na anyo ng pangangatiwran. Lahat ng pilosopong Griyego noong unang panahon ay likas na mga diyalektisyan, at nasuri na ng pinakakomprehensibong talino sa kanilang lahat, si Aristotle, ang pinakaesensyal na mga anyo ng diyalektikong kaisipan. Sa kabilang banda, ang mas bagong pilosopiya, bagamat mayroon din itong mga magagaling na tagapagbandila ng diyalektika (tulad nina Descartes at Spinoza), ay lalong malalim na nabaon sa tinatawag na metapisikal na sistema ng pag-iisip, na pinatindi pa ng impluwensyang Ingles, at sa pamamagitan nito'y halos ganap na nangibabaw din sa mga Pranses ng ikalabingwalong siglo, anu't anuman, sa kanilang espesyal na akdang pampilosopiya. Gayunpaman, labas ng pilosopiya sa mahigpit na pakahulugan sa salita, nakalikha naman ang mga Pranses ng mga obra maestra ng diyalektika. Halimbawa ng mga ito ang akdang *Le Neveu de Rameau* ni Diderot at ang *Discours sur l'origine et les fondements de l' inegalite parmi les hommes* ni Rousseau. Pasadahan natin ang esensyal na katangian ng dalawang sistemang ito ng pag-iisip.

Kapag pinag-aaralan o nililimi natin ang kalikasan o ang kasaysayan ng sangkatauhan o ang ating sariling intelektwal na aktibidad, ang makikita natin sa umpisa ay isang larawan ng walang katapusang pagkakalubid-lubid ng mga relasyon at reaksyon, mga transpormasyon at kombinasyon, kung saan walang nananatiling kung ano ito dati, kung nasaan ito dati, at tulad ng dati, manapa'y lahat ay gumagalaw, nagbabago, sumusulpot at naglalaho. Samakatwid, sa simula, ang nakikita natin ay ang larawan sa kabuuan, at ang indibidwal na mga bahagi nito ay hindi pa gaanong napag-uukulan ng pansin; napapansin natin ang mga galaw, transisyon, at kuneksyon, sa halip na ang mga bagay na kumikilos, nagsasanib at magkakaugnay. Ang primitibo at payak, ngunit likas na wastong pag-unawa sa daigdig ay pag-unawa ng sinaunang pilosopiyang Griyego, at unang malinaw na inilahad ni Heraclitus: lahat ng bagay umiiral at di umiiral, dahil lahat ay makilos, laging nagbabago, laging sumusulpot at pumapanaw.

Subalit, wasto man ang pag-unawang ito sa paglalahad ng pangkalahatang katangian ng larawan ng mga nakikita sa kabuuan, hindi ito sapat para maipaliwanag ang mga detalyeng bumubuo sa gayong larawan, at hanggang hindi natin nauunawaan ang mga ito, hindi tayo magkakaroon ng malinaw na ideya ng buong larawan. Upang maunawaan

ang mga detalyeng ito dapat nating ihiwalay ang mga ito sa kanilang pangkalikasan o pangkasaysayang relasyon at hiwa-hiwalay na suriin ang bawat isa, ang kalikasan nito, espesyal na mga dahilanat ibinubunga nito, at iba pa. Una sa lahat, ito ay tungkulin ng syensyang pangkalikasan at ng istorikong pananaliksik: mga sangay ng syensya na inilagay sa segundaryong pusisyon ng mga Griyego noong panahong klasiko sa napakatibay na kadahilanan, dahil kailangan muna nilang maglikom ng mga impormasyon para pag-aralan ng mga syensyang ito. Kailangang makalikom muna ng sapat na dami ng impormasyon tungkol sa syensyang pangkalikasan at pangkasaysayan bago makapagsagawa ng anumang kritikal pagsusuri, paghahambing at paghahanay-hanay ayon sa mga *class, order, specie*. Kaya mga Griyego noong panahong Alexandrian ang unang naglatag ng pundasyon ng eksaktong mga syensyang pangkalikasan,[47] at pagkatapos noon, ang mga Arabo sa Kapanahunang Midyebal. Mauugat ang pagsisimula ng tunay na syensyang pangkalikasan sa huling hati ng ikalabinlimang siglo, na pabilis nang pabilis na sumulong mula sa panahong iyon. Ang pagsusuri sa kalikasan sa indibidwal na mga bahagi nito, ang paghahanay ng iba't ibang natural na proseso at mga bagay sa tiyak na mga kaurian, ang pag-aaral sa panloob na anatomya ng organikong mga bagay sa samu't saring mga anyo nito—ang mga ito ang batayang mga kondisyon ng mga higanteng pagsulong ng ating kaalaman tungkol sa kalikasan na natamo sa loob ng nakalipas na apatnaraang taon. Kaya lang, ang paraang sa paggawa na ito ay nag-iwan din sa atin ng pamanang pag-uugali na suriin ang likas na mga bagay at proseso nang bukud-bukod at hiwalay sa kaugnayan nila sa masaklaw na kabuuan; pag-uugali na suriin ang mga ito sa kanilang pagtigil at hindi sa kanilang paggalaw; bilang pamalagian at di bilang nagbabago sa esensya; sa kanilang pagkamatay, at hindi sa panahong nabubuhay. At nang ilipat nina Bacon at Locke ang paraang ito ng pagtingin sa mga bagay-bagay mula sa syensyang pangkalikasan tungo sa pilosopiya, inianak nito ang makitid at metapisikal na paraan ng pag-iisip na katangian ng nakalipas na siglo.

Sa isang metapisisyan, ang mga bagay at ang repleks ng mga iyon sa ating utak, ang mga ideya, ay hiwa-hiwalay, kailangang tingnan nang una-una at nang bukod sa isa't isa, mga paksa ng pagsusuri na pirmi, hindi nagbabago at nakatakda na mula't sapul. Kung mag-isip siya'y sa mga magkakasalungat na absolutong hindi mapagkakasundo. "Ang mga pahayag niya'y 'oo, kung oo'; 'hindi, kung hindi': sapagkat buhat na sa demonyo ang anumang labis pa rito."* Para sa kanya, alinman sa dalawa: ang isang bagay ay umiiral o hindi umiiral; hindi maaaring ang isang bagay ay sabay na ito mismo at iba pa rito. Absolutong ipinupwera ng positibo at negatibo ang isa't isa: ang sanhi at ang epekto ay matigas na kasalungat ng isa't isa.

Sa unang tingin, parang napakalinaw ng paraang ito ng pag-iisip dahil ito iyong sinasabing matibay na sentido komun. Tanging matibay na sentido komun, dahil siya'y kagalang-galang, ang may magagandang adbentura sa pamilyar na kaharian ng sarili

niyang silid kapag nakikipagsasapalaran siya sa malawak na daigdig ng pananaliksik. At sa malao't madali, ang metapisikkal na paraan ng pag-iisip, na kauna-unawa at kailangan sa ilang larangan sa lawak na nag-iiba-iba, depende sa kalikasan ng partikular na bagay na sinusuri, ay bumabangga sa hangganan nito, at nagiging makaisang-panig, makitid, abstrakto at nabubulid sa walang kalutasang mga kontradiksyon. Sa pagmumuni-muni sa indibidwal na mga bagay, nakakaligtaan nito ang ugnayan sa pagitan ng mga ito; sa pagmumuni-muni sa pag-iral ng mga iyon, nakakaligtaan nito ang simula at pagwawakas ng gayong pag-iral; sa pagmumuni-muni sa paghinto ng mga bagay, nakakaligtaan nito ang paggalaw ng mga iyon. Hindi nito makita ang kagubatan sa mga puno.

Sa araw-araw na buhay, alam natin at masasabi, halimbawa, kung ang isang hayup ay buhay o patay. Subalit sa mas masusing pagsisiyasat, malimit nating matuklasan na ang kamatayan ay isang masyadong masalimuot na proseso, na alam na alam ng mga hukom. Pinipiga nila ang kanilang utak sa pagpipilit na makatuklas ng isang rasyunal na hanggahan, na lampas niyon, ang pagkitil sa buahy ng sanggol na nasa sinapupunan ay pamamaslang. Ganito rin kaimposible na absolutong matiyak ang sandali ng kamatayan, dahil pinatutunayan ng pisiyolohiya na ang kamatayan ay hindi isang biglaan at panandaliang pangyayari, kundi isang napakahabang proseso.

Tulad nito, bawat organisadong nilalang sa bawat sandali ay gayon at hindi gayon; sa bawat sandali ay nilalamon nito ang mga bagay mula sa labas at nag-aalis ng ibang mga bagay; sa bawat sandali ang ilang selyula ng katawan nito ay namamatay habang muli namang nagbubuo ng sarili ang iba; sa mas maiksi o mas mahabang panahon ganap na nagpapanibago ang bumubuo ng katawan nito at pinapalitan ng ibang mga molekyula ng *matter*, kung kaya't ang bawat organisadong nilalang ay palaging ito mismo, pero isang bagay na hindi ito mismo.

Higit pa, matutuklasan natin sa mas masusing pagsisiyasat na ang magkabilang dulo ng isang kontradiksyon, ang positibo at ang negatibo halimbawa, ay kasing di mapaghihiwalay gaya ng kanilang pagsasalungatan, at sa kabila ng kanilang pagsasalungatan ay kapwa nagtatagusan ang mga ito sa isa't isa. At gayundin, matutuklasan natin na ang sanhi at ang epekto ay mga pag-unawa na uubra lamang sa paglalapat ng mga ito sa hiwalay na mga pangyayari, ngunit kapag sinuri natin ang indibidwal na kaso sa pangkalahatang kaugnayan ng mga ito sa kalawakan sa kabuuan, ang mga ito ay nagtatagpu-tagpo, at nagiging magkakasanib kapag nililimi natin ang pangkalahatang aksyon at reaksyon kung saan ang mga sanhi at mga epekto ay walang tigil na nagpapalit-palitan ng pwesto, nang sa gayon, ang epekto sa dito at ngayon ay magiging sanhi sa doon at sa ibang panahon, at kabaligtaran nito.

Ang mga proseso at mga paraan ng pag-iisip na ito ay hindi pumapasok sa balangkas ng metapisikal na pangangatwiran. Sa kabilang banda, inuunawa ng diyalektika ang mga bagay, at ang mga larawan ng mga ito, ang mga ideya, sa kanilang esensyal na pagkakaugnay-ugnay, pagkakawing-kawing, paggalaw, pagsisimula at pagwawakas. Samakatwid, ang mga prosesong nabanggit ay sanlaksang mga patotoo ng sariling pamamaraan ng pagkilos nito.

Ang kalikasan ang katibayan ng diyalektika, at kailangang kilalanin na nagbibigay ang modernong syensya ng katibayang ito sa napakayamang datos na lumalago sa araw-araw, at sa gayon ay pinatunayan, sa kahuli-hulian, hindi metapisikal ang pagkilos ng kalikasan kundi diyalektiko; na hindi ito kumikilos sa eternal na kaisahan ng walang tigil na pag-ikid, manapa'y nagdaraan sa isang tunay na istorikong ebolusyon. Kaugnay nito, dapat banggitin si Darwin una sa lahat. Pinakamalakas ang dagok na kanyang ibinigay sa metapisikal na pag-unawa sa kalikasan sa pamamagitan ng kanyang katibayan na lahat ng bagay na may-buhay, ang mga halaman, hayup at ang tao mismo ay mga produkto ng proseso ng ebolusyon sa loob ng milyun-milyong taon. Subalit kakaunti at nahihiwalay ng mahabang panahon ang mga naturalista na natutong mag-isip sa paraang diyalektiko, at ang kontradiksyon sa pagitan ng mga resulta ng pagkakatuklas at ng haka na mga paraan ng pag-iisip ang nagpapaliwanag sa walang katapusang kalituhan na naghahari ngayon sa teoretikong syensyang pangkalikasan, sa desperasyon ng mga guro at gayundin ng mga mag-aaral at kapwa ng mga manunulat at mga mambabasa.

Samakatwid, matatamo lamang ang isang eksaktong larawan ng sansinukob, ng ebolusyon nito, ng pag-unlad ng sangkatauhan at ang repleksyon ng ebolusyong ito sa utak ng mga tao, sa pamamagitan ng mga pamamaraan ng diyalektika na laging nagsasaalang-alang sa di mabilang na aksyon at reaksyon ng buhay at kamatayan, ng pasulong at paurong na mga pagbabago. At sa ganitong diwa kumilos ang bagong pilosopiyang German. Sinimulan ni Kant ang kanyang karera sa pamamagitan ng resolusyon sa ang matatag na *solar system* ni Newton at sa eternal na pagpapatuloy nito bilang resulta ng isang ng istorikong proseso, ang pagbubuo ng araw at lahat ng planeta mula sa isang umiikot na *nebulous mass,* matapos maibigay ang bantog na inisyal na tulak. Mula rito, nahalaw niya ang kongklusyon na dahil ganito ang simula ng *solar* system, tiyak na tiyak rin ang pagwawakas nito sa hinaharap. Pagkaraan ng kalahating siglo, ang kanyang teorya ay pinatunayan sa matematika ni Laplace, at kalahating siglo pagkatapos, pinatunayan ng *spectroscope* ang pag-iral sa kalawakan ng gayong mga nagdidingas na masa ng gas sa iba't ibang antas ng kondensasyon.

Ang bagong pilosopiyang German na ito ay rumurok sa sistemang Hegelian. Sa sistemang ito, sa unang pagkakataon—at narito ang malaking merito nito—ang buong daigdig, sa pangkalikasan, pangkasaysayan, pangkaisipan, ay inilalarwan bilang isang

proseso, ibig sabihin, walang tigil sa paggalaw, pagbago, transpormasyon at pag-unlad; at tinangka nitong tuntunin ang panloob na ugnayan na gumagawang isang tuluy-tuloy na kabuuan ang lahat ng pagkilos at pag-unlad na ito. Mula sa punto de bistang ito, ang kasaysayan ng sangkatauhan ay hindi na lumilitaw bilang isang walang habas na ikid nang walang kawawaang mga pangyayari ng karahasan, na pawang kasumpa-sumpa sa husga ng husto sa gulang na pilosopikong katwiran, at pinakamabuting kalimutan kaagad, kundi bilang ang proseso ng likas na ebolusyon ng tao mismo. Ngayon ay tungkulin na ng kaisipan na tuntunin ang dahan-dahang pagsulong ng prosesong ito sa lahat ng paliku-likong landas nito, at tuntunin ang panloob na mga batas na tumutuhog sa lahat ng mandi'y aksidental na mga pangyayari..

Hindi importante kung hindi nalutas ng sistemang Hegelian ang usaping inilahad nito. Ang pagkalaki-laking merito nito ay ang paglalahad ng usapin. Ito'y isang usaping hindi makakayanang mag-isang lutasin nang sinumang tao. Bagamat si Hegel—tulad ni Saint Simon—ang may pinakakomprehensibong kaalaman sa kanyang kapanahunan, siya man ay nahahanggahan, una, ng likas na limitasyon ng abot ng kanyang kaalaman, at, pangalawa, ng limitasyon ng lawak at lalim ng kaalaman at mga pag-unawa ng kanyang panahon. Sa mga limitasyong ito, kailangang idagdag ang pangatlo. Si Hegel ay isang ideyalista. Para sa kanya, ang mga kaisipan sa loob ng kanyang utak ay hindi ang mga abstraktong larawan, humigit-kumulang, ng aktwal na mga bagay at proseso, manapa'y ang mga bagay at ang kanilang ebolusyon ay mga larawan lamang na naging realidad ng "Ideya" na mula't sapol ay umiiral sa kung saan bago pa naging mundo ang mundo. Itiniwarik ng pamamaraang ito ng pag-iisip ang lahat ng bagay, at ganap na binabaligtad ang aktwal na koneksyon ng mga bagay sa daigdig. Wasto at matalino mang nagagap ni Hegel ang napakaraming iba-ibang kalipunan ng datos, ngunit dahil sa nabanggit na mga dahilan, marami ang naging malabo, artipisyal at maligoy, sa madaling sabi, mali sa punto ng detalye. Ang sistemang Hegelian mismo ay isang malaking kamalian—subalit ito na rin ang pinakahuli sa ganitong tipo kaisipan. Sa katunayan, tigib ito ng panloob at di malulunasang mga kontradiksyon. Sa isang banda, ang esensyal na proposisyon ay ang pag-unawa na ang kasaysayan ng tao ay isang proseso ng ebolusyon na dahil sa pinakakalikasan nito ay hindi makatatagpo ng kanyang kaganapang intelektwal sa pagka-katuklas ng anumang diumano'y absolutong katotohanan. Ngunit sa kabilang banda, sinasabi nito na siya mismo ang pinakaesensya ng absolutong katotohanang ito. Ang isang sistema ng kaalamang pangkalikasan at pangkasaysayan, na sumasaklaw sa lahat ng bagay, at pinal na para sa lahat ng panahon, ay salungat sa batayang prinsipyo ng diyalektikong pangangatwiran. Mangyari pa'y hindi ipinupwera ng diyalektika, kundi isinasama pa nga, ang pananaw na ang sistematikong pag-unawa sa eksternal na sansinukob ay makasusulong nang malalaki hakbang sa pagtakbo ng panahon.

Ang persepsyon sa pundamental na kontradiksyon sa ideyalismong German ay natural na mauwi sa materyalismo, subalit *pansining maigi*, hindi na sa simpleng metapisikal at lantay na mekanikal na materyalismo ng ikalabingwalong siglo. Sa lumang materyalismo, itinuturing ang lahat ng nakalipas na kasaysayan bilang isang magulong bunton ng irasyunalidad at karahasan; sa modernong materyalismo, nakikita rito ang proseso ng ebolusyon ng sangkatauhan, at nilalayong matuklasan ang mga batas niyon. Para sa mga Pranses ng ikalabingwalong siglo, at maging kay Hegel, makikita ang pag-unawa sa kalikasan sa kabuuan na paikot-ikot lamang sa makitid na ikid, at kailanman ay hindi magbabago, tulad ng itinuturo ni Newton, at hindi nagbabagong mga organikong bagay, tulad ng itinuturo ni Linnaeus. Niyayakap ng modernong materyalismo ang mas bagong mga tuklas ng syensyang pangkalikasan, kung saan, ayon dito, ang kalikasan man ay may kasaysayan rin sa paglipas ng panahon, at ang mga planeta at ang araw, tulad ng organikong mga bagay na naninirahan sa mga iyon sa ilalim ng paborableng mga kalagayan, ay sumisilang at namamatay. At kahit na masasabing paikot ang paggalaw ng kalikasan sa kabuuan, palaki nang palaki ang mga pag-ikot na ito. Sa dalawang aspetong ito, sa esensya'y diyalektiko ang modernong materyalismo, at hindi na nangangailangan ng ayuda ng tipo ng pilosopiya na parang reynang nagkukunwaring naghahari sa lahat ng iba pang syensya. Kapag malinaw na ang posisyon ng bawat agham sa masaklaw na kabuuan ng mga bagay at sa pag-unawa natin sa mga bagay, magiging kalabisan na ang isang espesyal na agham tungkol sa kabuuang ito. Ang natitira na lamang sa lahat ng naunang pilosopiya ay ang syensyang ng kaisipan at ang mga batas nito—ang pormal na lohika at ang diyalektika. Lahat ng iba pa ay mapapaloob na sa positibong syensya ng kalikasan at kasaysayan.

Samantalang mangyayari lamang ang rebolusyon sa pag-unawa sa kalikasan batay sa umaalinsunod na positibong mga datos na ipinagkakaloob ng pananaliksik, mas maagang nangyari ang ilang makasaysayang kaganapan na nagbunga nang mapagpasyang pagbabago sa pag-unawa sa kasaysayan. Noong 1831, naganap ang unang pag-aalsa ng uring manggagawa sa Lyons; sa pagitan ng ng mga taong 1838 at 1842, narating ang rurok ng unang pambansang kilusang manggagawa, ang kilusang Chartist ng England. Tumampok sa kasaysayan ng pinakamaunlad na mga bansa sa Europa ang tunggalian sa uri ng proletaryado at ng burgesya ayon sa iniunlad ng modernong industriya sa isang banda, at sa bagong kamit na pangingibabaw sa pulitika ng burgesya sa kabilang banda. Tuluy-tuloy na pinasinungalingan ng mga pangyayari ang itinuturo ng burges na ekonomya hinggil sa kaisahan ng mga interes ng kapital at ng paggawa, hinggil sa mabuting pagsasamahan ng lahat at sa kasaganaan ng lahat na idudulot ng malayang kompetisyon. Hindi na pwedeng balewalain ang mga pangyayaring ito, katulad ng sosyalismong Pranses at Ingles na siyang teoretikal na expresyon ng mga ito bagamat masyado pang magaspang. Gayunman, ang lumang ideyalistang pag-unawa sa kasaysayan na hindi pa nababakbak ay walang kaalam-alam sa mga tunggalian sa uri batay sa mga

interes sa ekonomya, walang kaalam-alam sa mga interes sa ekonomya; dito, ang produksyon at ang lahat ng relasyong pang-ekonomya ay lumilitaw bilang mga elementong nagkataon lamang at segundaryo sa "kasaysayan ng sibilisasyon".

Ibinunsod ng bagong mga pangyayari ang pangangailangan sa panibagong pagsusuri sa lahat ng nakalipas na kasaysayan. Pagkatapos, nakita na *lahat* ng nakalipas na kasaysayan, maliban lamang sa mga primitibong yugto nito, ay kasaysayan ng mga tunggalian ng mga uri; na ang mga nagtutunggaliang uring ito ay palaging produkto ng mga moda sa produksyon at palitan—sa madaling sabi, ng mga kalagayang *pang-ekonomya* ng kanilang panahon; na ang istrukturang pang-ekonomya ng lipunan ang laging naglalatag sa tunay na batayan kung saan masisimulan natin ang pagbubuo ng ultimong palinawag sa buong superistruktura ng sistema ng mga institusyon sa batas at sa pulitika, pati ang mga relihiyoso, pilosopiko at iba pang mga pananaw ng isang takdang panahon ng kasaysayan. Pinalaya ni Hegel ang kasaysayan mula sa metapisika—ginawa niya itong diyalektiko; pero ang kanyang pag-unawa sa kasaysayan ay ideyalistiko sa esensya. Gayunman, naitaboy na ngayon ang ideyalismo sa huling kanlungan nito, ang pilosopiya ng kasaysayan; ngayon naman ay nabuo ang isang materyalistang pagsusuri sa kasaysayan, at nakatagpo ng paraan kung paano ipaliliwanag ang "pag-aalam" ng tao sa pamamagitan ng kanyang "pag-iral", baligtad nang dati na ang na ipinaliliwanag ang kanyang "pag-iral" sa pamamagitan ng kanyang "pag-aalam".

Magmula noon, ang sosyalismo ay hindi na isa lamang aksidental na tuklas ng isang matalinong tao, kundi bilang ang kinakailangang bunga ng tunggalian ng dalawang uring iniluwal sa kasaysayan—ang proletaryado at ang burgesya. Ang tungkulin nito ay hindi na ang umimbento ng isang sistemang panlipunan sa pinakaperpektong anyong kakayanin, kundi ang suriin ang sunud-sunod na istoriko-ekonomikong pangyayari mula saan kailangang sumibol ang mga uring ito at ang kanilang tunggalian, at tuklasin sa mga kalagayang pang-ekonomya na nalikha sa gayon ang mga paraan ng pagwakas sa tunggalian. Gayunman, ang sosyalismo ng unang panahon ay kasing di kaayon sa materyalistang pananaw tulad ng pagiging di kaayon ng pag-unawa sa kalikasan ng mga materyalistang Pranses sa diyalektika at sa modernong syensyang pangkalikasan. Mangyari pa'y binatikos ng maagang sosyalismo ang umiiral na kapitalistang moda sa produksyon at ang mga ibinunga niyon. Subalit hindi nito maipaliwanag ang mga iyon kung kaya't hindi nito mapangibabawan ang mga iyon. Nagawa lamang nitong itakwil ang mga iyon bilang masasama. Habang mas malakas ang pagtuligsa ng maagang sosyalismo sa pagsasamantala sa uring manggagawa, na di maiiwasan sa ilalim ng kapitalismo, mas lalong hindi nito maipakita nang malinaw kung saan nakabatay ang pagsasamantalang ito at kung paano ito sumulpot. Ngunit para dito ay kinailangang (1) ilahad ang kapitalistang sistema ng produksyon sa istorikong ugnay nito at katiyakan nito sa isang partikular na yugto ng kasaysayan, at, samakatuwid, ilahad rin ang tiyak na

pagbagsak nito; at (2) ilantad ang esensyal na katangian nito, na nananatiling isang lihim. Naisagawa ito sa pamamagitan ng pagkakatuklas sa *labis na halaga*. Nailinaw na ang apropriyasyon sa walang bayad na paggawa ang batayan ng kapitalistang moda sa produksyon at ang pagsasamantala sa manggagawa na nangyayari sa ilalim nito; na kahit pa bilhin ng kapitalista ang lakas paggawa ng kanyang manggagawa sa ganap na halaga nito bilang isang kalakal sa pamilihan, mas malaki naman ang halagang napipiga niya rito kaysa kanyang ibabayad; at sa huling pagsusuri, ang labis na halagang ito ang bumubuo ng kabuuan ng halaga na pinagtitipon-tipon ang walang humpay na lumalaking kapital na mga kamay ng mga uring nagmamay-ari. Kapwa nailinaw ang simula ng kapitalistang produksyon at ang produksyon ng kapital.

Ang dalawang dakilang tuklas na ito, ang materyalistang pag-unawa sa kasaysayan at ang pagkakalahad sa lihim ng kapitalistang produksyon sa pamamagitan ng labis na halaga ay utang natin kay Marx. Naging syensya ang sosyalismo dahil sa mga tuklas na ito. Ang kasunod nito ay ang paghimaymay sa lahat ng detalye at relasyon nito.

## III

Nagsisimula ang materyalistang pag-unawa sa kasaysayan sa panukala na ang produksyon ng mga pangangailangan para mabuhay, at kasunod ng produksyon, ang palitan ng mga nalikhang produkto, ang batayan ng lahat ng istruktura sa lipunan; na sa bawat lipunang sumulpot sa kasaysayan, ang paraan kung paano nababahagi ang kayamanan at kung paano nahahati ang lipunan sa mga uri o orden ay nakabatay sa kung anong produkto ang nalilikha, paano ito nalilikha at paano ang palitan ng mga produkto. Mula sa punto de bistang ito matatagpuan ang ultimong mga dahilan ng lahat ng pagbabagong panlipunan at ng mga rebolusyong pampulitika, at hindi sa utak ng tao, hindi sa matalas na pag-unawa ng tao sa eternal na katotohanan at katarungan, kundi sa mga pagbabago sa mga moda sa produksyon at palitan. Hindi makikita sa *pilosopiya* ang mga ito, kundi sa *ekonomya* ng bawat parikular na kapanahunan. Ang lumalaganap na pananaw na ang mga umiiral na panlipunang institusyon ay hindi na makatwiran at makatarungan, na ang rason ay naging kawalan ng rason, at tama ang mali* ang tanging patunay na tahimik na nagkakaroon ng mga pagbabago sa mga moda sa produksyon at palitan kung saan hindi na angkop ang kaayusang panlipunang akma sa mas maagang mga kalagayangpang-ekonomya. Alinsunod dito, nangangahulugan din na dapat makita ang mga paraan ng pagpawi sa mga di pagtutugmang ito na nabantad na sa lahat, sa loob mismo ng nagbagong mga moda sa produksyon. Hindi dapat imbentuhin ang mga paraang ito sa pamamagitan ng paghihinuha mula sa pundamental na mga prinsipyo, kundi dapat tuklasin mula sa magigiit na mga datos ng umiiral na sistema ng produksyon.

Ano, kung gayon, ang pusisyon ng modernong sosyalismo sa bagay na ito?

Ang kasalukuyang balangkas ng lipunan ay likha ng kasalukuyang naghaharing uri, ng burgesya—at ang bagay na ito'y halos tanggap na ng lahat. Ang moda sa produksyon na natatangi sa burgesya, na mula sa panahon ni Marx ay tinawag na kapitalistang moda sa produksyon, ay kasalungat sa pyudal na sistema, dahil sa mga pribilehiyong ipinagkakaloob nito sa mga indibidwal, sa buu-buong matataas na hanay sa lipunan at sa lokal na mga korporasyon, at namamanang mga relasyon ng subordinasyon na bumubuo sa balangkas ng organisasyong panlipunan nito. Dinurog ng burgesya ang pyudal na sistema at itinayo sa guho nito ang kapitalistang kaayusan ng lipunan, ang kaharian ng ng malayang kompetisyon, personal na kalayaan, pagkakapantay-pantay sa batas ng lahat ng nagmamay-ari ng kalakal, at lahat ng iba pang kapitalistang pakinabang. Magmula noon, malaya nang nakasulong ang kapitalistang moda sa produksyon. Mula nang itransporma ng *steam*, ng makina at ng paggawa ng makina sa pamamagitan ng makinarya ang lumang manupaktura tungo sa modernong industriya, umunlad ang mga pwersa sa produksyon sa gabay ng burgesya sa bilis at antas na walang kapantay sa nakaraan. Ngunit kung paano bumangga ang naunang manupaktura, at ang handikrap na ibayong umunlad sa impluwensya nito, sa pyudal na sagwil ng mga gremyo sa kapanahunan nito, ngayon naman, ang modernong industriya, sa mas ganap na pag-unlad nito, ay bumabangga sa mga tanikala kung saan iginagapos ito ng kapitalistang sistema ng produksyon. Napagkalakhan na ng mga bagong pwersa ng produksyon ang kapitalistang moda ng paggamit sa mga ito. At ang tunggaliang ito sa pagitan ng mga pwersa sa produksyon at ng sistema ng produksyon ay hindi isang tunggaliang gawa-gawa lamang sa utak ng tao, tulad ng orihinal na kasalanan at banal na katarungan. Sa katunayan, obhetibong umiiral ito labas sa atin at independyente sa kagustuhan at mga pagkilos maging ng mga taong lumikha sa mga ito. Ang modernong sosyalismo ay walang iba kundi ang pagsalamin sa isip ng tunggaliang ito sa katunayan; ito ang ideyal na repleksyon sa utak, una, ng uring tuwirang dumaranas ng kahirapan sa sistemang ito, ang uring manggagawa.

Ano ang bumubuo ng tunggaliang ito?

Bago ang kapitalistang produksyon, ibig sabihin, sa Kapanahunang Midyebal, kalakaran ang sistema ng maliitang industriya na nakabatay sa pribadong pag-aari ng mga manggagawa sa kanilang mga kagamitan sa produksyon; sa kanayunan, ang agrikultura ng maliliit na magsasaka, nagsasarili man o timawa; sa mga kabayanan, ang mga gawaing-kamay na organisado sa mga gremyo. Ang mga kasangkapan sa paggawa—ang lupa, mga kasangkapan sa pagsasaka, ang talyer, ang de-manong mga kasangkapan—ay ang mga kasangkapan sa paggawa ng iisang indibidwal at nakaangkop para sa sarilinang paggamit, kung kaya naman kinakailangang maging maliit, pipitsugin at limitado. Ngunit sa

kadahilanang ito mismo, sa pangkalahata'y pag-aari ang mga ito ng mga prodyuser mismo. Ang tipunin ang kalat-kalat at maliliit na mga kagamitan sa produksyon na ito, ang palaguin ang mga ito at gawin ang mga ito bilang makapangyarihang mga panikwas ng produksyon sa kasalukuyan—ang mga ito ang mismong istorikong papel ng kapitalistang produksyon at ng tagapagtaguyod nito, ang burgesya. Sa ikaapat na seksyon ng *Kapital*, detalyadong ipinaliwanag ni Marx kung paano nangyari ang gayon sa kasaysayan mula noong ikalabinglimang siglo sa tatlong yugto, ang simpleng kooperasyon, manupaktura at modernong industriya. Subalit ipinakita rin sa akda na hindi matatransporma ng burgesya ang maliliit na mga kagamitan sa produksyon tungo sa malalaking pwersa sa produksyon nang hindi sabay na tinatransporma ang mga ito mula sa mga kagamitan sa produksyon ng indibidwal tungo sa *panlipunang* mga kagamitan sa produksyon na mapatatakbo lamang sa sama-samang pagtatrabaho ng maraming tao. Ang *spinning-wheel* (suliran), habihang-kamay, martilyo ng panday, ay hinalilihan ng makinang suliran, makinang habihan, *steam-hammer*; hinahalinhan ang indibidwal na talyer, ng pabrika na nangangahulugan ng kooperasyon ng daan-daan at libu-libong manggagawa. Nagbago ang mismong produksyon, tulad ng mga ito, mula sa pagiging isang serye ng indibidwal na mga akto, tungo sa pagiging isang serye ng sosyal na mga akto, at ang mga produkto ay nagbago mula sa pagiging produkto ng isang tao tungo sa pagiging produktong panlipunan. Ang estambre, ang tela, ang mga produktong metal na nalilikha ngayon ng pabrika ay sama-samang produkto ng maraming manggagawa, dahil sunud-sunod na nagdadaan sa kanilang mga kamay ang mga ito bago magawa. Walang sinumang tao ang makapagsasabing: "Ako ang gumawa nito; ito ay *aking* produkto."

Subalit sa isang lipunan na ang pundamental na anyo ng produksyon ay ang ispontanyong hatian sa paggawa na unti-unting nanunuot at hindi nakabatay sa anumang nakabalangkas nang plano, sa gayong lipunan, ang mga produkto ay nagkakahugis bilang mga *kalakal*, kung saan sa pamamagitan ng pagpapalitan, sa pamamagitan ng pagbibili at pagbebenta, ay natutugunan ang samut-saring mga pangangailangan ng indibidwal na mga prodyuser. At ganito ang nangyari noong Kapanahunang Midyebal. Halimbawa, ipinagbibili ng magsasaka sa artisano ang kanyang mga ani at bumibili naman siya rito ng mga produkto nitong gawang-kamay. Ipinaloob ng bagong moda sa produksyon ang sarili sa lipunang ito ng indibidwal na mga prodyuser, ng mga prodyuser ng kalakal. Sa gitna ng lumang hatian sa paggawa, na lumago nang ispontanyo, di nakabatay sa isang *tiyak na* plano, at sumasaklaw sa kabuuan ng lipunan, lumitaw ngayon ang isang hatian sa paggawa na nakabatay sa isang *tiyak na plano* na organisado sa pabrika; katabi ng *indibidwal* na produksyon ay lumitaw ang *sosyal* na produksyon. Ang mga produkto ng dalawa ay ibinebenta sa iisang pamilihan, at kung gayon, ibinebenta sa humigit-kumulang ay pantay na presyo. Subalit mas malakas ang organisasyong nakabatay sa isang tiyak na plano kaysa ispontanyong hatian sa paggawa. Ang mga pabrikang pinatatakbo sa

pamamagitan ng magkakasanib na pwersang panlipunan ng isang kolektibidad ng mga indibidwal ay nakalilikha ng kanilang mga produkto sa di-hamak na mas murang halaga kaysa indibidwal na maliliiit na prodyuser. Bumagsak ang indibidwal na produksyon sa sunud-sunod na departamento. Nirebolusyonisa ng sosyalisadong produksyon ang lahat ng lumang paraan sa produksyon. Subalit halos hindi nakilala noon ang rebolusyonaryong katangian nito kung kaya kabaligtaran nito, pinasimulan ito bilang paraan ng pagpapalaki at pagpapaunlad sa produksyon ng mga kalakal. Nang sumulpot ito, nakatagpo ito ng yari nang mga makinarya na liberal nitong ginamit sa produksyon at palitan ng mga kalakal: ang kapital ng komersyante, ang handikrap, ang sahurang paggawa. Dahil gayon ang pagsisimula ng sosyalisadong produksyon bilang isang anyo ng produksyon ng mga kalakal, natural na manatiling buung-buo sa ilalim nito ang lumang mga anyo ng apropriyasyon, at siya ring ginamit sa mga produkto nito.

Sa yugtong midyebal ng ebolusyon ng produksyon ng mga kalakal, hindi maaaring sumulpot ang usapin kung sino ang may-ari ng produkto ng paggawa. Sa kabuuan, mula sa hilaw na materyales na pagmamay-ari niya, at sa kalahata'y kanya ring likha, ang indibidwal na prodyuser ang lumikha ng produkto na gamit ang sariling mga kasangkapan, sa pamamagitan ng sarili niyang mga kamay o ng kanyang pamilya. Hindi niya kailangang angkinin ang bagong produkto. Mangyari pa, kanyang-kanya ito. Ang pagmamay-ari niya sa produkto, kung gayon, ay nakabatay *sa sarili niyang paggawa*. Kahit pa gumamit siya ng tulong ng iba, sa kabuua'y hindi gaanong mahalaga ang papel niyon, at sa kalahata'y may kabayaran sa pamamarang iba sa sahod. Ang mga *aprentis* at *journeymen* (mga ayudante ng maestro ng gremyo) ay nagtatrabaho mas higit para matuto kaysa para sa matutuluyan at sahod, nang sa gayon ay maging mga maestro din sila pagdating ng panahon.

Sumunod na nangyari ang pagkakatipon ng mga kagamitan sa produksyon at ng mga gumagawa ng produkto sa malalaking talyer at pagawaan, ang transpormasyon ng mga iyon sa pagiging aktwal na sosyalisadong mga kagamitan sa produksyon at sosyalisadong mga gumagawa ng produkto. Subalit, itinuring pa rin ang sosyalisadong mga gumagawa ng produkto at ang mga kagamitan sa produksyon, pati na ang kanilang mga produkto, tulad nang dati, bilang mga kagamitan sa produksyon at mga produkto ng mga indibidwal. Bago sa kasalukuyan, inaangkin mismo ng may-ari ng mga kasangkapan sa paggawa ang produkto, dahil sa pangkaraniwan, likha ito sa kanyang sariling produkto, at eksepsyon lamang ang tulong ng iba. Ngayon, laging inaangkin ng may-ari ng mga kasangkapan sa paggawa ang produkto kahit hindi na iyon likha ng *kanyang* pagtatrabaho, manapa'y buuong-buong produkto ng *paggawa ng iba*. Sa gayon, ang produktong sosyalisado nang nililikha ay hindi na naaangkin ng mga tunay na nagpapagana ng mga kagamitan sa produksyon at aktwal na lumilikha ng produkto, kundi ng *mga kapitalista*. Sa esensya, sosyalisado na ang mga kagamitan sa produksyon at ang mismong produksyon.

Subalit ipinailalim ang mga ito sa isang anyo ng apropriyasyon na nagpapalagay ng pribadong produksyon ng mga indibidwal, kung saan pag-aari ng bawat isa ang kanyang produkto at dinadala niya ito sa pamilihan. Ipinailalim sa ganitong anyo ng apropriyasyon angmoda sa produksyon, bagamat pinapawi na nito ang mga kondisyong pinagbabatayan nang gayong anyo ng apropriyasyon.*

Taglay ng kontradiksyong ito, na siyang nagbibigay ng katangiang kapitalista sa bagong moda sa produksyon ang *binhi ng kabuuan ng kasalukuyang panlipunang mga antagonismo*. Habang mas malaki ang pamamayani ang bagong moda sa produksyon sa lahat ng mahahalagang larangan ng produksyon at sa lahat ng bayang nagmamanupaktura, habang mas natatabig nito ang indibidwal na produksyon sa napakaliit na labi, *mas lumilinaw naman ang salungatan ng sosyalisadong produksyon at kapitalistang apropriyasyon*.

Gaya nang nasabi na, natagpuan na ng unang mga kapitalista ang sahurang paggawa, kaagapay ng iba pang mga anyo ng paggawa, na yari na para sa kanila sa pamilihan. Ngunit iyon ay eksepsyunal, komplementaryo, kinakailangan at transitoryong sahurang paggawa. Gayunman, paminsan-minsa'y ipinauupa ng manggagawang bukid ang sarili nang arawan, mayroong ilang ektaryang lupa na sarili kung saan maaari siyang mabuhay kahit paano. Gayon ang organisasyon ng mga gremyo na ang *journeyman* ngayon ay maaaring maging ang maestro ng sa mga darating na araw. Ngunit mabilis na nagbago ang lahat ng ito nang maging sosyalisado ang produksyon at konsentrado sa mga kamay ng mga kapitalista. Tuluy-tuloy na nawalan ng halaga ang mga kagamitan sa produksyon at gayundin

--------------------

*Sa usaping ito, hindi na kailangang pang ipakita na kahit manatili sa dati ang anyo ng apropriyasyon, ang *katangian* ng apropriyasyon ay narerebolusyonisa din tulad ng produksyon bunga ng mga pagbabagong nabanggit. Mangyari pa, ibang-iba ang angkinin ko ang aking sarili produkto sa angkinin ko ang produkto ng iba. Pansinin na lamang na ang sahurang paggawa, na nagtataglay ng buong kapitalistang moda, ay umiiral na noong unang panahon pa man; ilan siglo na itong umiiral nang panaka-naka at kalat-kalat kaagapay ng aliping paggawa. Ngunit ganap na makasisibol lamang ang binhing ito tungo sa kapitalistang sistema ng produksyon kapag nailatag na ang kinakailangan nitong istorikong mga prekondisyon. [Engels]

———————

ang mga produkto ng indibidwal na prodyuser; walang na siyang magawa kundi ang maging sahurang manggagawa sa kapitalista. Ang dating bihi-bihira at pang-ayuda lamang na sahurang paggawa ay naging pangkaraniwan at batayan na ngayon ng lahat ng produksyon; dating komplementaryo lamang, ito na ngayon ang naging tanging

nalalabing gawain ng manggagawa. Ang pana-panahong sahurang manggagawa ay naging panghabambuhay na sahurang manggagawa. Ibayong pinalaki ang bilang ng permanenteng mga sahurang manggagawang ito ng pagkakawasak ng pyudal na sistema na kasabay na nangyari, ng pagkakalansag ng mga alalay ng mga panginoong pyudal, ng pagpapatalsik sa mga magbubukid sa kanilang mga *homesteads*, at iba pa. Ganap na nalubos ang pagkawalay ng mga kagamitan sa produksyon, na natipon sa mga kamay ng mga kapitalista, sa isang banda, at ng mga prodyuser, na walang anumang pag-aari kundi ang kanilang lakas-paggawa, sa kabilang banda. *Ang kontradiksyon ng sosyalisadong produksyon at kapitalistang apropriyasyon ay lumilitaw bilang antagonismo ng proletaryado at ng burgesya.*

Nakita na natin na pumasok ang kapitalistang sistema ng produksyon sa lipunan ng mga prodyuser ng kalakal, ng indibidwal na mga prodyuser na ang ugnayan sa isa't isa ay ang -palitan ng kanilang mga produkto. Ngunit bawat lipunan na nakabatay sa produksyon ng mga kalakal ay may ganitong katangian: na humuhulagpos sa kontrol ng mga prodyuser ang kanilang mga pakikipag-ugnayang panlipunan. Bawat tao'y lumilikha para sa kanyang sarili sa pamamagitan ng mga kagamitan sa produksyon mayroon siya, at lumilikha naman para sa palitang ito ayon sa kinakailangan para matugunan niya ang iba pa niyang gusto. Walang sinuman ang nakakaalam kung gaano karaming produktong tulad ng sa kanya ang papasok sa pamilihan, ni kung gaano karami niyon ang maibibenta. Walang nakakaalam kung makatutugon ang kanyang indibidwal na produkto sa aktwal na demand, kung mababawi niya ang kanyang mga gastos sa produksyon, o kung maibi-benta man lamang ang kanyang produkto. Naghahari ang anarkiya sa sosyalisadong produksyon.

Pero ang produksyon ng mga kalakal, tulad ng iba pang mga anyo ng produksyon, ay may sariling likas na batas na di maihihiwalay dito; at gumagana ang mga batas na ito, sa kabila ng anarkiya at sa pamamagitan ng anarkiya. Ibinubunyag ng mga ito ang sarili sa pamamagitan ng pinakamagiit na anyo ng mga ugna-ugnayang panlipunan, ibig sabihin, sa palitan, at dito, naapektuhan ng mga ito ang indibidwal na mga prodyuser bilang sapilitang mga batas ng kompetisyon. Sa una, hindi alam ng mga prodyuser miso ang mga ito, at kailangang matuklasan nila ang mga ito nang unti-unti at bunga ng karanasan. Gumagana ang mga ito, sa gayon, nang independyente sa mga prodyuser, at katunggali ng mga ito, bilang walang tinag na likas na mga batas sa kanilang partikular na anyo ng produksyon. Ang produkto ang naghahari sa mga prodyuser.

Sa lipunang midyebal, lalo na noong mga unang daangtaon, ang produksyon ay nakatuon sa esensya para matugunan ang mga pangangailangan ng indibidwal. Sa kalakhan, tinutugunan nito ang mga pangangailangan lamang ng prodyuser at ng kanyang pamilya. Sa mga lugar na umiiral ang relasyong ng personal na dependensya, tulad sa kanayunan,

tinutugunan din nito ang mga pangangailangan ng kanyang panginoong pyudal. Samakatwid, sa lahat ng ito, walang palitan; bunga nito, hindi nagiging mga kalakal ang mga produkto. Nililikha ng pamilya ng magsasaka ang lahat halos ng kanilang mga pangangailagan: mga damit at muebles pati na ang kanilang pagkain. Nang nakalilikha na ito nang labis sa mga pangangailangan nitoat sa parte sa ani bilang upa sa lupa sa panginoong pyudal, saka lamang ito lumikha ng mga kalakal. Ang labis na ito, na ipinukol sa sosyalisadong palitan at ipinagbibili, ay naging mga kalakal.

Totoong sa umpisa pa man, ang mga artisano ng mga kabayanan ay gumagawa ng produkto para ipakipagpalitan. Subalit gawa rin nila ang malaking bahagi ng kanilang mga pansariling pangangailangan. Mayroon silang mga halamanan at ilang saka. Isinosoga nila ang kanilang mga baka sa komunal na kagubatan na pinagkukunan din nila ng kahoy at panggatong. Ang mga babae ay naghahabi, nananahi at iba pa. Nasa kamusmusan pa lamang ang produksyon para sa palitan, ang produksyonng mga kalakal. Kung gayon, kakaunti ang palitan, maliit ang pamilihan, at matatag ang mga paraan sa produksyon; may lokal na pagkaeksklusibo sa labas ngunit may lokal na pagkakaisa sa loob ng *Mark** sa kanayunan, at ng gremyo naman sa kabayanan.

Ngunit sa paglawak ng produksyon ng mga kalakal, lalo na pagpasok ng kapitalistang moda sa produksyon, ang dating tagong mga batas ng produksyon ng mga kalakal ay gumana nang mas hayag at mas matindi. Humina ang lumang mga buklod, naalpasan ang dating eksklusibong mga hanggahan, at lalong nagiging independyente at hiwa-hiwalay na mga prodyuser ng mga kalakal ang mga prodyuser. Naging malinaw na ang produksyon ng lipunan sa kabuuan ay pinaghaharian ng kawalan ng plano, ng pagkakataon, ng anarkiya; at lumaki nang lumaki ang anarkiyang ito. Subalit ganap na kabaligtaran ng anarkiya ang pangunahing paraang ginagamit ng kapitalistang moda sa produksyon sa pagpapatindi sa anarkiyang ito ng sosyalisadong produksyon. Iyon ay ang higit na organisasyon ng produksyon sa batayang sosyal, sa bawat indibidwal na empresang produktibo. Sa pamamagitan nito, winakasan ang luma, payapa at matatag na kalagayan ng mga bagay-bagay. Kailan man pinasimulan ang organisasyong ito sa produksyon sa isang sangay ng industriya, hindi nito pinahihintulutang ang iba pang paraan ng produksyon. Naging larangan ng labanan ang larangan ng paggawa. Ang pagkakatuklas sa iba pang kontinente at ang kasunod nitong kolonisasyon sa mga iyon ay nagparami sa mga pamilihan at nagpabilis sa transpormasyon ng handikrap tungo sa manupaktura.[47] Sumiklab ang digmaan hindi lamang sa pagitan ng indibidwal na mga prodyuser ng partikular na mga lokalidad. Nagluwal naman ang mga lokal na tunggalian ng pambansang mga tunggalian, sa mga digmaang pangkomersyo ng ikalabim pito at ikalabingwalong siglo.[48]

Sa dakong huli, ginawang unibersal ng modernong industriya at ng pagbubukas ng pandaigdigang pamilihan ang mga tunggaliang ito, at kasabay nito'y nagbigay sa mga ito ng walang kaparis na kalubhaan. Ang mga bentaheng sa natural o artipisyal na kondisyon sa produksyon ang siya ngayong nagpapasya kung aabante o babagsak ang indibidwal na mga kapitalista, gayundin ang buu-buong mga industriya o mga bansa. Ang bumagsak ay walang awang isinasantabi. Ito ang Darwinian na pakikibaka ng indibidwal para mabuhay na inilipat mula sa kalikasan tungo sa lipunan nang may umigting na karahasan. Nagmimistulang ang kondisyon ng pamumuhay na likas sang mga hayup ang huling anyo ng kaunlaran ng tao. Ang kontradiksyon ng sosyalisadong produksyon at kapitalistang apropriyasyon ay nahahayag ngayon bilang *isang antagonismo ng organisasyon ng produksyon sa indibidwal na pagawaan at ng anarkiya sa produksyon ng lipunan sa kabuuan*.
Ang kapitalistang moda sa produksyon ay kumikilos sa dalawang anyong ito ng antagonismo na taglay na nito mula sa pinakasimula nito. Hindi nito magagawang makaalpas sa gayong "walang katapusang ikid" na natuklasan na ni Fourier. Mangyari pa, ang hindi matutuklasan ni Fourier sa kanyang kapanahunan, ay ito: na ang pag-ikot na ito ay unti-unting kumikipot; na ang kilos ay pataas nang pataas, at kailangang magwakas sa pagsalpok nito sa sentro tulad ng kilos ng mga planeta. Ang di matatakasang pwersa ng anarkiya sa produksyon ng lipunan sa kabuuan ang lalong ganap na gumagawang mga manggagawa sa kalakhang mayoyra ng mga tao; at ang masa namang ito ng proletaryado ang magbibigay-wakas sa anarkiya sa produksyon. Ang di matatakasang pwersa ng anarkiya sa produksyong panlipunan gumagawang di mababaling batas sa walang hanggahang perpektabilidad ng makinarya sa panahon ng modernong industriya, isang batas kung saan dapat higit na paunlarin ng bawat indibidwal na kapitalistang industriyal na ang kanyang makinarya kung ayaw niyang bumagsak.
-------------------

*Ang sinasabing mark ni Engels ay iyong nasa kanyang akdang *The Mark*.--Patnugot.
------------------------

Ngunit ginagawang kalabisan ng pagpeperpekto sa makinarya ang paggawa ng tao. Kung ang pagkakaroon ng mga makina at pagdami ng mga ito ay nangangahulugan ng pagkakatanggal sa trabaho ng milyun-milyong manwal na manggagawa at paghalili sa kanila ng karampot na bilang ng mga makinista, ang pagpapaunlad ng makinarya naman ay nangangahulugan ng paparaming pagtatanggal sa trabaho ng mga makinista mismo. Sa bandang huli, nangangahulugan ito ng produksyon ng malaking bilang ng mga sahurang manggagawa na naghahanap ng trabaho na sobra sa karaniwang kailangan ng kapital, ng pagkakabuo ng isang ganap na reserbang hukbong industriyal, ayon sa tawag ko rito noon pang 1845,* na naririyan sa panahon ng kasagsagan ng industriya at itatapon sa mga lansangan sa panahon ng di maiiwasang mga krisis, isang pamalagiang pagkabigat-bigat na pasanin sa mga bisig ng uring manggagawang sa pakikibaka nito sa

kapital para mabuhay, isang instrumento kapitalista para mapanatiling mababa ang sahod sa antas na umaayon sa interes ng kapital. kung gayon, nangyayari na, ayon kay Marx, nagiging napakamakapangyarihang sandata ang makinarya sa pakikidigma ng kapital laban sa uring manggagawa; na ang mga kasangkapan sa paggawa ay laging na umaagaw sa mga ikabubuhay ng manggagawa; na ang mismong produkto ng manggagawa ay nagiging instrumento para sa pang-aalipin sa kanya.** Kung gayon, nangyayari na ang pagpapahusay sa mga kasangkapan sa paggawa para mapaliit ang gastos, kasabay nito, mula't sapul ay nagiging pinakamatinding pag-aaksaya ng lakas paggawa at pagnanakaw ayon sa normal na mga kalagayan kung saan gumagana ang paggawa;*** na ang makina, "ang pinakamakapangyarihang instrumento sa pagpapaikli ng oras paggawa, ay nagiging pinakamabisang pamamaraan ng kapitalista sa pagpiga sa bawat sandali ng panahon ng manggagawa at ng kanyang pamilya para mapalago ang halaga ng kanyang kapital." (*Kapital*, edisyong Ingles, p. 406) Samakatwid, nangyari na sobrang pagtatrabaho ng ilan ang nagiging preliminaryong kondisyon para sa pagtatamad-tamaran ng iba at ang modernong industriya, na naghahanap ng bagong

-------------------------

**The Condition of  the Working Class in England* (Ang Kalagayan ng Uring Manggagawa sa England), p. 109 [Engels] Basahin ang akdang on Britain nina Marx at Engels, Moscow, 1962. p. 119.

**Karl Marx, *Capital*, Aklat 1, Moscow, 1965, pp. 435-87.

***Ibid., p. 462.

---

mga mamimili sa lahat ng dako ng daigdig, ay ginigipit naman ang pagkonsumo ng masa sa sariling bansa sa antas ng gutom, at sa gayo'y winawasak ang sariling panloob na pamilihan. "Ang batas na laging nagbabalanse sa dami ng relatibong labis na populasyon, o reserbang hukbong industriyal, sa laki at sigla ng akumulasyon, idinidikit ng batas na ito ang manggagawa sa kapital nang mas matibay pa sa pagkakadikit kay Prometheus ng mga kunyas niVulcan sa bato. Lumilikha ito ng akumulasyon ng karalitaan na katugon ng akumulasyon ng kapital. Kung gayon, ang akumulasyon ng kayamanan sa isang dulo ay akumulasyon naman ng karalitaan, hirap ng pagtatrabaho, pagkaalipin, kamangmangan, kalupitan, degradasyon sa isip, sa kabilang dulo naman, ibig sabihin, sa panig ng uring lumilikha *ng sariling produkto sa anyo ng kapital*." (Marx, *Capital*, p. 671.) At ang umasa ng anumang iba pang partihan ng produkto mula sa kapitalistang moda sa produksyon ay kapareho ng pag-aasa na hindi magiging asidong tubig ang mga *electrode* ng isang baterya, na hindi magpapakalawa ng oksidyen sa polang positibo, at ng haydrodyen sa polang negatibo, hangga't ang mga ito'y konektado pa sa baterya.

Nakita natin na ang papalaking perpektabilidad ng modernong makinarya, ay naging di matatakasang batas na nagpupwersa sa indibidwal na kapitalistang industriyal na na laging pahusayin ang kaniyang makinarya at pataasin ang kakayahan niyon sa produksyon. Ang payak na posibilidad na mapalawak ang larangan ng produksyon ay naging isa na ring di matatakasang batas ngayon. Ang napakalaking kakayahan ng modernong industriya na magpalawak, na walang sinabi ang kakayahan ng gas kungihahambing dito, ay nagmimistula para sa atin ngayon bilang isang *pangangailangan* para sa pagpapalawak sa kalidad at kantidad, na walang anumang makahahadlang. Galing ang gayong mga hadlang sa konsumo, sa benta, sa mga pamilihan para sa mga produkto ng modernong industriya. Iba kasi ang mga batas na nagdidirihe sa kakayahan sa paglaki, kapwa ekstensibo at intensibo, ng mga pamilihan para sa mga produkto ng modernong industriya. Hindi makasabay ang paglaki ng pamilihan sa paglaki ng produksyon. Nagiging tiyak ang tunggalian ng mga ito, at dahil hindi maaaring makalikha ng anumang tunay na solusyon hangga't hindi ito nalalansag ang kapitalistang moda sa produksyon, at nagiging pana-panahon ang tunggalian. Nagluwal ang kapitalistang produksyon ng isa pang "paulit-ulit na pag-ikid".

Sa katunayan, mula noong 1825, noong pumutok ang unang pangkalahatang krisis, ang buong daigdig na pang-industriya at pangkomersyo, ang produksyon at palitan sa hanay ng lahat ng sibilisadong mamamayan pati sa humigit-kumulang ay barbarongmga alalay, ay nadidiskaril isang beses minsan tuwing sampung taon. Humihinto ang komersyo, baha ang mga kalakal sa pamilihan, natatambak ang mga produkto, na kasindami tulad ng hindi maibenta, naglalaho ang salapi, walang nagpapautang, nagsasara ang mga pabrika, ang masa ng mga manggagawa ay kinukulang sa ikabubuhay dahil sobra-sobra ang ginawa nilang mga pangangailangan sa buhay; nagpatungpatong ang mga pagkabangkrap, ang mga pag-ilit ng ari-arian. Tumatagal nang kung ilang taon ang ganitong paghinto; naaaksaya ang mga produktibong mga pwersa at mga produkto at lansakang sinisira nang maramihan ang mga ito, hanggang sa maubos ang mga nakaimbak na kalakal, na humigit-kumulang ay nabawasan na sa halaga, hanggang unti-unting gumana muli ang produksyon at ang palitan. Unti-unting bumibilis ang takbo. Hanggang sa tuluyang manakbo. Ang tulin ng pagtakbo ay naging sagsagan, isang perpektong larawan ng matuling pagtakbo ng isang perpektong karerahan ng industrya, komersyo at ispekulasyon, na katapus-tapusan, pagkatapos malalaking lundag, ay nagwawakas kung saan ito nagsimula—sa kumunoy ng krisis. At paulit-ulit ang ganitong takbo. Mula noong 1825 limang beses nating naranasan ang ganito at sa kasalukuyang sandali (ngayong 1877), dinaranas natin ang pang-anim. At malinaw na nasapol ng lahat ang katangian ng mga krisis na ito kung kaya't natukoy ang lahat ng mga ito ni Fourier nang sabihin niyang ang una ay isang "*crise plethorique*," isang krisis bunga ng sobrang kayamanan.

Sa mga krisis na ito, humahantong sa isang marahas na pagsambulat ang tunggalian ng sosyalisadong produksyon at kapitalistang apropriyasyon. Pansamantalang tumitigil ang sirkulasyon ng mga kalakal. Ang salapi na instrumento ng sirkulasyon ay nagiging sagabal sa sirkulasyon. Nababaligtad ang lahat ng batas ng produksyon at sirkulasyon ng kalakal. Umabot sa sukdulan ang salpukan sa ekonomya. *Naghihimagsik ang moda sa produksyon laban sa moda sa palitan*.

Ang katotohanang umunlad na ang sosyalisadong produksyon sa antas na kasalungat na ito sa anarkiya ng produksyon sa lipunan, anarkiya na umiiral nang kaagapay nito at nangingibabaw dito, ang katotohanang ito ay naggugumiit sa mga kapitalista mismo sa pamamagitan ng marahas na konsentrasyon ng kapital sa panahon ng mga krisis, sa pamamagitan ng pagbagsak ng maraming malalaking kapitalista, at lalo na nang mas maraming maliliit na kapitalista. Nawawarat ang buong mekanismo ng kapitalistang moda sa produksyon sa presyur ng mga pwersa sa produksyon na ito mismo ang may likha. Hindi na nito kayang itransporma bilang kapital ang lahat ng masang ito ng mga kagamitan sa produksyon. Nakatiwangwang ang mga ito, at sa dahilang ito mismo, matitiwangwang rin ang reserbang hukbong industriyal. Pagkarami-rami na ng mga kagamitan sa produksyon, ng mga pangangailangan para mabuhay, ng mga manggagawa; pagkarami-rami na ng lahat ng elemento ng produksyon at ng pangkalahatang kayamanan. Ngunit ang kasaganaang ito ang siyang pinagmumulan ng kagipitan at kakulangan," ani Fourier, sapagkat ang kasaganaan ang mismong pumipigil sa transpormasyon ng mga kagamitan sa produksyon at ng mga pangangailangan para mabuhay bilang kapital. Sapagkat sa kapitalistang lipunan, makagagana lamang ang mga kagamitan sa produksyon kapag ang mga iyon ay naging kapital, bilang kasangkapan sa pagsasamantala sa lakas paggawa ng tao. Ang pangangailangan sa transpormasyong ito ng mga kagamitan sa produksyon at ng mga pangangailangan para mabuhay bilang kapital ay parang multong pumagitna sa pagitan ng mga ito at ng mga manggagawa. Ang transpormasyong ito lamang ang humahadlang sa pagsasanib ng materyal at personal na panikwas sa produksyon; ito lamang ang humahadlang sa paggana mga kagamitan sa produksyon, at sa pagtrabaho at pamumuhay ng mga manggagawa. Sa isang banda, samakatuwid, ang kapitalistang sistema ng produksyon ay inuusig ng sarili nitong kawalan ng kakayahang ibayong pamatnugutan ang mga pwersa ng produksyong ito. Sa kabilang banda, papalakas nang papalakas na iginigiit ng mismong mga pwersa ng produksyon ang pagpapawi ng umiiral na kontradiksyon, ang pagpapawi sa katangian ng mga ito bilang kapital, *ang praktikal na pagkilala sa katangian ng mga ito bilang panlipunang mga pwersa ng produksyon*.

Habang nagiging mas makapangyarihan ang paghihimagsik na ito ng mga pwersa ng produksyon laban sa kanilang katangian bilang kapital, ang palakas nang palakas na paggigiit na ito na kilalanin ang kanilang katangiang sosyal ay nag-oobliga sa mga

kapitalista na itrato ang mga ito bilang sosyal na mga pwersa ng produksyon hanggat pinahihintulutan ng mga kapitalistang kalagayan. May tendensya na magpatungo sa anyo ng sosyalisasyon ng naparaming mga kagamitan sa produksyon ang panahon ng kasagsagan ng industriya, kasama ang walang tigil na implasyon ng pautang, tulad din ng panahon ng pagbagsak mismo ng ekonomya, at makikita natin ito sa iba't ibang klase ng mga kumpanyang sosyohan. Noong una pa man, marami sa mga kagamitan sa produksyon at distribusyon na ito ay pagkalaki-laki na kung kaya't ipinupwera ng mga ito ang lahat ng ibang anyo ng kapitalistang pagsasamantala, tulad ng kumpanya ng tren. Sa mas maunlad na yugto ng ebolusyon, hindi na rin sasapat ang anyong ito. Nagsanib ang mga dambuhalang kumpanya sa isang sangay ng industriya sa isang partikular na bayan sa isang "trust", isang pagsasanib na ang layunin ay kontrolin ang produksyon. Itinatakda ng mga trusts ang kabuuang dami ng produktong lilikhain, pinaparte-parte sa mga myembro nito, at sa gayong bago pa man ay naitatakda na nila ang presyo ng kanilang mga kalakal sa pamilihan. Ngunit kadalasang nawawasak ang ganitong uri ng trust kapag sumama ang takbo ng negosyo, at bunga nito ay nag-oobligang magtayo nang mas malakingkonsentrasyon ng asosasyon. Nagiging isang dambuhalang sosyohang kumpanya ang isang buong industriya; humahalili sa panloob na kompetisyon ang panloob na monopolyo ng iisang kumpanyang ito. Nangyari ang ganito sa England noong 1890 sa produksyon ng *alkali*, na sa kasalukuyan, matapos magsanib ang 48 na malalaking pagawaan, ay nasa mga kamay ng iisang kumpanya, na pinatakbo batay sa iisang plano at may kapital na £6,000,000.

Sa mga trusts, nagiging mismong kabaligtaran nito ang malayang kompetisyon—nagiging monopolyo ito; at ang produksyon ng kapitalistang lipunan na walang pinagbabatayang anumang depinidong plano ay sumusuko sa produksyon ng pumapasok na sosyalistang lipunan na nakabatay sa isang tiyak na plano. Mangyari pa, para pa rin ito sa pakinabang at bentahe ng mga kapitalista. Ngunit sa kasong ito, damang-dama na ang pagsasamantala na tiyak itong babagsak. Walang bansang makatitiis sa produksyong pinatatakbo ng mga trusts, na napakagarapal ang pagsasamantala sa pamayanan ng sandakot na pangkat ng mga uhaw sa tubo.

Anu't anuman, may trust man o wala, ang upisyal na kinatawan ng kapitalistang lipunan–ang estado–ay maoobliga na akuin ang pagpapatakbo ng produksyon*. Ang pangangailangang gawing pag-aari ng estado ang mga kagamitan sa produksyon ay unang nararamdaman sa malalaking institusyon para sa palitan at komunikasyon—ang koreo, ang mga telegrapo, ang perokaril.

-----------------------

*Sinabi kong "maoobliga" kasi, kapag *aktwal* nang nalakihan ng mga kagamitan sa produksyon at distribusyon ang anyo ng pamamahala ng mga kumpanyang sosyohan, at kung gayon, naging di maiiwasan ang pag-ako ng estado sa mga ito sa panahong iyon

lamang—kahit na ang kasalukuyang estado ang nagpapatupad nito—sa panahong iyon lamang nagkakaroon ng pagsulong sa ekonomya, ang pagtatamo ng isa pang paunang hakbang sa pag-ako ng lipunan mismo sa lahat ng mga pwersa sa produksyon. Pero kamakakilan lamang, mula nang pinasimulan ni Bismarck ang pag-aari ng estado ng industriyal na mga establisimyento, may lumitaw na isang huwad na sosyalismo, na maya't maya ay dumadausdos bilang isang anyo ng pagkatuta, kung kaya't walang kaabug-abog ay nagsasabing ang *lahat* ng pag-aaring pang-estado ay sosyalista, kahit na ang tipong Bismarck. Mangyari pa, kung ang pag-agaw ng estado sa industriya ng tabako ay sosyalista, kung gayon, dapat ibilang sina Napoleon at Metternich sa hanay ng mga tagapagtatag ng sosyalismo. Kung itinayo man ng estado ng Belgium ang pangunahing perokaril nito para sa napakakaraniwang mga dahilan sa pulitika at ekonomya; kung inagaw ni Bismarck para sa estado ang pangunahing perokaril ng Prusya nang walang dahilan sa ekonomya kundi para lamang mas mahusay na mapanghawakan ito kung sakaling magkadigma, para mahakot ang mga empleyado sa perokaril bilang maamong botante para sa gubyerno, at laluna para makalikha para sa sarili ng bagong pagkakakitaan na independyente sa mga botong parlamentaryo—ang mga ito ay hindi sosyalistang hakbang sa anumang pakahulugan, tuwiran o di tuwiran man, mulat o di mulat. Dahil kung ganito, magiging sosyalistang mga institusyon ang *Royal Maritime Company*, ang manupaktura ng porselana na Royal, at maging ang rehimental na mananahi ng hukbo, o kahit pa nga ang pag-agaw ng estado sa prostitusyon gaya ng seryosong ipinanukala ng isang tusong tuta sa panahon ng paghahari ni Frederick William III.

---

Kung ipinapakita ng mga krisis ang kawalan ng kakayahan ng burgesya na pangasiwaan pa ang modernong mga pwersa sa produksyon, ipinapakita naman ng transpormasyon ng malalaking establisimiyento sa produksyon at palitan bilang mga kumpanyang sosyohan, trust at pag-aari ng estado kung gaano di kinakailangan ang burgesya para sa produksyon at palitan. Lahat ng papel ng kapitalista sa lipunan ay ginagampanan na ngayon ng swelduhang mga empleyado. Wala na itong karagdagang papel sa lipunan kundi ang ibulsa ang mga dibidendo, mag-ipon ng mga kupon at magsugal sa *Stock Exchange* kung saan nagnanakawan ang mga kapitalista sa isa't isa ng kani-kanilang kapital. Noong una, ginigipit ng kapitalistang moda sa produksyon ang mga manggagawa. Ngayon naman, ginigipit nito ang mga kapitalista at isinasadlak ang mga ito sa hanay ng labis na populasyon, tulad ng pagsasadlak nito sa mga manggagawa, bagamat hindi kaagad sa katayuan ng reserbang hukbong industriyal.

Subalit hindi pinapawi ng transpormasyon tungo sa mga kumpanyang sosyohan at mga trust, o bilang pag-aari ng estado ang kapitalistang katangian ng mga pwersa sa produksyon. Malinaw ito sa mga kumpanyang sosyohan at mga trust. At ulitin natin, ang modernong estado ay organisasyon lamang na tinatamo ng burges na lipunan upang suportahan ang panlabas na mga kalagayan ng kapitalistang moda sa produksyon laban sa pag-agaw dito ng mga indibidwal na kapitalista, at gayundin ng mga manggagawa. Anuman ang maging anyo ng modernong estado, sa esensya'y isa pa rin itong kapitalistang makinarya, ang estado ng mga kapitalista, ang ideyal na personipikasyon ng kabuuang pambansang kapital. Kung mas lalong inaagaw nito ang mga pwersa sa produksyon, mas lalo itong nagiging ang pambansang kapitalista, at mas mas maraming mamamayan ang pinagsasamantalahan nito. Ang mga manggagawa ay nananatiling mga sahurang manggagawa—mga proletaryo. Hindi pinapawi ang relasyong kapitalista, bagkus, pinahihinog ito. Ngunit dahil hinog na, bumabagsak ito. Ang pag-aari ng estado sa mga pwersa sa produksyon ay hindi ang solusyon sa tunggalian, subalit nakakubli sa loob nito ang teknikal na mga kondisyon na bumubuo sa mga elemento ng solusyong iyon.

Walang ibang solusyon kundi ang pagkilala sa praktika sa katangiang sosyal ng modernong mga pwersa sa produksyon, at kung gayon, ang pagtutugma ng mga moda sa produksyon, apropriyasyon at palitan sa sosyalisadong katangian ng mga kagamitan sa produksyon. At magagawa lamang ito ng isang lipunang lantaran at tuwirang nagmamay-ari ng mga pwersa sa produksyon na nakalampas sa lahat ng kontrol maliban sa kontrol ng lipunan sa kabuuan. Ang katangiang sosyal ng mga kagamitan sa produksyon at ng mga produktoay may ganting aksyon ngayon sa mga prodyuser, at pana-panahong ginugulo ang lahat ng produksyon at palitan, at kumikilos bilang isang batas lamang na gumagana nang bulag, mapamwersa at mapangwasak. Ngunit sa pag-agaw ng lipunan sa mga pwersa sa produksyon, gagamitin ng mga prodyuser ang katangiang sosyal ng mga kagamitan sa produksyon at ng mga produkto nang may ganap na pag-unawa sa katangian nito, at sa halip na pagmulan ng mga kaguluhan at pana-panahong pagkawasak, ito ay magiging ang pinakamakapangyarihang panikwas ng produksyon mismo.

Ang pagkilos ng mga aktibong pwersang panlipunan ay parehong-pareho ng pagkilos ng mga likas na pwersa: bulag, mapamwersa at mapangwasak, hanggang hindi natin naiintindihan at isinasaalang-alang ang mga ito. Pero, kapag naunawaan na natin ang mga ito, kapag naunawaan na natin ang kanilang pagkilos, ang kanilang tunguhin, ang kanilang mga epekto, nasa atin na lamang ang tuluy-tuloy na ipailalim ang mga ito sa ating kagustuhan, at ang pagtamo ng ating layunin sa pamamagitan ng mga ito. At lalupa itong totoo sa malakas na pwersa sa produksyon sa kasalukuyan. Hanggang sutil nating tinatanggihang unawain ang kalikasan at ang katangian ng mga sosyal na sosyal na

pamamaraan sa pagkilos—at ang pag-unawang ito ay salungat na salungat sa kalikasan ng kapitalistang moda sa produksyon at ng mga tagapagtanggol nito—hanggat ang mga pwersang ito ay gumagana sa sa kabila natin, at nang laban sa atin, hangga't gayon, naghahari ang mga ito sa atin, gaya ng detalyado nating naipakita sa itaas.

Ngunit kapag naunawaan ang kanilang kalikasan, ang mga ito'y maitatransporma, sa kamay ng mga manggagawang sama-samang nagtatrabaho, mula sa mga panginoong demonyo tungo sa sunud-sunurang katuwang. Maihahambing ito sa pagkakaiba ng mapanirang pwersa ng koryente ng kidlat sa bagyo sa koryenteng ginagamit sa telegrapo at *voltaic arc*; sa pagkakaiba ng lagablab ng apoy sa sunog at ng apoy na naglilingkod sa tao. Sa pagkilala sa tunay na kalikasan ng kasalukuyang mga pwersa sa produksyon, ang panlipunang anarkiya sa produksyon ay nagbibigay daan sa panlipunang regulasyon sa produksyon batay sa isang depinidong plano, ayon sa mga pangangailangan ng komunidad at ng bawat indibidwal. Sa gayon, ang kapitalistang sistema ng apropriyasyon, kung saan inaalipin ng produkto ang mga prodyuser sa umpisa, at pagkatapos ay ang umaangkin nito, ay papalitan ng sistema ng appropriyasyon ng mga produkto batay sa kalikasan ng modernong mga kagamitan sa produksyon; sa isang banda, ang tuwirang apropriyasyong sosyal, bilang pamamaraan para sa pagmamantini at ekstensyon ng produksyon—at sa kabilang banda naman, ang tuwirang indibidwal na apropriyasyon bilang pantugon sa kanilang mga pangangailangan sa buhay at kasiyahan.

Habang mas ganap na tinatransporma ng kapitalistang moda sa produksyon ang malaking mayorya ng populasyon sa pagiging manggagawa, nililikha nito ang kapangyarihan na pwersadong kamtin ang rebolusyong ito at kung hindi'y mawawasak ang sarili. Habang lalo nitong ipinupwersa ang higit na transpormasyon ng malalawak na mga kagamitan sa produksyon, na sosyalisado na ang katangian, bilang mga pag-aari ng estado, ipinakikita nito mismo sa sarili kung paano isasagawa ang rebolusyong ito. *Aagawin ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika at itatransporma ang mga kagamitan sa produksyon bilang pag-aari ng estado*.

Ngunit sa pagsasagawa nito, nilulusaw nito ang sarili bilang proletaryado, pinapawi ang lahat ng pagkakaiba-iba sa uri at makauring antagonismo, at pinapawi rin ang estado bilang estado. Hanggang sa kasalukuyan, kinailangan ng lipunan na nakabatay sa tunggalian sa uri ang estado. Ibig sabihin, kinailangan ang isang organisasyon ng partikular na uri na *pansamantala'y* siyang nagsasamantalang uri, isang organisasyon para mapigilan ang anumang panghihimasok mula sa labas sa umiiral na mga kalagayan sa produksyon, at kung gayon, lalo na para sapilitang mapanatili ang mga uring pinagsasamantalahan sa kalagayan ng pang-aapi na umaalinsunod sa takdang moda sa produksyon (pagkaalipin, pagkatimawa at sahurang paggawa). Ang estado ang upisyal na kinatawan ng buong lipunan, ang konsentrasyon ng lipunan sa iisang malinaw na

simbulo. Ngunit ganito lamang naman ito sa antas na estado ito ng uri na sa panahong iyon ay ang pansamantalang kumakatawan sa lipunan sa kabuuan: sa sinaunang kapanahuan, ang estado ng mga may-ari ng alipin; sa Kapanahunang Midyebal, ang estado ng mga panginoong pyudal; at sa ating panahon, ang burgesya. Kapag sa wakas ay nagiging tunay itong kinatawan ng buong lipunan, ginagawa nitong hindi na kailangan ang sarili. Kapag wala nang uring kailangang pagharian, kapag naalis na ang makauring paghahari at ang indibidwal na pakikibaka para mabuhay na nakabatay sa kasalukuyang anarkiya sa produksyon, kasama ang mga tunggalian at pagmamalabis na nagmumula sa mga ito, wala nang nalalabi pa para supilin, at hindi na kailangan ang isang espesyal na mapaniil na pwersa, ang estado. Ang unang hakbang kung saan tunay na binubuo ng estado ang sarili bilangkinatawan ng buong lipunan—ang pag-aangkin sa mga kagamitan sa produksyon sa ngalan ng buong lipunan—ang una hakbang na ito ay siya ring huling independyenteng hakbang nito bilang estado. Nagiging kalabisan ang panghihimasok ng estado sa mga relasyong panlipunan sa sunud-sunod na larangan, at pagkatapos ay kusa itong maglalaho; ang gubyerno ng mga tao ay hinahalinhan ng pangangasiwa ng mga bagay, at ng kondukta ng mga proseso ng produksyon. Hindi "pinapawi" ang estado. *Naglalaho ito*. Sa puntong ito masusukat ang kawastuhan ng mga salitang "isang malayang estado", kapwa sa gamit nito sa ahitasyon na paminsan-minsa'y nararapat, at sa pagiging di sapat nito sa siyentipikong kahulugan; at sa punto ring ito natin dapat sukatin ang hinihingi ng tinatawag na mga anarkista na kara-karakang pawiin ang estado.

Mula nang sumulpot sa kasaysayan ang kapitalistang moda sa produksyon, malimit nang pangarapin ng mga indibidwal, at gayundin ng mga sekta, ang apropriyasyon ng estado sa lahat ng kagamitan sa produksyon bagamat may kalabuan pa, na simulain para sa hinaharap. Subalit magiging posible lamang ito, magiging isang istorikong pangangailangan, kapag sumulpot na ang materyal na mga kondisyon para sa realisasyon nito. Tulad ng anumang pagsulong ng lipunan, mangyayari ito hindi sa pagkakaunawa ng tao na salungat sa katarungan, pagkakapantay-pantay at iba pa, ang pag-iral ng mga uri, hindi sa pamamagitan lamang ng kagustuhang pawiin ang mga uring ito, kundi dahilsa ilang bagong mga kalagayan sa ekonomya. Ang pagkakahati ng lipunan sa uring nagsasamantala at pinagsasamantalahan, sa naghaharing uri at aping uri, ay ang kinakailangang bunga nang di sapat at limitadong pag-unlad ng produksyon sa nakaraang panahon. Hanggang sa bahagya lamang lumalabis sa payak na mga pangangailangan para mabuhay ang nalilikha ng kabuuang paggawa ng lipunan; sa madaling sabi, hanggang natatali sa paggawa ang lahat o ang halos lahat ng panahon ng napakalaking mayorya ng mga myembro ng lipunan—hanggang ganoon, ang lipunang ito ay kinakailangang hati sa mga uri. Kaagapay ng napakalaking mayorya na aliping nakatali sa paggawa, sumulpot ang isang uri na malaya sa tuwirang produktibong paggawa, na siyang nangangasiwa sa pangkalahatang mga gawain ng lipunan tulad ng direksyon ng paggawa, gawain ng estado, batas, agham, sining, at iba pa. Sa madaling sabi, ang batas ng hatian sa gawain

ang ugat ng pagkakahati ng lipunan sa mga uri. Subalit hindi naman nangangahulugan na ang pagkakahating ito ng lipunan sa mga uri ay hindi nalikha sa pamamagitan ng pandarahas, pagnanakaw, panggugulang at katiwalian. Hindi nangangahulugan na mula nang makapuwesto ang naghaharing uri ay hindi niyon kinonsolida ang kapangyarihan sa kapinsalaan ng uring anakpawis, at ang itransporma ang kanilang pamumuno sa lipunan sa matinding pagsasamantala sa masa.

Sa paglalahad nito, kung mayroon mang istorikong dahilan ang pagkakahati ng lipunan sa mga uri ang dahilang ito ay nariryan lamang naman sa isang takdang panahon, sa ilalim lamang ng ilang umiiral na kalagayang panlipunan. Nakabatay iyon sa pagiging kapos ng produksyon; ganap iyong papawiin ng pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon. Sa katunayan, ang pagpapawi ng mga uri sa lipunan ay nangangahulugan ng isang antas ng pagsulong ng kasaysayan kung saan ang pag-iral hindi lamang nang ganito o ganoong partikular na naghaharing uri, kundi ng anumang naghaharing uri, at, samakatuwid, ng mismong pag-iral ng pagkakaiba sa uri, ay isa na lamang lipas na anakronismo. Ibig sabihi'y nangangahulugan ito na umabot na ang kaunlaran ng produksyon sa isang antas kung saan ang apropriyasyon ng mga kagamitan sa produksyon at sa mga produkto, at kalakip nito, ang dominasyon sa pulitika, ang monopolyo sa kultura at intelektwalna pamumuno ng isang partikular na uri sa lipunan ay hindi lamang kalabisan, kundi sagabal na sa pang-ekonomya, pampulitika at intelektwal na pag-unlad.

Narating na ang yugtong ito. Halos hindi na rin lingid sa burgesya ang kanilang pampulitika at intgelektwal na pagkabangkarote. Paulit-ulit na nangyayari ang kanilang pagkabangkarote sa ekonomya tuwing sampung taon. Sa bawat krisis, nadadaganan ang lipunan sa sa bigat ng mismong mga pwersa nito sa produksyon, na hindi nito magamit, at wala itong magawa sa harap ng kabalintunaang walang makain ang mga prodyuser, dahil kulang ang mga mamimili. Winawasak ng kakayahan ng mga kagamitan sa produksyon na magpalago ang mga hanggahang itinakda sa mga ito ng kapitalistang produksyon. Ang paglaya nila sa mga hanggahang ito ang tanging prekonsidsyon para tuluy-tuloy at pabilis nang pabilis na umunlad ang mga pwersa sa produksyon, at bunga nito ay ang walang hanggahang paglaki ng produksyon mismo. At hindi pa ito ang lahat. Ang sosyalisadong apropriyasyon sa mga kagamitan sa produksyon ay hindi lamang pumapawi sa kasalukuyang artipisyal na mga sagabal sa produksyon, kundi pati rin sa kailangang pagsasayang at pagwawasak sa mahahalagang pwersa sa produksyon at mga produkto na sa kasalukuyan ay di maiiwasang kakambal ng produksyon, at nagiging sukdulan sa panahon ng mga krisis. Dagdag pa, pinalalaya nito para sa buong komunidad ang napakaraming mga kagamitan sa produksyon at mga produkto, sa pamamagitan ng pagpawi sa walang katuturang karangyaan ng kasalukuyang naghaharing uri at ng kanilang mga kinatawan sa pulitika. Ang posibilidad na matatamo ng lahat ng myembro ng lipunan, sa pamamagitan ng sosyalisadong produksyon, ang isang buhay na hindi

lamang sapat sa materyal na pangangailangan at lalong nagiging ganap sa paglipas ng mga araw, kundi ng isang buhay na naggagarantiya sa lahat ng malayang pag-unlad at paggamit ng kanilang pisikal at mental na mga kakayahan—ang posibilidad na iyon ay naririto na ngayon sa kauna-unahang panahon, pero *naririto* na nga.*

Sa pag-agaw ng lipunan sa mga kagamitan sa produksyon, maglalaho ang produksyon ng mga kalakal, at kasabay nito, ang pangingibabaw ng produkto sa mga gumawa nito. Ang anarkiya sa produksyong panlipunan ay hahalilihan ng isang sistematiko at depinidong organisasyon. Mawawala ang pakikibaka para sa indibidwal na buhay. Pagkatapos, sa unang pagkakataon, lubos na hihiwalay ang tao sa daigdig ng mga hayup, at aangat mula sa buhay-hayup tungo sa tunay na pamumuhay bilang tao. Ang buong saklaw ng mga kalagayan sa buhay na pumapalibot sa tao hanggang sa kasalukuyan ay nangingibabaw sa kanya, ngayon ay papailalim sa dominasyon at kontrol ng tao, na sa unang pagkakataon ay magiging tunay at mulat na panginoon ng kalikasan, dahil siya ngayon ang panginoon ng sarili niyang organisasyong panlipunan. Ang mga batas ng kanyang sariling kilos sa lipunan, na hanggang sa kasalukuyan ay kumokomprontа sa kanya bilang mga batas ng kalikasan na hiwalay at nangingibabaw sa kanya, ngayon ay gagamitin niya nang may lubos na pag-unawa, at sa gayon, napangingibabawan na niya. Ang mismong organisasyong panlipunan ng tao na hanggang sa kasalukuyan ay kumokompronta sa kanya bilang isang pangangailangan na ipinataw ng kalikasan at ng kasaysayan, ngayon ay nagiging bunga ng kanyang sariling malayang pagkilos. Ipapailalim sa kontrol ng tao ang panlabas na mga obhetibong pwersa na hanggang sa kasalukuyan ay siyang nagpapatakbo sa kasaysayan. Mula lamang sa panahong iyon tuluy-tuloy at higit na mulat na lilikhain ng tao ang kanyang sariling kasaysayan—mula lamang sa panahong iyon matatamo ng mga simulaing panlipunan na kanyang isinulong ang mga resultang kanyang nilalayon. Ito ang pag-angat ng tao mula sa kaharian ng pangangailangan tungo sa kaharian ng kalayaan.

--------------------------------

*Maaaring makapagbigay ang ilang datos ng ideya tungkol sa napakalaking kakayahang magpalago ng modernong mga kagamitan sa produksyon, kahit sa ilalim ng kapitalistang presyur. Ayon kay Ginoong Grifen, ang kabuuang kayamanan ng Great Britain at Ireland ay nagkakahalaga ng:

£2,200,000,000 noong 1814
£6,100,000,000 noong 1865
£8,500,000,000 noong 1875

Bilang isang halimbawa ng paglulustay ng mga kagamitan sa produksyon at mga produkto sa panahon ng krisis, iniulat na ang kabuuang lugi sa industriya lamang ng

bakal sa Germany noong krisis ng 1873-78 sa Ikalawang Kongresong Pang-industriya ng Germany (Berlin, Pebrero 21, 1878) na nagkakahalaga ng £22,750,000. [Engels]

---

Maiksi nating lagumin ang ating krokis sa istorikong ebolusyon.

1. *Lipunang Midyebal*—Indibidwal na produksyon na maliitan. Ang mga kagamitan sa produksyon na angkop sa pansariling paggamit; kung gayon, primitibo, magaspang, maliit, mahinang klase. Ang produksyon ay para sa kagyat na konsumo ng mismong prodyuser o ng kanyang panginoong pyudal. Kapag sumobra lamang ang produksyon sa konsumong ito saka ibinebenta ang gayonglabis at pumapasok sa palitan. Samakatwid, ang produksyon ng mga kalakal ay nasa kamusmusan pa lamang nito. Ngunit taglay na nito ang binhi ng *anarkiya sa produksyon ng lipunan sa kabuuan*.

II. *Rebolusyong Kapitalista*—Transpormasyon ng industriya, sa umpisa sa pamamagitan ng simpleng kooperasyon at manupaktura. Konsentrasyon ng mga kagamitan sa produksyon sa malalaking pagawaan, na hanggang sa puntong iyon ay kalat-kalat. Bunga nito, ang transpormasyon ng mga kagamitan sa produksyon mula sa indibidwal tungo sa sosyal na kagamitan sa produksyon—isang transpormasyong hindi nakaapekto sa anyo ng palitan. Nanatili ang bisa ng lumang mga anyo ng apropriyasyon. Lumitaw ang kapitalista. Bilang may-ari ng mga kagamitan sa produksyon, siya ang umaangkin ng mga produkto at ginawa niyang kalakal ang mga iyon. Naging *sosyal* na akto ang produksyon. Ang palitan at apropriyasyon ay nanatiling *indibidwal* na akto, mga akto ng mga indibidwal. *Inaangking ng indibidwal na kapitalista ang produktong panlipunan*. Ito ang pundamental na kontradiksyon na pinagmumulan ng lahat ng kontradiksyong iniinugan ng ating kasalukuyang lipunan, at ibinubunyag ng modernong industriya.

A. Pagkawalay ng mga prodyuser sa kanilang mga kagamitan sa produksyon. Pagkasumpa sa manggagawa sa habambuhay na sahurang paggawa. *Antagonismo ng proletaryado at ng burgesya*.

B. Lumalakas na pangingibabaw at humihigpit na bisa ng mga batas na sumasaklaw sa produksyon ng mga kalakal. Walang hanggahang kompetisyon. *Kontradiksyon sa pagitan ng sosyalisadong organisasyon sa indibidwal na pabrika at panlipunang anarkiya sa produksyon sa kabuuan*.

K. Sa isang panig, walang tigil na pagpapahusay ng makina na obligadong gawin ng bawat tagamanupaktura dahil sa kompetisyon, na sinabayan ng pagkakatanggal sa trabaho ng parami nang paraming bilang ng mga manggagawa. *Isang Reserbang Hukbong*

*Industriyal*. Sa kabilang panig, walang tigil na pagpapalaki ng produksyon para sa lahat ng tagamanupaktura, na obligado ring gawin dulot ng kompetisyon. Sa magkabilang panig, walang kapantay na pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon, paglabis ng suplay sademand, labis na produksyon, pagbaha ng mga produkto sa pamilihan, krisis tuwing sampung taon, na paulit-ulit na nangyayari: sobra ang dami ng mga kagamitan sa produksyon at ng mga produkto sa isang lugar—sobra naman ang dami ng mga manggagawang walang trabaho at walang makain sa iba. Ngunit hindi makapagtulungan ang dalawang panikwas na ito ng produksyon at kagalingang panlipunan dahil pinipigil ng kapitalistang produksyon ang mga pwersa sa produksyon na gumana at inaalis ang mga produkto sa sirkulasyon hanggang hindi muna natatransporma ang mga iyon bilang kapital—na pinipigil ng labis na dami ng mga ito. Naging isang kabalintunaan ang kontradiksyon. *Ang moda sa produksyon ay naghihimagsik laban sa sistema ng palitan*. Inuusig ang burgesya ng kawalan ng kakayahang patuloy pang pangasiwaan ang sarili nitong mga panlipunang pwersa sa produksyon.

D. Pagkaobliga sa mga kapitalista na bahagyang kilalanin ang katangiang panlipunan ng mga pwersa sa produksyon. Pag-aagaw sa malalaking institusyon sa produksyon at komunikasyon, una ng mga kumpanyang sosyohan, pagkatapos ng mga trust, at sa huli, ng estado. Napatunayan na ang burgesya ay isang di kinakailangang uri. Lahat ng papel nito sa lipunan ay ginagampanan na ngayon ng kanyang mga empleyadong swelduhan.
III. *Rebolusyong Proletaryo*—Solusyon ng mga kontradiksyon. Inaagaw ng proletaryado ang kapangyarihang publiko, at sa pamamagitan nito ay tinatransporma ang sosyalisadong mga kagamitan sa produksyon, na umaalpas sa mga kamay ng burgesya at naging pag-aaring publiko. Sa pamamagitan ng hakbang na ito, pinalalaya ng proletaryado ang mga kagamitan sa produksyon sa katangian ng mga ito bilang kapital na taglay nito hanggang sa puntong iyon, at binibigyan nang ganap na kalayaang umunlad ang sosyalisadong katangian nito. Posible na magmula ngayon ang sosyalisadong produksyon ayon sa isang takdang plano. Magmula ngayon, gagawing anakronismo ng pag-unlad ng produksyon ang pag-iral ng iba't ibang uri ng lipunan. Sa antas na naglaho ang anarkiya sa produksyong panlipunan, sa antas din iyon maglalaho ang pampulitikang awtoridad ng estado. Bunga nito, ang tao na sa wakas ay panginoon na ngayon ng kanyang sariling anyo ng organisasyong panlipunan ay nagiging panginoon rin kasabay nito ng kalikasan, at panginoon ng kanilang sarili—malaya.

Ang pagtatamo ng hakbang na ito ng unibersal na pagpapalaya ay ang makasaysyang tungkulin ng modernong proletaryado. Ang lubos na paggagap sa mga kalagayang pangkasaysayan , at sa gayo'y ang pinakakalikasan ng hakbang na ito, ang pagkintal sa isipan ng kasalukuyang aping uring proletaryado ang ganap na pag-unawa sa mga kalagayan at sa kahulugan ng napakahalagang gawaing nakatalaga nitong tupdin, ito ang tungkulin ng ekspresyon sa teorya ng kilusang proletaryo, ang syentipikong sosyalismo.

Sinulat ni Engels sa pagitan ng
Enero at unang hati ng Marso, 1880

Nalathala sa dyurnal na *La Revue Sosialiste*, blg. 3, 4 at 5 noong Marso 20, Abril 20 at Mayo 5, 1880, at bilang isang polyeto sa wikang Pranses: F. Engels, *Socialisme Utopique et Socialisme Scientifique*, Paris 1880.

## APENDIKS

## ANG *MARK*

Sa isang bayan tulad ng Germany, kung saan ang halos kalahati ng populasyon ay nabubuhay sa agrikultura, kailangang matutuhan ng sosyalistang manggagawa, at sa pamamagitan nila, ng mga magsasaka, kung paano lumitaw ang kasalukuyang sistema ng pag-aari sa lupa, malaki at maliit. Kailangang ihambing ang paghihirap ng mga manggagawang bukid ng kasalukuyang panahon at ang paninilbihan sa pagbubuwis ng maliliit na magsasaka sa isang banda, sa lumang pag-aaring komun ng lahat ng malayang tao sa kanilang "inangbayan" sa katotohanan, ang malayang pag-aaring komun ng lahat sa pamamagitan ng pagmana.

Samakatwid, mabibigay ako ng maiksing paglalarawan ng primitibong kalagayang agraryo ng mga tribung German. Nalalabi hanggang sa ating panahon ang ilang bakas ng mga ito, pero sa buong panahon ng Kapanahunang Midyebal, ang mga ito ang nagsilbing batayan at tipo ng lahat ng institusyong publiko, at nanuot sa kabuuan ng buhay publiko, hindi lamang sa Germany, kundi sa hilaga rin ng France, England at Scandinavia. Pero lubos na nakalimutan na ang mga ito kung kaya't kamakailan lamang, kinailangang muling tuklasin ni G. L. Maurer ang kanilang tunay na kabuluhan.

Dalawang pundamental na katotohanan na ispontanyong lumitaw ang sumasaklaw sa primitibong kasaysayan ng lahat, o halos lahat ng bansa: ang pagpapangkat-pangkat ng mamamayan ayon sa lahi at pag-aaring komun sa lupa. Dahil dinala nila mula sa Asya ang pamamaraan ng paggrupo ng mga tribu at *gentes*, gaya ng paghahanay-hanay nila sa digma sa panahon ng mga Romano kung saan ang magkakamag-anak ay laging magkakatabi, sumaklaw rin ang pagpapangkat-pangkat na ito sa paghahati ng kanilang

bagong teritoryo sa silangan ng *Rhine* at hilaga ng *Danube*. Bawat tribu ay nanirahan sa bagong pag-aaring lupa, hindi ayon sa kagustuhan o aksidente, kundi tulad ng tuwirang sinasabi ni Ceasar, ayon sa relasyong *gens* sa hanay ng mga myembro ng tribu. Inilalaan ang isang partikular na purok sa bawat isa sa malalaking grupo ng malalapit na magkakamag-anak, at sa mga ito, ang indibidwal na *gentes*, na bawat isa'y kinabibilangan ng ilang pamilya, ay nagsetel sa mga baryu-baryo. Ang ilang magkakaalyadong baryo ay bumubuo ng *sandaan* (*huntari* sa lumang German; *heradh* sa lumang Norse). Ang ilang *sandaan* ay bumubuo ng *gou* o *shire*. Ang kabuuan ng lahat ng *shire* ay ang sambayanan mismo.

Ang lupang hindi hinahawakan ng baryo ay nasa pagpapasya ng *sandaan*. Ang hindi nakalaan sa *sandaan* ay nalalabi para sa *shire*. Ang anumang nalalabi na kailangan pang pagpasyahan—sa pangkalahatan ay napakalaking kalupaan—ay kagyat na pag-aari ng lahat ng mamamayan. Nakikita nating sabay na umiiral sa Sweden ang lahat ng iba't ibang yugtong ito ng pag-aaring komun. Bawat baryo ay may lupang komun ng baryo (*bys almännigar*), at lampas dito, naririyan ang lumpang komun ng *sandaan* (*härads*), at ang lupang komun ng *shire* (*lands*), at panghuli, ang lupang komun ng sambayanan. Ang huling ito, na inaangkin ng hari bilang kinatawan ng buong bansa, ay tinatawag kung gayon na *Konungs almänningar*. Pero ang lahat ng ito, pati na ang lupa ng hari, ay tinatawag nang walang pag-iiba-iba na *almänningar*, lupang komun.

Ang lumang kaayusang Swedish na lupang komun, na may maliliit na subdibisyon, ay malinaw na bahagi ng mas bagong yugto ng pag-unlad. Kung umiral man ang gayon sa Germany, nawala na ito. Ang mabilis na paglaki ng populasyon ay humantong sa pagtatatag ng ilang anak na baryo sa *mark*, ibig sabihin, sa malaking kalupaang nakalaan sa bawat indibidwal na inang baryo. Ang mga anak na baryong ito ay bumubuo ng iisang asosasyong *mark* kasama ng inang baryo batay sa pantay na karapatan o sa limitadong mga karapatan. Sa gayon, nakikita natin sa lahat ng dako ng Germany ang mas malaki o mas maliit na bilang ng mga baryo na nagkakaisa sa iisang asosasyong *mark*, hanggang sa kayang tuntunin ng pananaliksik. Pero ang mga asosasyong ito, sa pinakamenos, ay nakapailalim pa noong una sa malalaking pederasyon ng mga *mark* ng *sandaan*, o ng *shire*. At sa dakong huli, ang sambayanan sa kabuuan ay bumubuo noong una ng iisang malaking asosasyong *mark*, hindi lamang para sa pangangasiwa sa lupa na nananatili sa kagyat na pag-aari ng sambayan, kundi bilang kataas-taasang hukuman sa nakabababang lokal na *mark*.

Hanggang sa panahong gapiin ng kahariang *Frankish* ang Germany sa silangan ng *Rhine,* ang sentro de grabidad ng asosasyong *mark* ay mukhang nasa *gau* o *shire*—mukhang ang *shire* ang bumubuo ng batayang asosasyon ng *mark*. Ito'y dahil sa ganoon lamang maipapaliwanag na matapos ang upisyal na dibisyon ng kaharian, napakarami sa luma at

malalaking *mark* ay lumilitaw muli bilang *shire*. Pero kahit sa kodigong kilala bilang *Kaiserrecht*, ang "Batas ng Emperador" ng ikalabintatlo o ikalabing-apat na siglo, sa pangkalahatan, ang isang *mark* ay binubuo ng anim hanggang labindalawang baryo.

Sa panahon ni Caesar, malaking bahagi kahit ng mga Germans man lamang, ang mga Suevi na hindi pa nakakatamo ng pirming setelment, ang naglilinang ng kanilang mga bukirin nang sama-sama. Mula sa paghahambing sa ibang mga mamamayan, maaaring ituring na ito ay isinagawa sa paraang sama-samang nililinang ng indibidwal na *gentes*, na kinabibilangan ng ilang malalapit na magkakamag-anak, ang lupang nakalaan para sa kanila, na binabago taun-taon, at hinahati ang mga produkto sa mga pamilya. Pero pagkatapos manirahan sa kanilang bagong kalupaan ang mga Suevi sa simula humigit-kumulang ng ating kapanahunan, di nagtagal ay huminto na ito. Anu't anuman, nagbabanggit lamang si Tacitus (150 taon pagkatapos ni Caesar), ng paglilinang ng kalupaan ng indibidwal na mga pamilya. Pero ang lupang sasakahin ay kanila lamang sa loob ng isang taon. Taun-taon, muli itong hinahati at ipinamamamahagi.

Kung paano ito ginagawa, kailangan pang tingnan sa kasalukuyan sa Moselle at sa Hochwald, sa tinaguriang "*Gehöferschaften*". Doon, ang buong kalupaan na tinatamnan, mga sakahan at pastulan, ay muling pinagsasama-sama tuwing ikatlo, ikaanim, ikasiyam o dalawampung taon, at hindi taun-taon, at binabahagi sa ilang "*Gewanne*", o mga purok, ayon sa sitwasyon at kalidad ng kalupaan. Bawat *Gewann* ay muling hinahati sa pantay na mga bahagi, sa mahaba at makikitid na piraso, sa mga myembro ng asosasyon. Ibinabahagi ito nang palabunutan sa hanay ng mga myembro sa paraang bawat myembro ay tatanggap ng pantay na bahagi sa bawat *Gewann*. Sa kasalukuyan, ang bahagi ay naging di pantay dahil sa paghahati-hati sa hanay ng mga tagapagmana, pagbebenta, atbp.; pero ang dating ganap na bahagi pa rin ang nagtatakda ng yunit na pinagbabatayan ng kalahati, o sangkapat, o sangkawalong bahagi. Ang di sinasakang lupa, gubat at pastulan ay nananatiling pag-aaring komun para sa paggamit na komun.

Umiral ang ganitong primitibong kaayusan hanggang sa simula ng siglong ito sa diumano'y pagtatalaga sa pamamagitan ng palabunutan (*Loosgüter*) ng *palatinate* ng Rhein sa Bavaria, na ang lupang sakahan ay naitransporma na bilang pribadong pag-aari ng mga indibidwal. Nakita rin ng *Gehöferschaften* na mas nasa kanilang interes na maging lipas na ang pana-panahong muling paghahati-hati, at itransporma ang nagbabagong pag-aari bilang pribadong pag-aari. Sa gayon, halos lahat sa kanila, kung hindi man lahat, ay naglaho sa kararaang apatnapung taon at nagbigay daan sa mga baryo na may nagmamay-aring mga magsasaka na gumagamit sa kagubatan at pastulan nang sama-sama.

Ang unang piraso ng lupa na naging pribadong pag-aari ng mga indibidwal ay ang lupang kinatitirikan ng bahay. Ang pagkadi-malalabag ng bahay, ang batayang iyon ng lahat ng personal na kalayaan, ay inilipat mula sa karaban ng nomadikong tren sa bahay na kahoy ng pirming magsasaka, at di naglaon ay natransporma bilang ganap na karapatan ng pag-aari sa homestead. Naganap na ito humigit-kumulang sa panahon ni Tacitus. Kahit na sa panahong iyon, malamang na ipinuwera sa *mark* ang malayang homestead na German, at sa gayon, di mapapasakamay ng mga upisyal nito, isang ligtas na masusulingan ng mga pugante, gaya ng makikita nating inilalarawan sa mga alituntunin ng mga *mark* ng susunod na mga panahon, at hanggang sa isang antas, maging sa "*leges Barbarorum*" (mga batas ng mga Barbaro), ang pagsusulat sa tradisyunal na batas ng tribu na German, na isinulat mula noong ikalima hanggang ikawalong siglo. Ito'y dahil ang pagkasagrado ng tahanan ay hindi epekto kundi sanhi ng transpormasyon nito bilang pribadong pag-aari.

Ayon sa mga aklat sa batas ring iyon, apat o limang daang taon pagkatapos ni Tacitus, ang lupang sinasaka ay ang minamanang propyedad, bagamat hindi absolutong malayang pag-aaring propyedad ng indibidwal na mga magsasaka, na may karapatang ibenta ito o isalin sa iba sa anumang paraan ng pagpapasa. Dalawa ang sanhi ng transpormasyong ito, ayon sa abot ng ating kayang tuntunin.

Una, mula sa simula, bukod sa mahigpit na magkakaugnay na baryong nailarawan na at may ganap na na pag-aaring komun ng lupa, mayroon sa Germany na ibang mga baryo kung saan hindi rin kabahagi ng *mark* na propyedad ng komunidad ang mga sakahan bukod pa sa *homestead* o kinatitirikan ng mga bahay, at ang mga ito'y ibinabahagi sa indibidwal na mga magsasaka bilang kanilang minanang propyedad. Pero ganito lamang kung ipinupwersa ang gayon ng katangian ng lugar, wika nga: sa makikitid na lambak, at sa makikitid at patag na tagaytay sa pagitan ng mga latian, gaya ng sa Westphalia; at pagkatapos nito, sa Odenwald, at sa halos lahat ng lambak sa Alps. Sa mga lugar na ito, ang mga baryo ay binubuo, gaya ngayon, ng hiwa-hiwalay at indibidwal na mga bahay na bawat isa'y pinalilibutan ng sariling bukirin. Hindi maaari ang pana-panahong redibisyon ng lupang sakahan sa mga kasong ito, kung kaya't ang nalalabi na lamang na nakapaloob sa *mark* ay ang nakapalibot na kalupaang di masasaka. Sa paglipas ng panahon, nang naging mahalagang konsiderasyon ang karapatang isalin ang homestead sa ibang tao, ang may malayang pag-aari sa kanilang mga bukirin ay nasa pusisyong may bentahe. Maaaring naitulak ng paghahangad na matamo ang mga bentaheng ito sa maraming mga baryo na may pag-aaring komun sa lupa ang pagpapahintulot na pumanaw ang tradisyunal na pamamaraan ng paghahati, at ang transpormasyon ng indibidwal na mga parte ng mga myembro tungo sa minamana at maibebentang propyedad na malayang inaari.

Gayunman, pangalawa, dahil sa pananakop, nakatungo ang mga German sa teritoryong Romano kung saan ang lupa ay pribadong pag-aari sa loob ng maraming siglo (ang walang hanggahang propyedad ng batas Romano), at kung saan talagang hindi ganap na mapapawi ng maliit na bilang ng mga mananakop ang isang anyo ng pag-aari na napakalalim ng pagkakaugat. Ang koneksyon ng minamanang pribadong pag-aari sa mga bukirin at pastulan sa batas Romano, anu't anuman, sa teritoryo na dati'y Romano, ay sinusuhayan ng katotohanan na ang mga labi ng pag-aaring komun sa lupang sakahan na nakaabot sa ating panahon ay matatagpuan sa kaliwang pampang ng *Rhine*—ibig sabihin, sa teritoryong nasakop, sa teritoryong *ganap na ginawang German*. Nang manirahan doon ang mga Frank noong ikalimang siglo, tiyak na umiiral pa sa kanila ang pag-aaring komun sa mga bukirin, dahil kung hindi, hindi natin matatagpuan doon ang *Gehöferschaften* at *Loosgüter*. Pero maski dito, di nagtagal, nangibabaw rin ang pribadong pagmamay-ari, dahil ang ganitong anyo lamang ng pag-aari ang makikita nating nabanggit sa batas Riparian ng ikaanim na siglo kung lupang masasaka ang pag-uusapan. At sa interyor ng Germany, gaya ng nabanggit ko, ang lupang sinasaka di naglaon ay naging pribadong pag-aari rin.

Pero kung ginamit man ng mga mananakop na German ang pribadong pag-aari sa bukirin at kaparangan—ibig sabihin, sumang-ayon sa unang dibisyon ng lupa, at di naglaon pagkatapos nito, sa anumang muling paghahati (dahil ito'y wala namang iba kundi ito), kanila namang pinasisimulan, sa kabilang banda, sa lahat ng lugar ang kanilang German na sistemang *mark*, na may pag-aaring komun sa kagubatan at pastulan, kasama ng pangangasiwa ng *mark* kaugnay ng pinartisyong lupain. Nangyari ito hindi lamang sa mga Frank sa hilaga ng France at sa mga Anglo-Saxon sa England, kundi pati sa mga Burgundian sa Silangang France, sa mga Visigoth sa timog ng France at Spain, at sa mga Ostrogoth at Langobardian sa Italy. Gayunman, sa huling nabanggit na mga bayan, sa abot ng kayang alamin, tumagal hanggang sa kasalukuyan ang mga palatandaan ng gubyernong *mark* halos eksklusibong sa mas mabubundok na mga rehiyon lamang.

Ang anyong kinahugisan ng gubyernong *mark* matapos na hindi na gamitin ang pana-panahong partisyon ng lupang sakahan ay ang anyong nakikita natin, hindi lamang sa lumang popular na mga batas ng ikalima, ikaanim, ikapito at ikawalong siglo, kundi maging sa mga aklat sa batas ng England at Scandinavia ng Kapanahunang Midyebal, sa maraming mga alituntunin ng German na *mark* (ang tinatawag na *Weisthümer*) mula sa ikalabinlima hanggang sa ikalabimpitong siglo at sa tradisyunal na mga batas (*coûtumes*) ng Hilagang France.

Habang sa ilang panahon, binibitiwan ng asosasyon ng *mark* ang karapatang muling ipartisyon ang mga bukid at parang sa hanay ng indibidwal na mga myembro nito, hindi nito binitiwan ang isa man sa ibang mga karapatan nito sa mga kalupaang ito. At ang mga karapatang ito ay napakahalaga. Ipinamahagi lamang ng asosasyon ang bukirin sa mga indibidwal sa layuning gagamitin ang mga ito bilang lupang lilinangin at pagpapastulan, at sa layuning iyon lamang. Lampas dito, wala nang karapatan ang indibidwal na may-ari. Kung gayon, ang kayamanang matatagpuan sa lupa, kung mas malalim ito kaysa kayod ng araro, sa simula'y hindi sa kanya kundi sa komunidad. Ganoon din sa paghuhukay para sa mga hilaw na mineral at katulad nito. Sa kalaunan, ang lahat ng karapatang ito'y ninakaw ng mga prinsipe at panginoong maylupa para sa sarili nilang gamit.

Gayunman, dagdag pa'y ang paggamit sa mga lupang tinatamnan at pinagpapastulan ay nasa pangangasiwa at direksyon ng komunidad at ito'y nasa sumusunod na anyo. Saanman umiiral ang pagsasakang tatlong bukid—at ganoon sa halos lahat ng lugar—nahahati ang buong sakahan ng baryo sa tatlong pantay na bahagi, na bawat isa'y taunang halinhinang tinatamnan ng binhing taglamig, ang pangalawa'y tinatamnan ng binhing tag-init, at ang pangatlo'y nagpapahinga. Sa gayon, sa bawat taon, ang baryo ay may sakahang taglamig, sakahang tag-init, at sakahang nagpapahinga. Sa hatian ng lupain, tinitiyak na ang bahagdan ng bawat isang myembro'y binubuo ng pantay na parte mula sa bawat isa sa tatlong bukid, kung kaya't lahat ay makakaangkop sa mga alituntunin ng komunidad nang walang hirap, kung saan dapat siyang maghasik ng binhing taglamig sa kanyang sakahang taglamig, atbp.

Ang sakahang nakatokang magpahinga ay pansamantalang nagbabalik sa pag-aaring komun, at nagsisilbi bilang pastulan para sa buong komunidad. At pagkatapos na pagkatapos makaani sa dalawa pang sakahan, ang mga ito ay nagbabalik muli sa pag-aaring komun hanggang sa panahon ng pagtatanim, at ginagamit bilang pastulang komun. Ganoon din ang nangyayari sa kaparangan matapos tumubo ang pinaggapasan. Dapat alisin ng mga may-ari ang mga bakod sa lahat ng bukirin na pinagpapastulan na. Mangyari pa, dahil sa sapilitang pastulang ito, hindi dapat nasa indibidwal ang panahon ng pagtatanim at pag-aani, kundi dapat itakda ng komunidad o ng kaugalian para sa lahat.

Ang lahat ng ibang lupa, ibig sabihin, ang lahat ng hindi kinatitirikan ng bahay at bakuran, o ang kabuuan ng *mark* na ipinamahagi sa mga indibidwal ay nananatili bilang pag-aaring komun para sa gamit ng lahat katulad ng sinaunang panahon—ang kagubatan, pastulan, bakawan, latian, mga ilog, lawa, lansangan at tulay. Katulad ng pantay ang laki ng bahagi ng bawat myembro sa *mark*, ganoon din ang kanyang parte sa gamit ng "*mark* na para sa lahat". Ang katangian ng paggamit na ito ay pinagpapasyahan

ng mga myembro ng buong komunidad. Pinagpapasyahan din ng lahat ang moda sa paghahati, kung hindi na makasasapat ang lupang sinasaka, at ang bahagi ng *mark* na para sa lahat ay lilinangin. Ang pangunahing gamit ng *mark* na para sa lahat ay nasa pastulan para sa baka at pagpapakain ng bunga sa mga baboy. Bukod dito, napagkukunan ng kahoy at panggatong, dayami para sa mga hayop, mga beri at kabute, habang ang mga latian kung saan mayroon ay napagkukunan ng damo. Ang mga alituntunin sa pagpapastol, sa paggamit ng kahoy, atbp., ang bumubuo sa kalakhan ng maraming mga tala ng maraming *mark* na naisulat sa iba't ibang panahon sa pagitan ng ikalabintatlo at ikalabingwalong siglo, sa panahong sinisimulan nang kwestyunin ang lumang di nakasulat na mga batas ng kostumbre. Ang kagubatang komun na natatagpuan pa sa iba't ibang lugar ay mga labi ng sinaunang di nahahating mga *mark* na ito. Isa pang labi, anu't anuman sa Kanluran at Timog Germany, ay ang ideya na nakabaon nang malalim sa kaisipan ng marami na dapat pag-aari ng lahat ang kagubatan, kung saan maaaring makakapamitas ng bulaklak, beri, kabute, *beechnut* at iba pang tulad nito, at hanggat hindi sila namumwerwisyo sa pangkalahatan, gawin ang anumang gusto niyang gawin. Pero maski ito'y nilulunasan ni Bismarck at ibinababa ang mga probinsya sa Kanluran sa antas ng lumang pamamanginoong maylupang Prussian sa pamamagitan ng kanyang bantog na lehislasyon sa beri.

Gaya noong sa una'y may pantay na bahagi ang mga myembro ng komunidad sa lupa at may pantay na karapatan sa paggamit nito, mayroon din silang pantay na bahagi sa lehislasyon, administrasyon at awtoridad sa loob ng *mark*. Regular, at kung kinakailanga'y mas madalas silang nagpupulong sa bukid para talakayin ang mga usapin ng *mark* at maghusga sa mga paglabag sa mga alituntunin at di pagkakaunawaan kaugnay ng *mark*. Ito ang primitibong asambleya ng mamamayang German, na noong una'y walang iba kundi ang malaking asambleya ng *mark*, lamang ay sa maliit na saklaw. Lumilikha ng mga batas, pero madalang lamang at kung kinakailangan. Pinipili ang mga upisyal, sinusuri ang kanilang kondukta sa panunungkulan, pero mga tungkuling hudisyal pangunahin ang ginagampanan. Kailangang lamang balangkasin ng pangulo ang mga usapin. Ang husga ay pinagpapasyahan ng kabuuan ng mga myembrong dumalo.

Ang di nakasulat na batas ng *mark* ay ang tanging batas publiko niyong mga tribung German na sa primitibong panahon ay walang mga hari; madaling nakaangkop ang lumang nobilidad ng tribu na naglaho sa panahon ng pananakop ng imperyong Romano, o di nagtagal matapos nito, sa primitibong konstitusyong ito, kasindali ng pag-angkop ng lahat ng ibang ispontayong usbong ng panahong iyon, tulad ng pag-angkop ng pang-angkang nobilidad na Celtic sa Irish na pag-aari ng lahat sa lupa. At napakalalim ng baon ng di nakasulat na batas na ito sa buong buhay ng mga German kung kaya't nakakatagpo tayo ng mga bakas nito sa lahat ng hakbang at liko ng istorikong pag-unlad ng ating sambayanan. Sa primitibong panahon, ang buong awtoridad na publiko ay hudisyal

lamang, at nakasalalay sa popular na asambleya ng *sandaan*, ng *shire* o ng buong tribu. Pero ang popular na hukumang ito ang siyang tanging popular na hukuman ng *mark* na nakaangkop sa mga kaso na hindi purong pumapatungkol sa *mark*, pero pumapaloob sa saklaw ng pampublikong awtoridad. Kahit na nang sinimulang gawin ng mga haring Frankish ang naggugubyerno sa sariling mga *shire* bilang mga probinsyang pinamamahalaan ng mga delegado ng hari, at sa gayo'y ihiniwalay ang mga hukuman ng *shire* sa ilalim ng hari mula sa mga hukumang komun ng *mark*, sa dalawang ito'y nananatili ang tungkuling hudisyal sa mamamayan. Nang matagal nang humina ang lumang kalayaang demokratiko, at nang ang pagdalo sa mga asambleyang publiko at hukuman ay naging lubhang mabigat para sa naghihirap na malalayang mamamayan, noon na lamang napasimulan ni Charlemagne sa kanyang mga hukumang *shire* ang paghuhusga ng *Schöffen*, mga karaniwang *assessor* na hinirang ng huwes ng hari, kapalit ng paghuhusga ng buong popular na asambleya.* Gayunman, hindi nito seryosong nasaling ang mga hukuman ng asambleya. Kabaligtad nito, nanatili ang mga ito bilang modelo kahit na ng mga hukumang pyudal ng Kapanahunang Midyebal. Sa mga ito, binabalangkas lamang ng pyudal na panginoon ang mga usapin, habang ang mga basalyo

---

*Huwag itong ipagkamali sa mga hukumang *Schöffen* na ala-Bismarck at ala-Leonhardt, kung saan ang mga abogado at mga karaniwang *assessor* ang sama-samang naghuhusga at naghahatol. Sa lumang mga hukumang hudisyal, walang mga abogado, walang boto ang huwes, at ang mga *Schöffen* o mga karaniwang *assessor* ang independyenteng naghahatol.

---

ang nagpapasya sa hatol. Ang mga institusyong naghahari sa isang baryo sa Kapanahunang Midyebal ay ang mga institusyon ng isang nagsasariling *mark* ng baryo, at naging mga institusyon ng kabayanan nang ang baryo ay naging kabayanan, ibig sabihin, nang patatagin ng mga pader at trentsera. Lahat ng sumunod na konstitusyon ng mga lunsod ay umusbong mula sa orihinal na mga regulasyon ng mga kabayanan. At panghuli, kinopya mula sa asambleya ng *mark* ang kaayusan ng di mabilang na malalayang asosasyon ng kapanahunang midyebal na hindi nakabatay sa pag-aari ng lahat sa lupa, laluna noong sa malalayang gremyo. Itrinato ang mga karapatang iginawad sa gremyo para sa eksklusibong pagsasagawa ng isang partikular na hanapbuhay nang parang mga karapatan ito sa isang komun na *mark*. Nang may ganoon ding paghihigpit, kadalasa'y sa pamamagitan ng mismong mga pamamaraan sa mga gremyo kapareho ng sa mga *mark*, pinag-iingatan na pantay ang bahagi ng bawat myembro sa mga benepisyong panlahat, at pantay dapat ang mga bentahe, o kaya'y pinakapantay na posible.

Ipinakikita ng lahat ng ito na taglay ng organisasyon ng *mark* ang halos kamangha-manghang kakayahang umangkop sa pinakakakaibang mga bahagi ng buhay publiko at sa pinasamu't saring mga layunin. Ganito rin ang mga katangiang ipinamalas nito sa panahon ng progresibong pag-unlad ng agrikultura at sa pakikibaka ng mga magsasaka sa pagsulong ng malalaking propyedad sa lupa. Lumitaw ito sa setelment ng mga German sa Germania Magna, ibig sabihin, sa panahon nang ang pag-aalaga ng baka ang pangunahing pamamaraan ng pamumuhay, at nang ang panimula at halos limot nang agrikulturang dinala nila mula sa Asya ay kakagamit lamang muli. Nakapanatili ito sa harap ng mabangis at walang humpay na pakikipagsagupa sa nobilidad na maylupa sa buong panahon ng Kapanahunang Midyebal. Pero gayon na lamang ang pangangailangan para dito kung kaya't saan man kinamkam ng nobilidad ang lupa ng mga magsasaka, ang mga baryo na tinutuluyan ng mga magsasakang naging mga timawa, o sa kainaman ay mga *coloni* o dependyenteng mga kasamá ay naoorganisa pa rin ayon sa lumang *mark*, sa kabila ng patuloy na dumaraming panghihimasok ng mga panginoong maylupa. Maya-maya, magbibigay tayo ng halimbawa nito. Umangkop ito sa pinakamagkakaibang mga anyo ng pagmamay-ari ng mga sakahan, hanggat isang di sinasakang lupang komun lamang ang natitira, at sa ganoon ring paraan, umangkop ito sa pinakamagkakaibang mga karapatan sa pag-aari sa komun na *mark*, sa sandaling hindi na ito malayang pag-aari ng komunidad. Naglaho ito nang kamkamin ng nobilidad at kaparian ang halos kabuuan ng kalupaan ng mga magsasaka, kapwa pribado at komun, sa kusang pagtulong ng mga prinsipe. Pero naging lipas sa ekonomya at walang kakayahang manatili bilang nangingibabaw na organisasyong panlipunan ng agrikultura noon lamang naging syensya ang agrikultura dahil sa malalaking pagsulong sa pagsasaka ng nakaraang sandaang taon, at nagtungo sa ganap na bagong mga sistema sa pagsasaka.

Humina ang organisasyon ng *mark* di nagtagal matapos ang pananakop ng imperyong Romano. Bilang mga kinatawan ng bansa, inangkin ng mga haring Frankish ang napakalawak na teritoryo na pag-aari ng mamamayan sa kabuuan, laluna ang mga kagubatan, upang lustayin ang mga ito bilang mga regalo sa kanilang mga alalay, sa kanilang mga heneral, sa mga obispo at abad. Sa gayon, inlatag ng mga ito ang pundasyon ng malalaking lupain, sa kalaunan, ng nobilidad at ng Simbahan. Matagal pa bago ng panahon ni Charlemagne, pag-aari ng Simbahan ang ganap na sangkatlo ng lahat ng kalupaan sa France, at tiyak na ang bahagdang ito ay nanatili sa kalahatan para sa kabuuan ng Kanluraning Europang Katoliko sa Kapanahunang Midyebal.

Bumagsak ang malaking bilang ng mga magsasaka dahil sa walang tigil na mga digmaan, panloob at panlabas, na ang regular na ibinubunga ay ang kumpiskasyon ng kalupaan, kung kaya't kahit sa panahon ng dinastiyang Merovingian, napakaraming malalayang mamamayan na walang lupa. Winasak ng walang humpay na pakikidigma ni

Charlemagne ang pangunahing inaasahan ng malayang mga magsasaka. Noon una, bawat malayang nagmamay-ari ay kailangang magbigay ng serbisyo, at hindi lamang kailangang sangkapan ang sarili, kundi kailangan ring buhayin ang sarili habang nakikidigma sa loob ng anim na buwan. Hindi kataka-taka kung gayon na kahit sa panahon ni Charlemagne, halos isa lamang sa lima ang aktwal na nagseserbisyo. Sa napakagulong paghahari ng mga sumunod sa kanya, lalong mabilis na naglaho ang kalayaan ng mga magsasaka. Sa isang banda, itinulak ng pananalasa ng mga pananalakay ng *Northmen*, ng walang tigil na digmaan sa pagitan ng mga hari at ng labanan sa hanay ng nobilidad ang sunud-sunod na malalayang magsasaka na pumailalim sa proteksyon ng alinmang panginoon. Sa kabilang banda, pinabilis ng kasakiman ng mga panginoon ring ito at ng Simbahan ang prosesong ito; sa pamamagitan ng panloloko, mga pangako, pagbabanta, karahasan, ipinailalim nila sa sarili ang paparaming bilang ng mga magsasaka at kalupaan ng mga magsasaka. Sa dalawang kasong ito, ipinaloob ang lupa ng magsasaka sa kalupaan ng panginoon, at sa kainaman, ibinabalik lamang sa paggamit ng magsasaka kapalit ng tributo at serbisyo. Sa gayon, ang magsasaka, mula sa malayang nagmamay-ari ng lupa ay naging dependensya na nagbabayad ng tributo at nagbibigay ng serbisyo, naging isang timawa. Ganito ang nangyari sa kanluraning kahariang Frankish, laluna sa kanluran ng Rhine. Sa kabilang banda, sa silangan ng Rhine, pag-aari pa ng malaking bilang ng malalayang magsasaka ang sariling lupa na kalakha'y kalat-kalat, at paminsan-minsa'y nabubuklod sa mga baryong ganap na binubuo ng malalayang mamamayan. Gayunman, kahit na rito, noong ikasampu, ikalabing-isa at ikalabindalawang siglo, ang labis na malakas na kapangyarihan ng nobilidad at ng Simbahan ay walang tigil na nagtutulak sa dumaraming bilang ng mga magsasaka sa pagkatimawa.

Kapag napanghawakan ng isang malaking maylupa—kleriko man o laiko—ang lupa ng isang magsasaka, natatamo rin niya kasama at kasabay nito ang mga karapatan sa *mark* na kaakibat ng lupang iyon. Kung gayon, ang bagong mga panginoong maylupa ay myembro ng *mark*, at sa loob ng *mark*, sa simula, itinuturing lamang sila nang kapantay sa iba pang mga myembro nito, maging malaya man o mga timawa, kahit na ang mga ito'y nakatali sa kanilang lupa. Subalit di naglaon, sa kabila ng mapilit na paglaban ng mga magsasaka, natamo ng mga panginoon sa maraming lugar ang espesyal na mga pribilehiyo sa loob ng *mark*, at madalas ay napapailalim nila ang kabuuang *mark* sa kanilang paghahari bilang mga panginoong maylupa. Gayunpaman, nagpatuloy ang lumang organisasyon ng *mark*, kahit na ito ngayo'y pinangunguluhan at pinanghihimasukan ng panginoong maylupa.

Kung gaano kalubos na kinakailangan ng agrikultura, kahit na sa malalaking lupain, sa panahong iyon ang konstitusyon ng *mark* ay tampok na tampok na ipinakikita ng kolonisasyon ng Brandenburg at Silesia ng mga setler na Frisian at Saxon, at ng mga setler mula sa Netherlands at mga pampang ng Rhine na Frankish. Mula sa

ikalabindalawang siglo, naninirahan ang mamamayan sa mga baryo sa kalupaan ng mga panginoon ayon sa batas German, ibig sabihin, ayon sa lumang batas ng *mark*, hanggang sa antas na kinikilala pa rin ito sa mga kalupaang pag-aari ng mga panginoon. Bawat lalaki'y may bahay at homestead; may bahagi sa bukirin ng baryo na pinagpapasyahan ayon sa lumang pamamaraang palabunutan, at may pantay na sukat para sa lahat; at may karapatang gamitin ang kagubatan at pastulan, na sa pangkalahatan ay sa kagubatan ng panginoong maylupa, at mas madalang na nasa espesyal na *mark*. Minamana ang mga karapatang ito. Ang buung-buong pag-aari at dispusisyon sa kalupaan ay nagpatuloy sa panginoon na pinagkakautangan ng mga kolonista ng ilang hereditaryong tributo at serbisyo. Pero napakagaan ng mga butaw na ito kung kaya't ang kalagayan ng mga magsasaka dito ay mas mainam kaysa alinmang lugar sa Germany. Kung gayon, tahimik sila nang sumiklab ang digmang magsasaka. Mahigpit silang inalimura dahil sa pagtalikod nila sa sariling simulain.

Sa kalagitnaan ng ikalabintatlong siglo, may mapagpasyang pagbabago pabor sa mga magsasaka sa lahat ng dako. Hinawan ng mga krusada ang landas para dito. Tuwirang pinalaya ng marami sa mga panginoon, nang sila'y nagtungo sa Silangan, ang kanilang mga timawa. Ang iba nama'y napaslang o kaya'y hindi na nagbalik. Naglaho ang daan-daang pamilya ng nobilidad, at ang kanilang mga timawa'y madalas na nakatamo naman ng kalayaan. Dagdag pa, habang lumalaki ang mga pangangailangan ng mga panginoon, naging mas mahalaga ang kumand sa bayad sa partihan at serbisyo ng mga magsasaka kaysa kumand sa kanila mismo. Ibinigay sa mga panginoon ng pagkatimawa ng mas maagang Kapanahunang Midyebal, na nagtataglay pa ng maraming bakas ng sinaunang pagkaalipin, ang mga karapatan na unti-unting nawala ang saysay; unti-unting naglaho ang mga ito, at ang pusisyon ng mga timawa ay naging pusisyon na lamang ng simpleng hereditaryong mga kasamá. Dahil ang pamamaraan ng pagsasaka ay iyon pa ring sinaunang pamamaraan, matatamo lamang ang paglaki ng kita ng panginoong maylupa sa pamamagitan ng pagbubukas ng bagong kalupaan at pagtatatag ng bagong mga baryo. Pero posible lamang ito sa pamamagitan ng mapagkaibigang kasunduan sa mga kolonista, bahagi man sila ng lupain o mga estranghero. Kung gayon, sa mga dokumento ng panahong ito, natatagpuan natin ang malinaw na pagtatakda at magaan na pataw ng mga butaw ng mga magsasaka, laluna ng ispiritwal na mga panginoong maylupa. At panghuli, muling umapekto ang paborableng pusisyon ng bagong mga kolonista sa kalagayan ng kanilang mga kapitbahay, ang mga timawa, kung kaya't sa buong Hilaga ng Germany, natamo rin ng mga ito ang kanilang personal na kalayaan habang pinagpapatuloy ang kanilang mga serbisyo sa mga panginoong maylupa. Ang mga magsasakang Slav at Lithuanian lamang ang hindi lumaya. Pero hindi rin ito nagtagal.

Mabilis na lumago at mabilis na yumanan ang mga kabayanan sa ikalabing-apat at ikalabinglimang siglo. Umunlad at sumagana ang kanilang artistikong yaring-kamay at

ang kanilang maluhong pamumuhay, laluna sa Timog Germany at sa Rhine. Kinainggitan ng kumakain ng mahinang klaseng pagkain, may mahinang klaseng pananamit at may mababang klase ng mwebles na panginoon sa kanayunan ang kasaganaan ng mga *patrician* ng kabayanan. Pero saan makukuha ang lahat ng pinong gamit na ito? Ang pang-aambus sa naglalakbay na mga komersyante ay lalong nagiging mas mapanganib at di kapaki-pakinabang. Pero kailangan ang pera para bilhin ang mga ito. At ang mga magsasaka lamang ang makabibigay ng perang ito. Kung gayon, nagpataw ng panibagong pang-aapi sa mga magsasaka, mas matataas na tributo at mas maraming sapilitang paggawa; kung gayon, may panibago at laging lumalaking kasabikan na pwersahin ang mga malayang magsasaka na matali sa lupa, at ang mga nakatali sa lupa na maging timawa, at gawing lupang pag-aari ng panginoon ang lupang komun ng *mark*. Sa bagay na ito, tinulungan ang mga prinsipe at ang nobilidad ng mga huristang Romano na sa kanilang paglalapat ng hurisprudensyang Romano sa kalagayan ng Germany na kalakha'y hindi naman nila nauunawaan, ay marunong lumikha ng walang katapusang kalituhan, at iyong tipo ng kalituhan na laging nananalo ang panginoon at laging natatalo ang magsasaka. Tinulungan naman ng ispiritwal na mga panginoon ang sarili sa mas simpleng paraan. Nagpalsipika sila ng mga dokumento kung saan binabawasan ang mga karapatan ng mga magsasaka at pinararami ang kanilang mga tungkulin. Madalas mag-aklas ang mga magsasaka sa hiwa-hiwalay na paghihimagsik laban sa mga pagnanakaw na ito ng mga panginoong maylupa mula sa katapusan ng ikalabinlimang siglo, hanggang noong 1525, nag-umapaw ang dakilang Digmang Magsasaka sa Suabia, Bavaria, Franconia, at umabot hanggang Alsace, Palatinate, Rheingau at Thuringen. Nagapi ang mga magsasaka matapos ang mahigpit na labanan. Sa panahong iyon nagsisimula ang panibagong pangingibabaw ng pagkatimawa sa hanay ng mga magsasaka ng Germany sa pangkalahatan. Sa mga lugar na lumaganap ang labanan, lahat ng nalalabing karapatan ng mga magsasaka ay walang kahihiyang nilapastangan, at ang kanilang lupang komun ay ginawang propyedad ng panginoon, at sila mismo'y ginawang timawa. Tumahimik ang mga magsasaka ng Hilagang Germany dahil may mas paborableng kalagayan sila; ang kanilang tanging gantimpala ay napailalim rin sila sa ganoon ring pagkalupig, mas mabagal nga lamang. Pinasimulan ang pagkatimawa sa hanay ng uring magsasaka ng Germany mula sa kalagitnaan ng ikalabing-anim na siglo sa Silangang Prussia, Pomerania, Brandenburg, Silesia, at mula sa katapusan ng siglong iyon, sa Schleswig-Holstein, at magmula sa panahong iyon ay lalong naging pangkalahatang kalagayan ng uring ito.

Gayunman, ang bagong hakbang ng karahasang ito ay may dahilan sa ekonomya. Mula sa mga digmaang ibinunga ng Repormasyong Protestante, ang mga prinsipe ng Germany lamang ang nakatamo ng mas malaking kapangyarihan. Tapos na ngayon ang paboritong hanapbuhay ng nobilidad na pagnanakaw sa haywey. Para hindi bumagsak ang nobilidad, kailangang pumiga ng mas malaking kita mula sa kanilang pag-aaring lupa.

Pero ang tanging paraan para matamo ito ay paganahin kahit isang bahagi man lamang ng kanilang sariling kalupaan para sa sarili, batay sa modelo ng malalaking kalupaan ng mga prinsipe, at laluna ng mga monasteryo. Ang dati-rati'y eksepsyon ay naging pangangailangan na ngayon. Pero napigilan ang bagong plano sa agrikulturang ito ng kalagayang sa halos lahat ng lugar, ang lupa ay naipagkaloob na sa mga magsasakang nagbabayad ng upa sa lupa. Sa sandaling naging mga timawa ang mga magsasakang nagbabayad ng tributo, maging malaya man o *coloni*, magagawa na ng nobilidad ang kanilang gusto. Bahagi ng mga magsasaka, gaya ng tawag sa Ireland, ay pinatalsik, ibig sabihin, kung hindi man ginipit paalis ay pinabagsak sa antas ng mga *cottar*, na may kubo lamang at kapirasong bakurang taniman, habang ang kalupaang nakapaloob sa kanilang homestead ay ginawang bahagi ng saklaw ng panginoong maylupa, at sinasaka ng bagong mga *cottar* at ng mga magsasakang natitira para magbigay ng sapilitang paggawa. Sa gayon, hindi lamang naitulak paalis ang maraming magsasaka, kundi lumaki nang husto ang serbisyo sa sapilitang paggawa ng mga natitirang magsasaka, na lalong lumalaki sa paglipas ng panahon. Nahiwatig ang kapitalistikong panahon sa mga purok sa kanayunan bilang panahon ng industriyang pang-agrikultura sa malawakang saklaw na nakabatay sa sapilitang paggawa ng mga timawa.

May kabagalan noong una ang pagkakaganap ng transpormasyong ito. Pero naganap naman ang Tatlumpung Taong Digma. Sa isang buong henerasyon, sinagasaan mula sa lahat ng direksyon ang Germany ng pinakamasamang pandirigma sa kasaysayan. May panununog, pandarambong, panggagahasa at pamamaslang sa lahat ng dako. Pinakanagdusa ang magsasaka sa mga lugar kung saan, bukod sa malalaking hukbo, kumilos nang walang pakundangan at para sa sariling kapakinabangan ang mas maliliit na pangkat o mas eksakto, ang mga tulisan. Walang hanggahan ang pagkasalanta at pagkalipol ng populasyon. Nang sumapit ang kapayapaan, nakalupaypay ang Germany, gahis, gutay-gutay, nagdurugo; pero muli, ang pinakakaawa-awa, pinakamiserable sa lahat ay ang magsasaka.

Ang maylupang nobilidad na lamang ang tanging panginoon sa mga purok sa kanayunan. Binigyan siya ng largadong kilos laban sa mga magsasaka ng mga prinsipe, na sa panahong iyon mismo ay binabawasan nang husto ang kanyang mga karapatan sa pulitika sa mga asambleya ng mga Estate o uri bilang kapalit. Ang huling lakas sa pagtatanggol ng magsasaka ay naubos ng digma. Sa gayon, nagawang isaayos ng nobilidad ang lahat ng kalagayang agraryo sa paraang pinakamainam para sa pagpapanumbalik ng kanyang bumagsak na pinansya. Hindi lamang ipinaloob sa kalupaan ng panginoon ang nilikasang homestead ng mga magsasaka nang walang kaabug-abog; malawakan at sistematiko pang isinagawa ang pagpapatalsik sa mga magsasaka. Kung mas malaki ang kalupaan ng panginoong maylupa, mangyari pa'y mas malaki ang hinihinging sapilitang paggawa mula sa mga magsasaka. Muling pinasimulan

ang sistema ng "walang hanggahang sapilitang paggawa"; naaatasan ng maharlikang panginoon ang magsasaka, ang kanyang pamilya, ang kanyang mga baka na magtrabaho para sa kanya gaanuman kadalas at katagal niyang naisin. Saklaw na ng pagkatimawa ang lahat; kasindalang ng puting kalabaw ang malayang magsasaka. At upang mailagay sa pusisyon ang maharlikang panginoon para sugpuin sa usbong ang pinakamunting pagtatanggol ng mga magsasaka, tinanggap niya mula sa mga prinsipe ng bayan ang karapatan ng patrimonyal na hurisdiksyon, ibig sabihin, siya ang hinirang na huwes sa lahat ng kaso ng kasalanan at tunggalian sa hanay ng mga magsasaka, kahit na ang hinaing ng magsasaka ay laban sa kanya, ang mismong panginoon, kung kaya't ang panginoon ang huwes sa sariling sakdal laban sa kanya! Mula sa panahong iyon, ang pamalo at ang latigo ang naghari sa mga purok agrikultural. Narating ng magsasakang German, tulad ng kabuuan ng Germany, ang kanyang pinakaabang katayuan. Tulad ng kabuuan ng Germany, walang-walang lakas ang magsasaka para tulungan ang sarili, at ang kaligtasan ay maaari lamang magmula sa labas.

At dumating naman ito. Dumatal din para sa Germany at para sa magsasakang German ang bukangliwayway ng bagong araw sa Rebolusyong Pranses. Sa sandaling nasakop ng mga hukbo ng rebolusyon ang kaliwang pampang ng Rhine, naglaho ang lahat ng lumang basura nang parang bula sa wasiwas ng baton ng diwata—ang sapilitang paggawa, ang lahat ng tipo ng upa sa lupa sa panginoong maylupa, kasama ng panginoong mismo. Ang magsasaka ng kaliwang pampang ng Rhine ay siya nang panginoon ng kanyang sariling lupa; dagdag pa, tumanggap siya ng isang kodigo ng mga batas na angkop sa kanyang bagong kalagayan sa Kodigo Sibil na binalangkas sa panahon ng rebolusyon at pinalabo at ginulo lamang ni Napoleon, na hindi lamang kaya niyang maunawaan, kundi maluwag na madadala-dala sa kanyang bulsa.

Pero kailangang maghintay pa nang matagal ang magsasaka sa kanang pampang ng Rhine. Totoong sa Prussia, matapos ang karapat-dapat na pagkatalo sa Jena, pinawi ang ilan sa pinakakahiya-hiyang pribilehiyo ng nobilidad, at ang sinasabing katubusan ng mga pasanin ng mga magsasaka na nalalabi pa ay naging posible sa batas. Gayunman, sa mahabang panahon at sa malaking bahagi'y sa papel lamang ito. Mas kaunti pa ang nagawa sa ibang mga estado sa Germany. Kinailangan ang ikalawang Rebolusyong Pranses, ang rebolusyon ng 1830, para maidulot ang "katubusan" sa Baden at ilan sa iba pang maliliit na estado na karatig ng France. At sa sandali na sa wakas ay nahatak ng ikatlong Rebolusyong Pranses ang Germany kasabay nito, hinding-hindi nalubos ang katubusan sa Prussia, at ni hindi nakapagsimula sa Bavaria. Matapos nito, mas mabilis at walang sagka itong nakapagpatuloy; nawalang saysay ang sapilitang paggawa ng mga magsasaka, na sa panahong ito'y naghihimagsik na para sa sariling kapakinabangan.

Ano naman ang bumubuo ng katubusang ito? Ganito, magmula noon, dapat kilalanin ng maharlikang panginoon, matapos tumanggap ng kabayaran o ng isang piraso ng lupa mula sa magsasaka, ang lupa ng magsasaka, gaanuman kalaki o kaliit ang matira sa kanya, bilang pag-aari ng magsasaka na walang anumang pabigat, kahit na ang lahat ng lupa na sa alinmang panaho'y naging pag-aari ng maharlikang panginoon ay dili't iba kundi lupang kinamkam lamang mula sa mga magsasaka. At hindi lang ganito. Sa mga kaayusang ito, mangyari pa, ang mga upisyal ng gubyerno na may tungkuling ipatupad ang mga kaayusang ito ay pumapanig sa mga panginoon, kanilang kasa-kasama sa buhay at kasiyahan, kung kaya't muli na namang dinadaya kaliwa't kanan ang mga magsasaka, kahit na taliwas sa mismong titik ng batas.

At sa gayon, salamat sa tatlong rebolusyong Pranses, at sa rebolusyong German na umusbong mula sa mga iyon, mayroon muling malayang uring magsasaka. Pero napakababa naman ang pusisyon ng ating malayang magsasaka sa kasalukuyan kung ihahambing sa malayang myembro ng *mark* ng sinaunang panahon! Sa pangkalahatan, mas maliit ang kanyang homestead, at ang di pinapartisyong *mark* ay ang maliliit at mahihinang bahagi na lamang ng kagubatan. Kung hindi naman magagamit ang *mark*, hindi nakapag-aalaga ng baka ang maliit na magsasaka; kung walang baka, walang pataba; kung walang pataba, walang agrikultura. Ang mga kolektor ng buwis na kilalang-kilala ngayon ng magsasaka sa ngayon ay hindi kilala ng dating mga myembro ng *mark*. Gayundin ang pinagpeprendahan, kung kaninong mga kuko sunud-sunod na nahuhulog ang mga lupa ng mga magsasaka. At ang pinakamasahol sa lahat, ang modernong malalayang magsasaka na napakakitid ng propyedad at binawian ng lahat ng lakas ay nalikha sa Germany kung saan huling nangyayari ang lahat, sa panahong palipas na nang palipas na paraan ng produksyon, at nawawalan na nang nawawalan ng kakayahang makalikha ng kabuhayan, ang pagsasaka sa maliitang saklaw, dahil sa syentipikong agrikultura at bagong imbentong makinaryang pang-agrikultura. Gaya ng paghalili ng pagsusulid at paghahabi sa pamamagitan ng makinarya sa *spinning-wheel* at *handloom*, dapat halinhan din ng bagong mga pamamaraan ng produksyong pang-agrikultura ang pagsasaka ng maliliit na piraso ng lupa sa pamamagitan ng pagsasaka ng kalupaan sa malawakang saklaw, sa kondisyong mayroong panahon kinakailangan para dito.

Ito'y dahil nanganganib na ang kabuuan ng agrikultura ng Europa, sa kasalukuyang pamamaraan na isinasagawa ito, sa napakalakas na karibal na walang iba kundi ang produksyon ng mais sa napakalawak na saklaw ng Amerika. Walang laban sa kalupaang ito na mataba at pinayaman ng kalikasan sa napakatagal na panahon at makukuha sa pamamagitan lamang ng napakaliit na halaga ang ating maliliit na magsasaka na baon na baon sa utang, o kaya'y ang ating malalaking maylupa, na ganoon din kabaon sa utang. Natatalo ng kumpetisyong Amerikano ang buong sistemang pang-agrikultura ng

Europa. Maaari lamang ang agrikultura, kung Europa ang pag-uusapan, kung isasagawa sa pamamaraang sosyalisado at para sa bentahe ng lipunan sa kabuuan.

Ito ang hinaharap para sa ating mga magsasaka. At ang kabuluhan ng pagpapanumbalik ng isang malayang uring magsasaka, kahit na salat at pigil, ay ito—inilagay nito ang magsasaka sa isang pusisyon na tulungan ang sarili, sa tulong ng kanyang natural na kasama, ang manggagawa, sa sandaling maunawaan niya *kung paano*.